

# Liabona



**Siyam na Paraan  
para Mapatatag ang  
Inyong Pamilya, p. 26**

**Panalangin na may Layunin:  
Hindi ang Kalooban Ko  
Kundi ang Kanya, p. 38, 48**

**Pag-iwas na Manood ng  
Masamang Pelikula, p. 60**

**Kinakabahan Ako na  
Magpabinyag, p. 66**



*“Malaki ang posibilidad na lumigaya ang tao sa pag-aasawa kaysa sa iba pang pakikipag-ugnayan ng tao.”*

Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Pangangalaga sa Kasal,” *Liahona*, Mayo 2006, 36.



**MGA MENSAHE**

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Paglakad nang Paikut-ikot**  
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 7 Mensahe sa Visiting Teaching: Kagalakan sa Family History**


**TAMPOK NA MGA ARTIKULO**

- 14 Ang mga Nawawalay Kanyang Hinahanap Din**  
Ni Pangulong James E. Faust  
*Isang mensahe ng pag-asa sa mga magulang na may suwail na mga anak.*
- 22 Pagpapatatag ng Pamilya at ng Simbahan sa pamamagitan ng Priesthood**  
Richard M. Romney  
*Pinagpapala ng mga mensahe mula sa pinakahuling pandaig-digang pulong sa pagsasanay sa pamumuno ang mga indibiduwal, pamilya, ward, at stake.*
- 26 Siyam na Alituntunin para sa Isang Maayos na Pagsasamahan ng Mag-asawa at Pamilya**  
Ni Jennifer Grace Jones  
*Paano umaangkop sa inyong pamilya ang mga alituntuning mula sa pagpapahayag sa mag-anak?*

**MGA BAHAGI**

- 8 Nangungusap Tayo Tungkol kay Cristo: "Hindi Kita Malilimutan"**  
Ni Becky Squire
- 10 Mga Klasikong Ebanghelyo: Sambahin ang Tunay at Buhay na Diyos**  
Ni Pangulong Spencer W. Kimball
- 13 Paglilingkod sa Simbahan: Paglilingkod sa mga Taong may Kapansanan**  
Ni Becky Young Fawcett
- 34 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 74 Mga Balita sa Simbahan**
- 80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pananampalataya ng mga Taga-isla**  
Ni Joshua J. Perkey

**SA PABALAT**  
Harap: Paglalarawan ni David Stoker.  
Likod: Paglalarawan ni David Stoker.  
Loob ng pabalat sa harap: Larawang kuha ni Justin John Soderquist.



38

### 38 Nagsalita Sila sa Atin: Gawing Mas Taimtim ang Inyong Personal na Panalangin

Ni Elder Kevin W. Pearson

*Ang ating mga personal na panalangin ay barometro (o panukat) ng ating espirituwal na lakas at sukatan ng katatagan ng ating espirituwalidad.*



**Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong**

**Liahona sa isyung ito.**

**Hint: Magtiyaga habang nagsasaliksik kayo.**

### 42 Mga Tanong at mga Sagot

#### 44 Pagtitimbang-timbang ng Kasaysayan ng Simbahan

Ni Elder Steven E. Snow

*Paano pagtitimbang-timbang ang mga bagay-bagay sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng Simbahan.*

#### 48 Matinding mga Pahiwatig ng Espiritu

Ni Elder D. Todd Christofferson

*Ano ang magagawa natin para maging marapat sa pagtanggap ng mga pahiwatig ng Espiritu?*

#### 51 O Kaydakila ng Plano ng Ating Diyos!

Ni Amarsanaa E.

*Nang magsimula na ang riot, kinailangan naming maghiwalay ng kapatid ko. Makikita ko ba siyang muli?*

#### 54 Limang Paraan para Masunod ang Payo ng mga Lider ng Priesthood

*Narito ang limang simpleng bagay na magagawa ninyo upang masuportahan ang mga lider ng priesthood.*

#### 56 Para sa Lakas ng mga Kabataan: Pasasalamat

Ni David L. Beck

#### 58 Isang Regalo para kay Lola

Ni Kimberly Sabin

*Ano ang magiging perpektong regalo para sa lola na mayroon na ng lahat ng bagay?*



63

### 60 Ang Masamang Pelikula

Ni Julia Woodbury

*Pumili na ang klase. Ano pa ang magagawa ko?*

### 62 Natatanging Saksi: Mahal ba ng Ama sa Langit ang mga miyembro ng Simbahan nang higit kaysa ibang tao?

Ni Elder Quentin L. Cook

### 63 Matiyagang Panalangin

Ni Elder José L. Alonso

*Ang mga sagot sa panalangin ay hindi laging dumarating kaagad, ngunit talagang dumarating ang mga ito.*

### 64 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Susundin Ko ang Plano ng Ama sa Langit sa Pamamagitan ng Pagpapabinyag at Pagpapakumpirma

### 66 Isang Basbas para Mabinyagan

Ni Kasey Eyre

*Ang paglubog sa tubig ay laging nagpapakaba kay Trevor. Paano siya mabibinyagan?*


### 68 Hi! Ako si Enkhjin A. mula sa Mongolia

*Alamin ang tungkol kay Enkhjin, sa kanyang pamilya, at sa kanyang paboritong mga aktibidad.*

### 70 Para sa Maliliit na Bata

### 81 Larawan ng Propeta: Lorenzo Snow

51



HUNYO 2013 TOMO 16 BLG. 6  
LIAHONA 10786 893 (ISSN 1096-5165)

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:**

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon

**Mga Tagapayo:** Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster, Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner

**Direktor ng Family and Member Support:**

Vincent A. Vaughn

**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:**

Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson

**Asistant na Namamahalang Patnugot:**

Ryan Carr, LaRene Porter Gaunt

**Asistant ng Publikasyon:** Melissa Zenteno

**Writing and Editing Team:** Susan Barrett,

David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Lori Fuller, Garry H. Garff, Jennifer Grace Jones, Hikari Loftus, Michael R. Morris, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Julia Woodbury

**Namamahalang Direktor sa Sining:**

J. Scott Knudsen

**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson

**Design Team:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus,

C. Kimball Bott, Thomas Child, Kerry Lynn C. Herrin,

Colleen Hinkle, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy,

Brad Teare

**Intellectual Property Coordinator:**

Collette Nebeker Aune

**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters

**Production Team:** Connie Bowthorpe Bridge,

Howard G. Brown, Julie Burdett, Bryan W. Gygi,

Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson,

Ty Pilcher, Gayle Tate Rafferty

**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick

**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagsasalina:** Maria Paz San Juan

Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapanibago ng suskrisyon nito, bisitahin ang <http://store.lds.org>. Huwag kalimutang isaad ang iyong ward/branch bilang address na pagpapadalan ng iyong suskrisyon.

Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa [liahona.lds.org](http://liahona.lds.org); sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa [liahona@ldschurch.org](mailto:liahona@ldschurch.org)

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2013 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas. Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: [cor-intellectualproperty@ldschurch.org](mailto:cor-intellectualproperty@ldschurch.org).

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.



PAGLALARAWAN NI CODY BELL © IRI

**"Isang Regalo para kay Lola,"** pahina 58: Isiping basahin ang tungkol sa regalo ni Kimberly sa kanyang lola. Magagamit ninyo ang sumusunod na mga tanong upang tulungan kayo sa pagtalakay sa kuwento: Sa palagay ninyo bakit napakahalaga ng kanyang liham kay Lola? Ano ang pakiramdam ninyo kapag pinasasalamat kayo ng isang tao dahil sa isang bagay? Sa palagay ninyo ano ang nadarama ng Ama sa Langit tungkol sa pasasalamat? Makakabasa kayo ng tungkol sa pasasalamat sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* sa pahina 18. Isiping isalaysay ang kuwento ng pagpapagalang ni Jesucristo sa 10 ketongin sa Lucas 17:11-19 at talakayin kung ano ang itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa pasasalamat. Para sa aktibidad, maaaring magpadala ang bawat miyembro ng pamilya ng liham ng pasasalamat sa isang tao sa linggong iyon.

**"Isang Basbas para Mabinyagan,"** pahina 66: Maaari ninyong simulan ang inyong family home evening sa pagkanta ng "Ang Katapangan ni Nephi" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 64). Pagkatapos ay basahin ang kuwento sa pagdaig ni Trevor sa kanyang takot sa tubig at pag-isipan ang sumusunod na mga tanong: Natakot na ba kayong minsan na gawin ang isang bagay? Ano ang nakatulong sa inyo para hindi matakot? Anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na magbahagi ng mga bagay na kailangan nilang gawin na ipinag-aalala nila. Bilang isang pamilya, talakayin ang mga paraan na matutulungan ninyo ang isa't isa na magkaroon ng lakas ng loob. Para sa aktibidad, maaari kayong gumawa ng obstacle course sa silid. Piringan ang isang miyembro ng inyong pamilya. Tulungan siya na magtiwala na ligtas siyang makadaraan sa obstacle course kung makikinig siya sa mga tagubilin. Maaari ninyong talakayin kung paano tayo gagabayin at papanatagin ng Espiritu sa mga sitwasyong kinatatakutan natin.

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa [languages.lds.org](http://languages.lds.org).

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

**Banal na Kasulatan,** 4

**Binyag,** 64, 66

**Espiritu Santo,** 64

**Family history,** 7, 37

**Gawain sa templo,** 7, 14

**Halimbawa,** 14

**Jesucristo,** 8, 14, 70

**Kapansanan,** 13

**Kapatawaran,** 42

**Kasaysayan ng Simbahan,** 44

**Katapangan,** 14

**Media,** 60

**Paghihirap,** 8, 51

**Pag-ibig, pagmamahal,** 62

**Paglilingkod,** 13, 14, 36

**Pagsamba,** 10

**Pagsang-ayon,** 54

**Pagsunod,** 54

**Pamantayan,** 35, 60

**Pamilya,** 8, 22, 26, 42, 51, 58, 68

**Panalangin,** 34, 36, 38, 63

**Pananampalataya,** 10, 14, 66, 80

**Pangkalahatang kumperensya,** 4

**Pasasalamat,** 56, 58

**Patotoo,** 48, 80

**Plano ng kaligtasan,** 51

**Pornograpiya,** 42

**Priesthood,** 54

**Saloobin,** 14

**Sayawan,** 35

**Smith, Joseph,** 48

**Tungkulin sa Simbahan, mga,** 13, 14



**Ni Pangulong  
Dieter F. Uchtdorf**

Pangalawang Tagapayo  
sa Unang Panguluhan

# Paglakad NANG PAIKUT-IKOT

**N**arinig na ba ninyo ang lumang kasabihan na ang mga taong naliligaw ay malamang na paikut-ikot lang sa isang lugar?

Gustong malaman ni Jan L. Souman, isang psychologist na Aleman, kung totoo ito sa pamamagitan ng isang eksperimento. Dinala niya ang mga lumahok sa eksperimento sa isang malaking gubat at sa disyerto ng Sahara at gumamit ng isang global positioning system para masubaybayan kung saan sila nagpunta. Wala silang kompas o anupamang kagamitan. Simple lang ang mga tagubilin sa kanila: lumakad nang diretso patungo sa ibinigay na direksyon.

Kalaunan inilarawan ni Dr. Souman ang nangyari. “Ang [ilan] sa kanila ay naglakad noong maulap na ang kalangitan, kung saan natatabingan ng mga ulap ang araw [at walang nakikitang anumang palatandaan na susundan]. . . . Lahat [sila] ay nagpaikut-ikot, at ang [ilan] ay paulit-ulit na bumabalik sa dati na nilang nadaanan nang hindi nila napapansin.” Ang iba pang mga kalahok ay naglakad habang nakasikat ang araw, na tanaw sa malayo ang mga palatandaang susundan. “Ang mga ito . . . ang halos nakalakad nang diretso.”<sup>1</sup>

Ang pag-aaral na ito ay inulit ng iba gamit ang iba’t ibang pamamaraan.<sup>2</sup> Pare-pareho lahat ang resulta.

Kung walang makikitang mga palatandaan, malamang na magpaikut-ikot ang mga tao.

## Ang Palatandaang Dulot ng mga Banal na Kasulatan

Kung walang mga palatandaan na pang-espirituwal, magpapagala-gala rin ang sangkatauhan. Kung wala ang salita ng Diyos, magpaikut-ikot tayo.

Bilang indibiduwal at lipunan, nakikita natin ang huwaring ito nang paulit-ulit sa bawat dispensasyon mula pa sa simula ng panahon. Kapag nalalayo tayo sa salita ng Diyos, malamang na maligaw tayo.

Walang dudang ito ang dahilan kung bakit inutusan ng Panginoon si Lehi na pabalikin ang kanyang mga anak na lalaki sa Jerusalem para kunin ang mga laminang tanso. Alam ng Diyos na kailangan ng mga inapo ni Lehi ang maasahang palatandaan—susundang direksyon—na maglaan ng gabay na magagamit nila para malaman kung tama ang kanilang tinatahak.

Ang mga banal na kasulatan ay salita ng Diyos. Ang mga ito ay mga palatandaan ng Diyos na nagtuturo ng daang dapat nating tahakin para mas mapalapit tayo sa ating Tagapagligtas at kamtin ang makabuluhang mga mithiin.

## Ang Palatandaang Dulot ng Pangkalahatang Kumperensya

Ang mga tagubiling ibinibigay sa pangkalahatang kumperensya ay isa pang palatandaan na makatutulong sa ating malaman kung nasa tamang landas tayo.

Paminsan-minsan ay tinatanong ko ang aking sarili, “Nakinig ba ako sa mga sinabi ng kalalakihan at kababaihan na nagsalita sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya ng Simbahan? Binasa at binasa ko bang muli ang kanilang mga salita? Pinagnilayan ko ba ang mga ito at ipinamuhay? O nasiyahan lang ba ako sa magaganda nilang sinabi at kinaligtaang ipamuhay ang nagbibigay-inspirasyon nilang mga mensahe?”



Siguro noong nakikinig kayo o nagbabasa, may mga isinulat kayo tungkol dito. Marahil nangako kayo na may ilang bagay kayong pagbubutihin o babaguhin. Isipin na lamang ang mga mensahe sa huling pang-kalahatang kumperensya. Maraming humikayat sa atin na palakasin ang ating mga pamilya at pagbutihin ang pagsasama ng mag-asawa. Ang isyung ito ng *Liahona* ay nakatuon din sa mga walang hanggang pinahahalagang ito, at maraming magagamit na mungkahi na magpapala sa ating buhay.

Pinapansin at ipinamumuhay ba natin ang makabuluhang payong ito? Pinahahalagahan at sinusunod ba natin ang tunay at mahahalagang palatandaang ito?

### Ang Lunas sa Paggala-gala sa Espirituwal

Mahalaga ang espirituwal na mga palatandaan para manatili tayo sa makipot at makitid na landas. Nagbibigay ang mga ito ng malinaw na direksyon

sa dapat nating patunguhan—kung papansinin lamang natin ang mga ito at magtutungo rito.

Kung tatanggi tayong magabayan ng mga palatandaang ito, nawawalan ito ng kabuluhan, nagiging palamuti na lang ito na walang ibang layunin kundi bigyang buhay ang nakababagot na tanawin.

Hindi sapat na umasa lang tayo sa nararamdamang kutob.

Hindi sapat na mabuti lang ang ating intensyon.

Hindi sapat na umasa lang sa ating pandamdandam.

Kahit pa isipin nating tinatahak natin ang direktso at espirituwal na landas, pero wala namang tamang mga palatandaang gagabay sa atin—walang patnubay ng Espiritu—malamang na magpapagala-gala tayo.

Kung gayon, buksan natin ang ating mga mata at tingnan ang mga palatandaang ibinigay ng ating mapagpalang Diyos sa Kanyang mga anak. Basahin, pakinggan, at ipamuhay natin ang salita ng Diyos. Manalangin tayo nang may tunay na layunin at pakinggan at sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu. Kapag ating pinansin ang mga espirituwal na palatandaang ibinigay ng mapagmahal nating Ama sa Langit, dapat mamuhay tayo nang ayon sa paggabay nito. Dapat ding palagi nating itama ang ating landas habang tumatahak tayo sa mga palatandaang pang-espirituwal.

Sa ganitong paraan, hindi tayo magpapagala-gala kundi lalakad nang may tiwala at katiyakan tungo sa dakilang mga pagpapalang iyon ng langit na kakibat na karapatan ng lahat ng lumalakad sa makipot at makitid na landas ng pagiging disipulo ni Cristo. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa Jan L. Souman and others, "Walking Straight into Circles," *Current Biology*, vol. 19 (Set. 29, 2009), 1538–42.
2. Tingnan, halimbawa, Robert Krulwich, "A Mystery: Why Can't We Walk Straight?" [npr.org/blogs/krulwich/2011/06/01/131050832/a-mystery-why-can-t-we-walk-straight](http://npr.org/blogs/krulwich/2011/06/01/131050832/a-mystery-why-can-t-we-walk-straight).

#### PAGTUTURO MULA SA MENSANG ITO

Sa paghahanda ninyong magturo mula sa mensaheng ito, maaari kayong maghanap ng mga halimbawa ng mga taong naakay ng mga palatandaang pang-espirituwal o mga taong nagpagala-gala. Maaari ninyong simulan ang pag-aaral sa paggamit sa mga banal na kasulatang ito: Mga Bilang 14:26–33; 1 Nephi 16: 28–29; Alma 37:38–47. Kung nadarama ninyo na angkop, maaari ninyong ibahagi ang mga ideya mula sa mga halimbawang ito sa mga tinuturuan ninyo. Tanungin sila kung ano ang matututuhan natin mula sa mga kuwentong ito.

## Mga Palatandaan para sa Inyo

Nilarawan ni Pangulong Uchtdorf ang pangkalahatang kumperensya at mga banal na kasulatan bilang mga palatandaan na tutulong sa ating iwasan ang magpagala-gala sa espirituwal. Isiping mabuti ang iba pang palatandaang pang-espirituwal na nakaimpluwensya at naging gabay sa inyong buhay. Isulat ang mga karanasan ninyo sa inyong journal. Makatutulong sa inyo ang mga sinabing ito ni Pangulong Monson:



“Hindi dapat itupi at itago ang inyong [patriarchal] blessing. Hindi ito dapat ikuwadro o ipagsabi. Sa halip, dapat ay basahin ito. Dapat mahalín ito. Dapat sundin ito. Gagabayan kayo ng inyong patriarchal blessing sa pinakamatindi ninyong pagsusbok. Gagabayan kayo nito sa mga panganib sa buhay.”

“Your Patriarchal Blessing: A Liahona of Light,” *Ensign*, Nob. 1986, 66.

“Hindi tayo pinapunta rito ng ating Ama sa Langit sa ating walang-hanggang paglalakbay nang hindi naglalaan ng paraan upang matanggap natin mula sa Kanya ang patnubay na titiyak sa ating ligtas na pagbalik. Ang tinutukoy ko ay ang panalangin. Tinutukoy ko rin ang mga bulong ng marahan at banayad na tinig.”

“Ang Takbo ng Buhay,” *Liahona*, Mayo 2012, 92.


## MGA BATA

### Mahamanap Ko ang Tamang Landas

Sinabi ni Pangulong Uchtdorf na kailangan nating sundan ang mga palatandaang pang-espirituwal dahil tutulungan tayo nito na piliin ang tama at mas mapalapit sa Tagapagligtas. Ilan sa mga palatandaang ito ay ang panalangin, mga banal na kasulatan, pangkalahatang kumperensya, at ang *Liahona*.

Hanapin ang tamang landas sa maze habang sinusundan ang mga palatandaang ito.

Kasama ang inyong pamilya, magbasa ng isang mensahe mula sa huling pangkalahatang kumperensya. Ano ang iminumungkahi ng tagapagsalita na gawin natin para manatili sa tamang landas? Magtakda kayo ng inyong pamilya ng mithiing ipamuhay ang natutuhan ninyo.





Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society. Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa [reliefsociety.lds.org](http://reliefsociety.lds.org).

## Kagalakan sa Family History

Itinuro ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang Diwa ni Elijah ay “isang pagpapamalas ng Espiritu Santo na nagpapatotoo sa kabanalan ng pamilya.”<sup>1</sup>

Bilang mga miyembro ng ipina-numbalik na Simbahan ni Cristo, kasama sa ating tipan ang responsibilidad na saliksikin ang ating mga ninuno at isagawa para sa kanila ang nakapagliligtas na ordenansa ng ebanghelyo. Sila kung wala tayo ay hindi “[magiging] sakdal” (Sa mga Hebreo 11: 40), at “ni tayo kung wala ang ating mga patay ay hindi magagawang ganap” (D at T 128: 15).

Inihahanda tayo ng family history para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan at tinutulungan tayong dagdagan ang ating pananampalataya at sariling kabutihan. Ang family history ay mahalagang bahagi ng misyon ng Simbahan at nagbibigay-daan para magawa ang kaligtasan at kadakilaan para sa lahat.

Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Kapag sinasaliksik natin ang sarili nating



angkan nagiging interesado [tayo] hindi lamang sa mga pangalan. . . . Ibinabaling ng ating interes ang ating puso sa ating mga ama—hinahangad nating matagpuan sila at makilala at mapaglingkuran.”<sup>2</sup>

### Mula sa mga Banal na Kasulatan

Malakias 4: 5–6; I Mga Taga Corinto 15:29; D at T 124:28–36; 128:15

#### MGA TALA

1. Russell M. Nelson, “A New Harvest Time,” *Liahona*, Hulyo 1998, 34.
2. Boyd K. Packer, “Ang Inyong Kasaysayan ng Mag-anak: Pagsisimula,” *Liahona*, Nob. 2011, 17.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 557.
4. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 21.

## Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan



### Mula sa Ating Kasaysayan

Itinuro ni Propetang Joseph Smith, “Ang pinakamalaking responsibilidad sa mundong ito na iniatang sa atin ng Diyos ay ang saliksikin at kilalanin ang ating mga patay.”<sup>3</sup> Maaari tayong maging proxy sa templo para sa ating yumaong mga ninuno at magsagawa ng kinakailangang mga ordenansa para sa kanila.

Si Sally Randall ng Nauvoo, Illinois, na namatayan ng 14-na-taong-gulang na anak, ay napanatag nang lubos sa pangakong maaaring maging walang hanggan ang pamilya. Matapos mabinyagan ang kanyang asawa para sa kanilang anak, isinulat niya sa kanyang mga kamag-anak na: “Napakasaya talaga na [tayo ay] . . . maaari nang mabinyagan para sa lahat ng ating namatay [na mga ninuno] at maligtas sila hanggang sa makakaya nating masaliksik tungkol sa kanila.” Pagkatapos ay hiniling niya sa kanyang mga kamag-anak na padalhan siya ng impormasyon tungkol sa kanilang mga ninuno, at sinabing, “Nais kong gawin ang magagawa ko para mailigtas ang [ating pamilya].”<sup>4</sup>

### ANO ANG MAGAGAWA KO?

1. Paano ko matutulungan ang kababaihang pinangangalagaan ko na gawin ang family history?

2. Itinatala ko ba ang aking personal na kasaysayan?

## “HINDI KITA MALILIMUTAN”

Ni Becky Squire

Habang papunta ako sa doktor para sa regular na pagkonsulta, puno ako ng kasabikan at pag-asa. Sa pamamagitan ng ultrasound nakita ko na ang pintig ng puso ng aking munting sanggol, ngunit ngayon, pagkaraan ng ilang linggo, mas malaki na ang munting sanggol sa aking sinapupunan. Kahit tatlong beses ko nang naranasang magbuntis, hindi pa rin nawawala sa akin ang pagkamangha.

Makalipas ang sampung minuto umiiyak na akong mag-isa sa aking sasakyan—ang larawan ng isang walang buhay na sanggol na hindi pumipintig ang puso ang mananatili habang-buhay sa isip ko.

Nang sumunod na mga araw, parang wala akong maisip at maramdaman. Nakadama ako ng kahungkagan at lumbay. Kinailangan nang pumasok uli sa trabaho ang asawa ko, at ang tatlo kong anak naman ay nagtatakbuhan na sa buong bahay habang may katamlayan ko silang pinakakain at sinisikap ko ring panatilihin malinis ang bahay. Pero parang wala ako sa sarili ko. Kapag umuuwi ako mula sa pag-aasikaso ng ilang bagay, tinitingnan ko agad kung may tumawag sa akin. Wala. Tinitingnan ko kung may nag-email sa akin bawat oras. Wala. Inisip ko na tuloy kung nagmamalasakit pa ba sa akin ang mga kaibigan at kapitbahay ko. Mga kaibigan ko ba talaga sila?

Hindi ko napansin na naiimpluwensyahan ako ni Satanas.

Isang gabi, sinabi ko sa asawa ko ang nararamdaman ko, at nakita niya agad ang nangyayari sa akin. Ibinahagi niya sa akin ang 1 Nephi 21:15–16:

“Hindi kita malilimutan, O sambahayan ni Israel.

“Masdan, aking inanyuan ka sa mga palad ng aking mga kamay; ang iyong mga muog ay laging nasa harapan ko.”

Nalaman ko at pinag-aralan ang tungkol sa Pagbabayad-sala noon. Akala ko alam ko na ang ibig sabihin nito. Pero hindi ko ito naiangkop nang tama sa buhay ko. Naranasan na

ni Jesus ang lahat ng aking kalungkutan. Alam na alam Niya ang naramdaman ko.

“Sa pinakauliran Niyang ginawa, ang Pagbabayad-Sala, kinailangan ni Jesus na ‘magpakababa-baba sa lahat ng bagay’ (D at T 88:6) at danasin ang ‘lahat ng sakit ng tao’ (2 Nephi 9:21). Sa gayon ay naunawaan natin na mas malawak ang layunin ng Pagbabayad-sala kaysa maglaan lang ng paraan para madaig ang kasalanan. Ang pinakadakilang ito sa lahat ng tagumpay sa mundo ang nagbibigay ng kapangyarihan sa Tagapagligtas na tupdin ang kanyang pangako: “Kung kayo ay babaling sa Panginoon nang may buong layunin ng puso, . . . siya . . .



### NAUNAWAAN NIYA

“Lahat ng bagay na pinagtitiisan natin ay nauunawaan ni Jesus, at hinihintay Niya tayo na manalangin sa ating Ama sa Langit. Pinatotohanan ko na kung tayo ay magiging masunurin at masigasig, masasagot ang ating mga dalangin, mababawasan ang ating mga alalahanin, mapapawi ang ating pangamba, mapapanatag tayo, maiibsan ang pait ng pagdadalamhati at magiging malapit sa Panginoon at madarama ang Kanyang pagmamahal at ang kapanatagang dulot ng Espiritu Santo.”

Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Behold, We Count Them Happy Which Endure,” *Ensign*, Mayo 1998, 77.



ay palalayain kayo' (Mosias 7:33)."<sup>1</sup>

Sino pa bang kaibigan ang tiyak na higit na makatutulong sa akin sa malungkot na sandaling ito? Natanto ko na kailangan ko ang aking Tagapagligtas para tulungan akong makayanan ang aking kalungkutan. Nang bumaling ako sa Panginoon, kaagad kong nadama ang pagmamahal Niya sa akin. Napanatag at napayapa ako, at nadama ko na naunawaan ako ni Jesus nang hindi ko suklat akalain. Siya ang mismong uri ng kaibigan na inasam kong makasama matapos akong makunan—ang uri ng kaibigan na kailangang-kailangan ko.

Alam ko na lagi akong makalalapit sa aking Tagapagligtas, hindi lamang kapag kailangan kong pagsisihan ang aking mga kasalanan kundi kapag kailangan ko ng isang aalo sa akin. Nariyan Siya palagi. Kapag naghahanap tayo ng isang taong mauunawaan ang ating mga pasakit at kalungkutan, huwag nating kalimutan ang ating tunay na kaibigan, si Jesucristo. ■

*Ang autor ay nakatira sa Utah, USA.*

#### TALA

1. Donald L. Hallstrom, "Bumaling sa Panginoon," *Liahona*, Mayo 2010, 80.

***Ibinahagi sa akin ng asawa ko ang 1 Nephi 21:15–16. Natanto ko na kailangan ko ang aking Tagapagligtas para tulungan akong makayanan ang aking kalungkutan.***

### PAANO NATIN MATATAMO ANG KAPAYAPAAN?

Nagbanggit si Pangulong Thomas S. Monson ng tatlong paraan na mapapayapa tayo sa buhay:

"Hindi ko tinutukoy ang kapayapaang itinataguyod ng tao, kundi ang kapayapaang ipinangako ng Diyos. Ang tinutukoy ko ay ang kapayapaan sa ating mga tahanan, kapayapaan sa ating puso, maging ang kapayapaan sa ating buhay. Ang kapayapaan sa paraan ng tao ay naglalaho. Ang kapayapaan ng Diyos ay mananaig. . . .

"**Una: Saliksikin ang kaloo-ban.** . . . Walang kapayapaan hangga't hindi nililalang ng mga tao sa kanilang kaluluwa ang mga

alituntunin ng sariling kadalisa-yan, at integridad, at pagkatao na nagtataguyod sa pagkakaroon ng kapayapaan. . . .

"**Ikalawa: Tumulong sa iba.** . . . Sa pagiging miyembro ng Simbahan ay kailangan ang determinasyong maglingkod. . . .

"**Ikatlo: Sa langit tumingin.** Sa paggawa nito'y mapapanatag tayo at masisiyang makipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit sa pamamagitan ng panalangin, ang landas tungo sa espirituwal na kapangyarihan—na pasaporte sa kapayapaan."

Mula sa "Paghahanap ng Kapayapaan," *Liahona*, Mar. 2004, 3–7.

***Alin sa tatlong ideyang ito ang lubos na maisasagawa ninyo sa inyong buhay?***



**Ni Pangulong  
Spencer W. Kimball  
(1895–1985)**  
Panglabindalawang  
Pangulo ng Simbahan

## SAMBAHIN ANG TUNAY AT BUHAY NA DIYOS

*Ano ang dapat nating ikatakot gayong kasama natin ang Panginoon?*

Nalaman natin mula sa mga banal na kasulatan na dahil tila mas mahirap umasa sa pananampalataya kaysa sa mga bagay na abot-kamay na natin, ibinabaling ng materyosong tao ang kanyang pagtitiwala sa mga materyal na bagay sa halip na sa Diyos. Samakatwid, sa lahat ng panahon na nahulog sa kapangyarihan ni Satanas ang mga tao at nawalan ng pananampalataya, pinalitan nila ito ng pag-asa sa “bisig ng laman” at sa “mga dios na pilak, at ginto, tanso, bakal, kahoy, at bato, na hindi nangakakakita, o, nangakakarinig man, o nakakaalam man” (Daniel 5:23)—na walang iba kundi mga diyus-diyusan. Naniniwala ako na ito ang pangunahing tema sa Lumang Tipan. Anumang bagay na pinagbubuhusan ng tao ng kanyang damdamin at tiwala ay kanyang diyos, at kung ang kanyang dios ay hindi ang tunay at buhay na Diyos ng Israel, ang taong iyan ay sumasamba sa diyus-diyusan.

Ito ang aking matibay na paniniwala na kapag binasa natin ang mga banal na kasulatan at sinisikap nating “ihalintulad yaon sa [ating] sarili” (1 Nephi 19:24), tulad ng iminungkahi ni Nephi, makikita natin ang

maraming pagkakatulad ng mga sinanang pagsamba ng larawang inanyuan at ng nakagawiang pag-uugali sa sarili nating karanasan.

Pinagpapala tayo ng Panginoon. . . . Ang mga tulong na ibinibigay sa atin ay mabuti at mahalaga sa ating gawain sa mundo. Ngunit nangangamba ako na marami sa atin . . . ay sinasamba na ang mga ito bilang huwad na diyus-diyusan, at naiimpluwensyahan na tayo. Napakarami ba ng mabubuting bagay na ito sa ating buhay kaya’t hindi ito makayanan ng ating pananampalataya? Maraming taong nag-uukol ng maraming oras sa pagpapaganda ng reputasyon gamit ang sapat na pera, stocks, bonds, investment, ari-arian, credit card, muwebles, kotse, at iba pang katulad nito para *matiyak* ang temporal na seguridad. . . .

### Ang Ating Tungkulin

Nalimutan natin ang katotohanang tungkulin nating gamitin ang maraming biyayang ito sa ating mga pamilya at korum upang itayo ang kaharian ng Diyos—upang isulong ang gawaing misyonero at gawain sa genealogy at sa templo; upang magpalaki ng mga anak na kapakinabang sa Panginoon; upang mapagpala ang iba sa anupamang bagay, upang sila man ay maging kapakinabang din. Sa halip, ginagamit natin ang mga biyayang ito ayon sa sarili nating hangarin, at tulad ng sabi ni Moroni, “Pinalalamutian ang inyong sarili ng yaong walang buhay, gayon man ay pinahihintulutan ang nagugutom at ang nangangailangan, at ang hubad, at ang maykaramdaman at ang naghahirap na dumaraan sa harapan ninyo nang hindi sila pinapansin?” (Mormon 8:39).

Tulad ng sabi mismo ng Panginoon sa ating panahon, “Hindi

nila hinanap ang Panginoon upang itatag ang kanyang kabutihan, kundi ang bawat tao ay lumalakad sa sarili niyang paraan, at alinsunod sa larawan ng sarili niyang diyos, na kung kaninong larawan ay kahalintulad ng daigdig, at *kung kaninong kaanyuan ay yaong sa diyus-diyusan*, na naluluma at masasawi sa Babilonia, maging ang Babilonia na makapangyarihan ay babagsak” (D at T 1:16; idinagdag ang pagbibigay-diin).

### Hindi Mabuting Kapitalit

May kakilala ako na tinawag na maglingkod sa isang tungkulin sa Simbahan, ngunit inisip niya na hindi niya ito puwedeng tanggapin dahil kailangan niyang pag-ukulan ng mas maraming oras ang kanyang negosyo . . . kaysa ang gawain ng Panginoon. Hindi na siya naglingkod sa Panginoon para Magpakayaman, at milyonaryo na siya ngayon.

Ngunit nalaman ko kamakailan ang isang nakapupukaw na katotohanan: Kung nagmamay-ari ang isang tao ng isang milyong dolyar na halaga ng ginto . . . , pag-aari niya ang isang 27-billionth na bahagi ng lahat ng ginto na matatagpuan sa manipis na layer pa lang ng mundo. Napakaliit ng halagang ito kung kaya’t hindi ito kayang paniwalaan o isipin ng tao. Ngunit may higit pa rito: Ang Panginoon na lumikha at may kapangyarihan sa buong mundo ay lumalang ng marami pang mundo, maging ng “mga daigdig na di mabilang” (Moises 1:33); at nang tumanggap ang lalaking ito ng sumpa at tipan ng priesthood (tingnan sa D at T 84:33–44), tumanggap siya ng pangako mula sa Panginoon na makakamtan ang “lahat ng mayroon ang aking Ama” (D at T 84:38). Ang isantabi ang lahat ng dakilang pangakong ito, kapalit ng isang

baul na puno ng ginto at temporal na seguridad ay napakalaking pagkaka-mali. Ang isiping nakuntento na siya sa napakaliit at kakatiting na biyaya ay talagang nakalulungkot; mas malaki ang kahalagahan ng mga kaluluwa ng tao kaysa rito.

Isang binatang tinawag na mag-misyon ang sumagot na wala siyang gaanong alam sa ganitong klaseng bagay. Pero magaling siya sa pag-papanatiling nasa mabuting kundisyon ang kanyang bagong kotse. . . . Buong buhay niya, kuntento na ang kanyang ama sa pagsasabing, “Gustung-gusto ng anak ko na gumawa ng kung anu-anong bagay. Sapat na iyan sa kanya.”

Sapat na ba iyan para sa isang anak ng Diyos? Hindi natatanto ng binatang ito na ang lakas ng makina ng kanyang sasakyan ay napakaliit kung ikukumpara sa lakas ng dagat at ng araw; at napakaraming mga araw na nilikha, lahat ay lubusang sakop ng batas at ng priesthood,—ang kapangyarihan ng priesthood na sana ay unti-unting lumalakas kung nasa paglilingkod siya ng Panginoon. Nakuntento na siya sa isang walang katuturang diyos, na gawa sa bakal at goma at makintab na kromo.

Isang matandang mag-asawa ang nagretiro na sa trabaho, at masasabi na ring pati sa Simbahan. Bumili sila ng pickup truck at camper at . . .

nilibot ang mundo. . . . Wala silang panahon sa templo at masyadong abala para magsaliksik ng genealogy at tumulong sa gawaing-misyonero. Hindi na siya nakipag-ugnayan sa kanyang high priests quorum at halos laging wala sa bahay para magsulat sa kanyang journal at itala ang kanyang sariling kasaysayan. Kailangang-kailangan ang kanilang kaalaman at kakayahang mamuno sa kanilang branch, ngunit . . . hindi sila maapuhap. . . .

Kung patuloy tayong mag-uukol ng lahat ng ating panahon para maipagtayo ang ating sarili ng kaharian sa mundo, iyan mismo ang makakamit natin.





*Kapag nagkakaroon na ang tao ng mas magandang pananaw sa kawalang-hanggan, mahihigitan ng mga pagpapala ang sakripisyong ginawa niya sa pagtalikod sa “sanlibutan.”*

## Talikuran ang mga Bagay ng Mundo

Sa kabila ng ikinatutuwa nating sabihing makabago tayo at maalam sa mga bagay na hindi kailanman tinaglay ng mga tao noon—sa kabila ng mga bagay na ito, tayo, sa kabuuan, ay mga taong sumasamba sa diyus-diyusan—na kasuklam-suklam sa Panginoon.

Madaling . . . mawala ang pokus natin sa dapat gawing paghahanda para sa pagparito ng Panginoon. . . . Nalilimutan natin na kung tayo ay matwid, hindi tutulutan ng Panginoon na kalabanin tayo ng ating mga kaaway . . . o Siya ang makikipaglaban sa ating mga digmaan (tingnan sa Exodo 14:14; D at T 98:37, dalawa lang ito sa napakaraming sanggunian). . . .

Ano ang dapat nating ikatakot gayong kasama natin ang Panginoon? Hindi ba natin pagtitiwalaan ang salita ng Panginoon at gagamit ng kahit bahagyang pananampalataya sa

Kanya? Malinaw ang ating tungkulin: talikuran ang mga bagay ng mundo bilang dahilan kung bakit tayo narito; huwag sumamba sa diyus-diyusan at sumulong nang may pananampalataya; ihatid ang ebanghelyo sa ating mga kaaway, upang hindi na natin sila maging kaaway.

## Higit na Manampalataya

Dapat nating talikuran ang pag-samba sa makabagong mga diyus-diyusan at pag-asa sa “bisig ng laman,” sapagka’t sinabi ng Panginoon sa lahat ng tao sa ating panahon, “Hindi ko paliligtasin ang sinumang mama-malagi sa Babilonia” (D at T 64:24). . . . Naniniwala tayo na ang paraan na makapaghahanda ang bawat tao at bawat pamilya ayon sa itinagubilin ng Panginoon ay dagdagan pa ang kanilang pananampalataya, magsisi, at makibahagi sa gawain ng Kanyang kaharian sa mundo, Ang Simbahan ni

Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Maaaring medyo mahirap ito sa una, ngunit kapag naunawaan na ng isang tao ang totoong gawain, kapag nagkakaroon na siya ng mas magandang pananaw sa kawalang-hanggan, mahihigitan ng mga pagpapala ang sakripisyong ginawa niya sa pagtalikod sa “sanlibutan.”

Dito matatagpuan ang tanging tunay na kaligayahan, at samakatwid inaan-yayahan at malugod nating tinatanggap ang lahat na makiisa sa gawaing ito. Sa mga taong determinadong paglingkuran ang Panginoon anupaman ang maging kapalit, ito ang daan sa buhay na walang hanggan. Ang lahat ng iba pa ay karagdagan na lang na magagamit para makamit ang layuning iyon. ■

*Idinagdag ang mga subhead; ang pagbabaybay, pagbabantas, at pagpapalaki ng titik ay iniayon sa pamantayan.*

*Hango sa “The False Gods We Worship,” Tambuli, Ago. 1977, 1–4.*

# PAGLILINGKOD SA MGA TAONG MAY KAPANSANAN

Ni **Becky Young Fawcett**  
Disability Services ng Simbahan

**N**ang matawag si Lynn Parsons bilang disability specialist sa Hurst Texas Stake, gusto niyang gampanan ang kanyang tungkulin sa paraang mapagpapala ang buhay ng mga miyembro ng kanyang stake, lalo na ang mga miyembrong may kapansanan at kanilang mga pamilya.

Ang isa sa mga unang ginawa ni Lynn ay repasuhin ang impormasyon tungkol sa kanyang tungkulin sa LDS.org ([lds.org/callings/disability-specialist](http://lds.org/callings/disability-specialist)), at ginamit niya ang *Handbook 2: Administering the Church* para maunawaan ang opisyal na mga tuntunin ng Simbahan tungkol sa mga taong may kapansanan. Ang Disability Resources website ([lds.org/disability](http://lds.org/disability)) ay nagsilbing sanggunian din. Tinulungan siya nitong maunawaan ang iba't ibang kapansanan at nagbigay din ng impormasyong maibabahagi niya sa mga miyembro ng kanyang stake.

Isinasaad sa *Handbook 2* na, “Ang bishopric o ang stake presidency ay maaaring tumawag ng ward o stake disability specialist na tumulong sa mga indibiduwal at pamilya.”<sup>1</sup> Nagbibigay ang LDS.org ng iba pang impormasyon tungkol sa tungkuling ito, at ipinaliliwanag na “ang tungkulin ng mga disability specialist ay tumulong na mas makabahagi at makabilang

ang mga miyembro ng Simbahan na may mga kapansanan.”<sup>2</sup>

Dahil sa pagkaunawang ito, sinabi ni Lynn na gusto niyang “tulongan ang mga lider na magampanan ang kanilang mga tungkulin sa pamamagitan ng paghahanap ng mga kailangan nilang gamitin upang mapaglingkuran ang mga may kapansanan.”

Nakakita rin ng impormasyon si Lynn sa mga mapagkukunang material sa komunidad at mga ahensya sa lugar, sa Internet, at mga miyembro ng ward at stake na may mga alam at karanasan sa paglilingkod sa mga taong may kapansanan. Ginagamit ni Lynn ang mga mapagkukunang tulong na ito kapag humahanap siya ng solusyon sa ilan sa mga hamong kinakaharap ng mga lider at pamilya sa kanyang stake. Hindi niya palaging alam kung saan hihingi ng impormasyon o tulong, “pero kung talagang hahanapin mo ang sagot sa pamamagitan ng dasal,” sabi niya, “magagabayan ka kung saan mahanap ang sagot.”

## Ang Pag-unawa sa mga Pangangailangan

Sinisikap din ni Lynn na maunawaan ang mga pangangailangan ng mga lider ng Simbahan sa kanyang lugar

tungkol sa mga may kapansanan. Para magawa ito, hiniling niya sa mga lider ng kanyang stake na padalhan ng liham ang mga bishop para ipaalam sa kanila ang kanyang tungkulin at na handa siyang tumulong. Nakipagpulong din siya sa stake Primary presidency para malaman ang mga alalahanin nila, at pinlano rin niyang makipagpulong sa iba pang mga grupo ng mga lider. “Gusto kong maipakalat ang impormasyon,” sabi niya. “Gusto kong malaman ng mga tao kung saan sila makahahap ng tulong.”

Dahil naipaalam niya sa mga miyembro ng stake na handa siyang maglingkod, kaagad nagkaroon si Lynn ng mga oportunidad na makatulong sa mga lider. Sa loob ng unang ilang buwan sa tungkuling disability specialist, inanyayahan siyang makipagpulong sa isang ward council para ipaliwanag ang mga kakaibang katangian ng isang partikular na kapansanan. Naglingkod siya sa iba pang paraan, tulad ng pagtulong niya sa isang guro na malaman kung paano turuan ang isang batang autistic at nagmungkahi na tumawag ng assistant Primary teacher para makadalo sa klase ang isang batang may kapansanan.

Para maipagpatuloy ito, plano ni Lynn na tulongan ang mga lider sa pagganap ng kanilang mga tungkulin. Sa paggawa

nito, tinutulungan niya ang mga miyembro ng kanyang stake na tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas na nagmamahal at tumutulong sa kapwa, pati na sa may mga kapansanan. ■

### MGA TALA

1. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 21.1.26.
2. “Disability Specialist,” [www.lds.org/callings/disability-specialist](http://www.lds.org/callings/disability-specialist).









**Ni Pangulong  
James E. Faust  
(1920–2007)**

Pangalawang  
Tagapayo sa Unang  
Panguluhan

# ANG MGA Nawawalay KANYANG Hinahanap Din

*Sa nagdurusang mga magulang na naging  
mabuti, masikap, at madasalin sa pagtuturo sa  
kanilang suwail na mga anak, sinasabi namin sa inyo,  
binabantayan sila ng Mabuting Pastol.*

*Si Pangulong James E. Faust ay sinang-ayunan bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan noong Marso 12, 1995, at naglingkod sa tungkuling iyon hanggang sa kanyang pagpanaw noong Agosto 10, 2007. Ang mensaheng ito, na ibinigay sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2003, ay isinama sa isyung ito bilang isa sa mga artikulo sa pagpapatatag ng pamilya.*

**M**inamahal kong mga kapatid at kaibigan, ang mensahe ko sa umagang ito’y para sa pag-asa at kaginhawahan ng nagdurusang mga magulang na ginawa ang lahat ng makakaya nang may pagmamahal at katapatan para mapalaki ang kanilang mga anak sa kabutihan, ngunit nawalan ng pag-asa dahil ang anak nila’y naghimagsik o naligaw at sumunod sa landas ng kasamaan at kapahamakan. Sa pag-iisip ko sa inyong matinding kalungkutan, naaalala ko ang mga salita ni Jeremias: “Isang tinig ang narinig sa Rama, . . . iniyyakan ni Raquel ang kanyang mga anak, siya’y tumatangging maaliw.” Dito ibinigay ng Panginoon ang katiyakang: “Iyong pigilin ang iyong tinig sa pagiyak, . . . sapagka’t gagantihan ang iyong mga gawa . . . ; at sila’y magsisibalik na mula sa lupain ng kaaway.”<sup>1</sup>

Sisimulan ko sa pagpapatotoo na ang salita ng Panginoon sa mga magulang sa Simbahang ito sa ika-68 bahagi ng Doktrina at mga Tipan ay naglalaman ng pambihirang tagubilin: “At muli, yayamang ang mga magulang ay may mga anak sa Sion, o sa alinman sa kanyang mga istaka na naitatag, na hindi nagtuturo sa kanila na

*Ang mga naliligaw ng landas ay “pagdurusahan ang kanilang mga kasalanan; at marahil tatahakin nila ang matinik na landas; ngunit kung sa wakas ay ihatid sila nito, gaya ng nagsising Alibugha, pabalik sa mapagmahal at mapagpatawad na puso at tahanan ng ama, ang masakit na karanasan ay hindi nasayang.”*



maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos at ng pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, pagsapit ng walong taong gulang, ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang.”<sup>2</sup> Inutusan ang mga magulang na “turuan ang kanilang mga anak na manalangin, at magsilakad nang matuwid sa harapan ng Panginoon.”<sup>3</sup> Bilang ama, lolo at lolo-sa-tuhod, tinatanggap ko ito bilang salita ng Panginoon, at bilang tagapaglingkod ni Jesucristo, hinihikayat ko ang mga magulang na sundin ang payong ito sa abot ng kanilang makakaya.

Sino ang mabubuting magulang? Sila ay mga mapagmahal, mapanalangin at masigasig na nagsisikap turuan ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng halimbawa at pangangaral “na manalangin, at magsilakad nang matuwid sa harapan ng Panginoon.”<sup>4</sup> Totoo ito kahit na ang ilan sa mga anak nila’y nagiging suwail o makamundo. Isinisilang ang mga sanggol sa mundong ito na may sariling espiritu at pag-uugali. May ilang anak “na malaking hamon sa sinumang magulang sa anumang kalagayan. . . . Marahil mayroon ding magbibigay pagpapala sa buhay, at magiging kagalakan, sa sinumang ama o ina.”<sup>5</sup> Ang matatagumpay na magulang ay ang mga nagsasakripisyo at sisinikap gawin ang lahat anumang kalagayan ng kanilang pamilya.

Ang tindi ng pagmamahal ng mga magulang sa kanilang mga anak ay hindi masusukat. Walang katulad ang relasyon ng magulang at ng anak. Ito’y higit pa sa pagpapahalaga sa sariling buhay. Ang pagmamahal ng magulang sa kanyang anak ay walang maliw at kaya nitong tiisin ang kalungkutan at sama ng loob. Lahat ng magulang ay umaasa at dumadalangin na gagawa ng tamang pasiya ang kanilang mga anak. Ang mga anak na masunurin at responsable ay magbibigay sa kanilang mga magulang ng walang humpay na karangalan at kasiyahan.

Ngunit paano kung ang mga anak na tinuruan ng matatapat at mapagmahal na

magulang ay naghimagsik o nangaligaw? May pag-asa pa ba? Ang kalungkutan ng isang magulang sa rebeldeng anak ay halos hindi mapawi. Ang ikatlong anak ni Haring David, si Absalom, ay pinatay ang isa niyang kapatid at pinamunuan ang paghihimagsik laban sa kanyang ama. Si Absalom ay pinatay ni Joab. Nang mabalitaan ang pagkamatay ni Absalom, tumangis si Haring David at ipinahayag ang kanyang kalungkutan: “Oh anak ko Absalom, anak ko, anak kong Absalom! mano nawa ay ako ang namatay sa kahalili mo, Oh Absalom, anak ko, anak ko!”<sup>6</sup>

Ang pagmamahal na ito ng isang ama ay inilalarawan sa talinghaga ng alibughang anak. Nang umuwi ang rebeldeng anak matapos waldasin ang kanyang mana sa magulong pamumuhay, kinatay ng ama ang isang pinatabang guya at ipinagdiwang ang pagbabalik ng alibugha, at sinabi sa masunurin ngunit nagagalit na anak, “Datapuwa’t karapat-dapat na mangagkatuwa at mangagsaya tayo: sapagka’t patay ang kapatid

mong ito, at muling nabuhay; at nawala at nasumpungan.”<sup>7</sup>

Naniniwala ako at tanggap ko ang naka-aalong pahayag ni Elder Orson F. Whitney [1855–1931]:

“Sinabi ni Propetang Joseph Smith—at ito ang doktrinang itinuro niya na higit na nagbibigay-aliw—na ang walang hanggang pagkakabuklod ng matatapat na magulang at ang banal na mga pangako dahil sa magiting nilang paglilingkod sa Gawain ng Katotohanan, ay magliligtas hindi lamang sa kanila, kundi maging sa kanilang mga inapo. Bagama’t naliligaw ang ilan sa mga tupa, ang mga mata ng Pastol ay nakatuon sa kanila, at sa malao’t madali ay madarama nila ang mga galamay ng Banal na Maykapal na tumutulong at umaakay sa kanila pabalik sa kawan. Maging sa buhay na ito, o sa kabila, sila ay babalik. Kailangan nilang bayaran ang hinihingi ng katarungan; pagdusahan ang kanilang mga kasalanan; at marahil tatahakin nila ang matinik na landas; ngunit kung sa wakas ay

***Ang pagmamahal ng magulang sa kanyang anak ay walang-maliw at kaya nitong tiisin ang kalungkutan at sama ng loob. Lahat ng magulang ay umaasa at dumadalangin na gagawa ng tamang pasiya ang kanilang mga anak.***



*Ang alibughang anak ay muling tinanggap ng kanyang pamilya, ngunit ubos na ang mana niya. Hindi maaaring manaig ang habag sa katarungan, at ang kapangyarihan ng pagkakabuklod ng matatapat na magulang ay maaari lamang makasagip sa nangaliligaw na mga anak batay sa kanilang pagsisisi at sa Pagbabayad-Sala ni Cristo.*



ihatid sila nito, gaya ng nagsising Alibugha, pabalik sa mapagmahal at mapagpatawad na puso at tahanan ng ama, ang masakit na karanasan ay hindi nasayang. Ipanalangin ang inyong walang-ingat at suwail na mga anak; pangalagaan sila sa pamamagitan ng inyong pananampalataya. Patuloy na umasa, patuloy na manalig, hanggang sa makita ninyo ang kaligtasan ng Diyos.”<sup>8</sup>

Ang alituntunin sa pahayag na ito na madalas makaligtaan ay ang dapat silang ganap na magsisi at “pagdusahan ang kanilang mga kasalanan” at “bayaran ang hinihingi ng katarungan.” Batid kong ngayon ang panahon upang “maghanda sa pagharap sa Diyos.”<sup>9</sup> Kapag ang pagsisisi ng naligaw na mga anak ay hindi magaganap sa buhay na ito, maaari bang maging sapat ang tibay ng bigkis ng pagbubuklod upang makapagsisi pa rin sila? Sinasabi sa atin sa Doktrina at mga Tipan:

“Ang mga patay na magsisisi ay matutubos, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ordenansa ng bahay ng Diyos,

“At pagkatapos nilang mabayaran ang kaparusahan ng kanilang mga kasalanan, at mahugasang malinis, ay tatanggap ng gantimpala alinsunod sa kanilang mga gawa, sapagkat sila ay mga tagapagmana ng kaligtasan.”<sup>10</sup>

Magugunita nating winaldas ng alibughang anak ang kanyang mana at nang maubos iyon lahat ay bumalik siya sa bahay ng kanyang ama. Doon muli siyang tinanggap ng kanyang pamilya, ngunit ubos na ang mana niya.<sup>11</sup> Hindi maaaring manaig ang habag sa katarungan, at ang kapangyarihan ng pagkakabuklod ng matatapat na magulang ay maaari lamang makasagip sa nangaliligaw na mga anak batay sa kanilang pagsisisi at sa Pagbabayad-Sala ni Cristo. Kakamtin ng nagsising nangaligaw na mga anak ang kaligtasan at lahat ng pagpapalang kaakibat nito, ngunit ang kadakilaan ay higit pa rito. Ito’y kailangang ganap na paghirapan. Ang tanong sa kung sino ang tatanggap ng kadakilaan ay dapat na ipaubaya sa Panginoon ayon sa Kanyang habag.

May ilan na ang nagawang kasamaan ay lubhang napakalaki kung kaya't dahil "sa bigat ng kanilang kasalanan ay hindi na sila makapagsisisi."<sup>12</sup> Ang paghatol na ito ay dapat ding ipaubaya sa Panginoon. Sinabi Niya sa atin, "Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kina-kailangang magpapatawad sa lahat ng tao."<sup>13</sup>

Marahil sa buhay na ito ay hindi natin ganap na maunawaan kung gaano katibay ang mga bigkis ng pagkakabuklod ng matatapat na mga magulang sa kanilang mga anak. Marahil may iba pang mga puwersang tumulong dito na hindi natin batid.<sup>14</sup> Naniniwala akong may malakas na impluwensya pa rin sa atin ang minamahal nating mga ninuno na nasa kabilang panig ng tabing.

Napansin ni Pangulong Howard W. Hunter [1907–95] na "ang pagsisisi ay ang pangungulila ng kaluluwa, at ang walang patid at maingat na pangangalaga ng magulang ang pinakamainam na halimbawa ng walang maliw na pagpapatawad ng Diyos." Hindi ba ang pamilya ang pinakamalapit na halimbawa na hinangad na maitatag ng misyon ng Tagapagligtas?<sup>15</sup>

Marami sa mga bagay ukol sa pagiging magulang ang natutuhan natin sa sarili nating mga magulang. Lalong napapamahal sa akin si Itay kapag siya'y mabait, matiisin, at maunawain. Nang masira ko ang aming kotse magiliw niya akong pinatawad. Ngunit makakaasa kaming mga anak niya sa mabagsik na pagdisiplina kapag hindi kami nagsabi ng buong katotohanan o kaya'y patuloy na lumabag sa mga patakaran, lalo kapag nakitaan kami ng kawalan ng paggalang sa aming ina. Mahigit limampung taon nang pumanaw ang aking ama, ngunit hinahanap ko pa rin ang paglapit sa kanya para makatanggap ng matalino at mapagmahal niyang pagpapayo. Inaamin kong nagdududa ako minsan sa payo niya sa akin, pero hindi ako kailanman nag-alinlangan sa kanyang pagmamahal. Ayaw na ayaw kong pasamain ang loob niya.

Ang mahalagang bagay na magagawa ng mga magulang ay ang magbigay ng magiliw



ngunit mahigpit na pagdisiplina. Kapag hindi natin didisiplinahin ang ating mga anak, maaaring lipunan ang magdisiplina sa kanila sa paraang hindi natin gusto o ng ating mga anak. Bahagi ng pagdisiplina sa mga anak ang turuan silang magtrabaho. Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley [1910–2008]: "Isa sa mga pinakapinahahalagahan natin . . . ay ang matapat na pagtatrabaho. Ang kaalaman na walang paggawa ay walang silbi. Ang kaalamang may kasamang paggawa ay henyo."<sup>16</sup>

Lumalaganap ang mga bitag ni Satanas, at lalong humihirap ang pagpapalaki sa mga anak dahil dito. Kaya kailangang gawin ng mga magulang ang lahat at gamitin ang tulong na maibibigay ng mga aktibidad ng Simbahan. Kapag mali ang kilos ng mga magulang o malihis nang kahit kaunti, maaari itong gamitin ng ilan sa kanilang mga anak para bigyang katwiran ang mga ginagawa nila.

Ngayon may isa pang bagay na dapat banggitin. Nakikiusap ako sa mga anak na nalalayo sa kanilang mga magulang na lumapit sa kanila, kahit na ang inyong mga magulang ay hindi naging kasing-buti gaya ng nararapat mangyari. Ang mga anak na mapamintas sa mga magulang nila ay dapat gunitain ang matalinong payo ni Moroni nang sabihin niyang, "Huwag ninyo akong hatulan dahil sa aking kahinaan, ni ang aking ama, dahil sa kanyang kahinaan, ni sila na

***Ang mabubuting magulang ay mapagmahal, mapanalangin at masigasig na nagsisikap turuan ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng halimbawa at pangangaral "na manalangin, at mag-silakad nang matuwid sa harapan ng Panginoon." Totoo ito kahit na ang ilan sa mga anak nila ay suwail o makamundo.***

*Nakikiusap ako sa mga anak na nalalayo sa kanilang mga magulang na lumapit sa kanila. . . . Umaasa akong sa huli'y babaling ang puso ng mga anak sa kanilang mga ama at pati na rin sa kanilang mga ina.*



naunang sumulat sa kanya; kundi magbigay-pasalamat sa Diyos na kanyang ipinaalam sa inyo ang aming mga kahinaan nang inyong matutuhan na maging higit na matatalino kaysa amin noon.”<sup>17</sup>

Nang dalawin ni Moroni ang batang Pro-petang si Joseph Smith noong 1823, binanggit niya ang sumusunod na talata hinggil sa misyon ni Elijah: “At kanyang itanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay babaling sa kanilang mga ama.”<sup>18</sup> Umaasa akong sa huli'y babaling ang puso ng mga anak sa kanilang mga ama at pati na rin sa kanilang mga ina.

Isang pambihirang mag-asawa na nakilala ko noong aking kabataan ang may suwail na anak na lalaki at lumayo sa kanyang pamilya. Ngunit sa paglipas ng panahon, nakipagkasundo ito sa kanila at naging pinakamapagmahal at matulungin sa lahat ng kanilang mga anak. Habang tumatanda tayo, mas malakas nating nadarama ang impluwensya ng ating mga magulang at lolo at lola sa kabilang tabing. Magandang karanasan kapag dinadalaw nila tayo sa ating mga panaginip.

Hindi makatuwiran at hindi mabuti ang hatulan ang masigasig at matatapat na mga magulang dahil ang ilan sa kanilang mga anak ay naghihimagsik o lumilihis mula sa mga turo at pagmamahal ng kanilang mga magulang. Mapapalad ang mga mag-asawa na may mga anak at apo na nagdudulot sa kanila ng ginhawa at kasiyahan. Dapat na maging maunawain tayo sa mga yaong karapat-dapat at matutuwid na mga magulang na naghihirap at nagdurusang dahil sa kanilang suwail na mga anak. Isa sa mga kaibigan ko ang nagsabi, “Kung hindi ka pa nagkakaroon ng problema sa iyong mga anak, maghintay-hintay ka lang.” Walang sinumang makapagsasabi kung ano ang gagawin ng kanilang mga anak sa ilang tiyak na kalagayan. Kapag nakakakita ang matalino kong biyenang babae ng mga batang suwail, sinasabi niyang, “Hindi ko sinasabing hindi gagawa ng ganyan ang mga anak ko dahil baka habang sinasabi ko ito ay

ginagawa na nila ang ganoon!” Kapag nagdadalamhati ang mga magulang dahil sa mga suwail at naliligaw na mga anak, mahabag tayo at “ipagbawal ang pagpukol ng unang bato.”<sup>19</sup>

Isang miyembro ng Simbahan na hindi nagpakilala ang lumihang tungkol sa sakit ng ulong dulot ng kanyang kapatid na lalaki sa kanilang mga magulang. Nalulong ito sa droga. Nagmatigas siya at ayaw papigil at padingiplina. Siya’y mapandaya at palabán. Hindi tulad ng alibughang anak, ang naliligaw ng landas na anak na ito’y hindi kusang umuwi. Sa halip, nahuli siya ng mga pulis at napilitan siyang harapin ang naging bunga ng kanyang mga ginawa. Dalawang taon sinuportahan ng kanyang mga magulang ang pagpapagamot at rehabilitasyon ni Bill hanggang sa makabawi siya sa adiksiyon sa droga. Bilang buod, sinabi ng kapatid na babae ni Bill: “Sa tingin ko’y talagang pambihira ang mga magulang ko. Hindi kailanman nagbago ang pagmamahal nila kay Bill, bagamat hindi sila sang-ayon sa mga ginawa nito at namumuhi sa ginawa nito sa sarili at sa kanyang pamilya. Ngunit nangako silang susuportahan si Bill sa anumang paraang kailangan para mahango siya sa kasamaan at bumuti ang kanyang kalagayan. Ipinamumuhay nila ang mas malalim, mas sensitibo, at malawak na ebanghelyo ni Cristo sa pamamagitan ng pagmamahal sa isang taong naligaw ng landas.”<sup>20</sup>

Huwag tayong magyabang sa halip buong kababaang magpasalamat kung ang ating mga anak ay masunurin at magalang sa ating mga turo at sa mga paraan ng Panginoon. Sa nagdurusang mga magulang na naging mabuti, masikap, at madasalin sa pagtuturo sa kanilang suwail na mga anak, sinasabi namin sa inyo, binabantayan sila ng Mabuting Pastol. Batid at nauunawaan ng Diyos ang matindi ninyong hapis. May pag-asa. Magkaroon ng ginhawa sa mga salita ni Jeremias: “Gagantihan ang iyong mga gawa” at ang inyong mga anak ay “magsisibalik na mula sa lupain ng kaaway.”<sup>21</sup> Ito ang patotoo ko’t dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Jeremias 31:15–16.
2. Doktrina at mga Tipan 68:25.
3. Doktrina at mga Tipan 68:28.
4. Doktrina at mga Tipan 68:28.
5. Howard W. Hunter, “Parents’ Concern for Children,” *Ensign*, Nob. 1983, 65.
6. II Samuel 18:33.
7. Lucas 15:32.
8. Orson F. Whitney, sa Conference Report, Abr. 1929, 110.
9. Alma 34:32.
10. Doktrina at mga Tipan 138:58–59.
11. Tingnan sa Lucas 15:11–32.
12. Alonzo A. Hinckley, sa Conference Report, Okt. 1919, 161.
13. Doktrina at mga Tipan 64:10.
14. Tingnan sa John K. Carmack, “When Our Children Go Astray,” *Liahona*, Mar. 1999, 28–37.
15. *The Teachings of Howard W. Hunter*, ed. ni Clyde J. Williams (1997), 32.
16. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 704.
17. Mormon 9:31.
18. Joseph Smith—Kasaysayan 1:39.
19. Harold B. Lee, *Decisions for Successful Living* (1973), 58.
20. “With Love—from the Prodigal’s Sister,” *Ensign*, Hunyo 1991, 19.
21. Jeremias 31:16.

**Mapapalad ang mga mag-asawa na may mga anak at apo na nagdudulot sa kanila ng ginhawa at kasiyahan. Dapat na maging maunawain tayo sa mga yaong karapat-dapat at matutuwid na mga magulang na naghahirap at nagdurusang dahil sa kanilang suwail na mga anak.**



PAGPAPATATAG  
NG  
**Pamilya at  
ng Simbahan**  
SA PAMAMAGITAN NG PRIESTHOOD

*Ang mga magulang, pamilya, at indibiduwal ay pinagpapala kapag pinag-aralan at tinalakay nila ang mga inspiradong mensaheng ito.*

**Ni Richard M. Romney**

Mga Magasin ng Simbahan

**N**aaalala ba ninyo ang mga pangakong ito? Maaaring narinig na ninyo ito sa mga halaw sa video na ipinalabas sa isang council meeting, isang ikalimang Linggong miting, o sa isang aralin sa Relief Society o priesthood quorum. O maaaring natalakay na ninyo ang mga ito sa isang family home evening. Ang mga pangako ay:

- Ang mga mag-asawa ay magkakaisa.
- Ang mga ama at ina ay maglalaan ng mas magandang espirituwal na pamumuno sa kanilang pamilya.
- Ang mga kabataan ay magiging handang gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan at maglingkod sa Panginoon bilang mga full-time missionary at sa buong buhay nila.
- Ang mga miyembrong walang asawa ay susupportahan, tatanggap ng mga pagpapala ng priesthood sa kanilang tahanan, at magiging lubos na abala sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.
- Ang mga korum at council ay magtutulungan sa paglilingkod sa mga anak ng Ama sa Langit.
- Tatatag ang Simbahan.

Ang mga pangakong iyon ay ginawa noong Marso nang ipalabas ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ang mga mensahe sa isang DVD na pinamagatang *Pagpapatatag ng Pamilya at ng Simbahan sa pamamagitan ng Priesthood*. Noong mga oras na iyon, ang mga ward at stake council ay inanyayahang pag-aralan ang mga mensahe at pagkatapos ay pag-usapan kung paano gamitin ang mga ito. Kasabay nito, ang mga pamilya ay inanyayahang panoorin ang mga video segment online sa <http://wwlt.lds.org> gayundin ang mas maiikling halaw kapag nagkaroon na ng mga ito. Ang mga lider at guro ay hinikayat na bigyan ng pagkakataon ang mga miyembro na mapanood ang mga segment sa mga miting at klase at ibahagi ang kanilang sariling mga impresyon, karanasan, at patotoo ayon sa paramdam ng Espiritu. Ang mga magulang ay inanyayahang gawin din iyon sa bahay kasama ang kanilang pamilya.

“Tuturuan ng Espiritu Santo ang mga miyembro kung paano sila mapapalakas ng kapangyarihan ng priesthood sa kanilang sariling mga tungkulin at responsibilidad,” sabi sa segment na “Paano Gamitin ang Pagsasanay na Ito.”



## SAAN MATATAG- PUAN ANG MGA VIDEO AT RESOURCE

### Aktibong mga Talakayan

Bagama't tatlong buwan nang inilabas ang mga mensahe, ang pag-aaral at mga talakayan—at ang kaakibat na mga pagpapala—ay patuloy ngayon, at ang pamamaraang ito ay isang bagong paraan ng paglalaan ng pagsasanay sa Simbahan. Di-tulad ng dating pagsasanay, na una sa lahat ay isang minsanang brodkast para sa mga lider ng ward at stake, ang pagsasanay na ito ay nilayong maging tuluy-tuloy. Kaya nga naka-post ang mga video segment online sa [wwlt.lds.org](http://wwlt.lds.org). Isang kaugnay na site, [leadershiplibrary.lds.org](http://leadershiplibrary.lds.org), ang naglalaan ng link sa mga video at ng karagdagang mga resource para tulungan

ang mga pamilya, indibiduwal, korum, klase, at council na mapalalim ang kanilang pang-unawa at maipamuhay ang natutuhan nila.

Bawat video segment ay nakatuon sa iba't ibang aspeto ng priesthood. Ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol, kasama ang iba pang mga General Authority at pangkalahatang opisyal, ay nagbibigay ng inspiradong tagubilin tungkol sa:

- Kung paano maaaring makatagpo ng katatagan at kapayapaan ang mga pamilya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood.

Ang mga video segment at suportang materyal ay makukuha sa <http://wwlt.lds.org>. Sa pag-access ng mga segment mula sa Internet sa isang meetinghouse, hinihi-kayat ang mga lider na i-download at ipalabas ang mga ito sa computer sa halip na umasa sila sa Internet connection sa meetinghouse.



- Kung paano matutulungan ang bawat pamilya na makatanggap ng mga pagpapala ng priesthood.
- Kung paano patatag ng mga may hawak ng mga susi ng priesthood ang mga tahanan at pamilya.
- Kung paano maglilingkod sa paraang katulad ng kay Cristo.
- Kung paano palalaking ang mga anak sa liwanag at katotohanan.

Marami sa mga alituntunin ng ebanghelyo na tampok sa *Pagpapatatag ng Pamilya at ng Simbahan sa pamamagitan ng Priesthood* ang itinuturo din sa *Handbook 2: Administering the Church*, kaya ang pagrerepaso ng impormasyon mula sa hanbuk ay maaaring makatulong sa pag-aaral at talakayan. Ang pagrerepaso ng “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” ay maaari ding makatulong.

Iपालिwanag ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na ang mga mensahe sa *Pagpapatatag ng Pamilya at ng Simbahan sa pamamagitan ng Priesthood* ay “layon[g] . . . tulungan tayong matuto, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, kung paano nais ng Ama sa Langit na maglingkod tayo, lalo na sa pamilya.” Iyan ang pinakamabisang bahagi ng

pagsasanay—ang sinasabi sa isang video segment ay hindi kasinghalaga ng itinuturo sa atin ng Espiritu Santo kapag pinagnilayan at pinag-usapan natin ang mga alituntuning itinuro.

### Saan Magbabahagi

Lahat ng lider, miyembro, at pamilya ay dapat bigyan ng pagkakataong marinig at talakayin ang mga mensahe sa *Pagpapatatag ng Pamilya at ng Simbahan sa pamamagitan ng Priesthood*, sa DVD man o online.

Ang mga mensahe ay nagpapala sa mga pamilya kapag ginagamit nila ito sa mga home evening at iba pang mga sitwasyon sa pamilya. Tatal, ang mga mag-asawa naman ay pantay na magkatuwang sa pamumuno sa kanilang mga anak. “Maaaring may mga pagkakataon na kailangan ng isang ama o ina na magturo ng alituntunin, at maaari nilang magamit ang resource na ito habang sinisikap nilang tulungan ang kanilang anak,” paliwanag ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol sa segment na pinamagatang “Ito ang Kanyang Gawain.” At idiniin ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol na “mahalaga man ang turo ng isang priesthood adviser o Young Women adviser sa Simbahan—at nawa’y napakapektibo nito—hindi

## IPINROPESYANG MGA ALITUNTUNIN MULA SA PAGESASANAY

Ang mga video segment na nasa *Pagpapatatag ng Pamilya at ng Simbahan sa pamamagitan ng Priesthood* ay puno ng di-malilimitang mga turo. Narito ang ilan sa mga ito mula sa mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

Si **Elder L. Tom Perry**, nang mamuno sa isang talakayan tungkol sa mga susi ng priesthood, ay nagpatotoo na “Simbahan ng Tagapagligtas ang kinabibilangan natin. Siya ang namumuno at gumagabay at nag-aatas sa Kanyang propeta sa mundo. Wala akong pag-aalinlangan na Siya ang pinuno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.”

Itinuro ni **Elder Russell M. Nelson** na “wala nang mas mahalaga pa sa mga magiging misyonero kaysa ang madama ang mabuting impluwensya ng priesthood sa kanilang mga tahanan at matamasa ang mga pagpapala nito sa kanilang buhay.”

Nagpayo si **Elder Dallin H. Oaks** na “ang kapangyarihan ng priesthood ay nakabatay sa pagiging matwid ng isang tao” at na pinagpapala ng kapangyarihan ng priesthood “kapwa ang kalalakihan at kababaihan.” Sinabi niya na ang pamilya ang “huwaran at tagapaghanda . . . sa kadakilaan sa kahariang selestiyal.”

At nagpatotoo si **Elder M. Russell Ballard** na “ibinuklod ng awtoridad ng priesthood ang mga pamilya sa pamamagitan ng mga ordenansa ng pagbubuklod sa bahay ng Panginoon.” Ipinayo rin niya na “kailangan ng mga kapatid na namumuno sa mga ward at stake na maging bahagi ng lakas na naidudulot ng kababaihan ng Simbahan sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.”



**Ang mga mensaheng itinuturo sa Pagpapatatag ng Pamilya at ng Simbahan sa pamamagitan ng Priesthood ay maaaring ibahagi sa iba't ibang sitwasyon, tulad ng mga stake at ward council.**

maaari na maging mas epektibo pa iyan sa halimbawa ng isang ina o ama.”

Sa mga sitwasyon sa Simbahan, ang mga mensahe ay magagamit sa mga stake presidency at bishopric meeting; mga stake at ward council meeting; mga priesthood executive committee meeting; mga stake auxiliary training meeting; mga presidency meeting, kabilang na ang mga Aaronic Priesthood quorum presidency at Young Women class presidency; pinagsamang mga priesthood at Relief Society meeting sa ikalimang Linggo; mga quorum meeting at auxiliary class tuwing Linggo; mga stake o district conference meeting (hindi sa pangkalahatang sesyon sa araw ng Linggo); at mga ward o branch conference meeting (hindi sa sacrament meeting).

Maaaring isama sa mga talakayan ang pagpapatatag sa mga kabataan at young single adult. Maaaring gumawa ng mga assignment ang mga lider batay sa mga talakayang ito at regular na mag-follow up sa mga assignment sa mga council meeting.

Ang layunin ng pag-aaral at pagtalakay ng mga mensaheng ito ay para tulungan ang mga indibiduwal at pamilya na palakasin ang kanilang pananampalataya, patibayin ang kanilang patotoo, at palalimin ang kanilang pagbabalik-loob sa ebanghelyo ni Jesucristo.

“Para sa ating kaligtasan at tagumpay, kailangan lamang nating iakma ang ating layunin at saloobin sa nais ng Diyos at gayundin sa Kanyang kapangyarihan,” sabi ni Pangulong Eyring. Ang mga mensaheng ito ay “gagabay at hihikayat sa atin na gawin ang pag-aakmang iyan at hikayatin ang iba na gayon din ang gawin.”

Ang segment na “Ministering” ay nagbibigay ng mabibisang halimbawa ng mga lider ng priesthood

sa pagbisita sa mga indibiduwal at pamilya, na ipinapakita kung paano makatutulong ang gayong mga pagbisita sa pagsagip sa di-gaanong aktibong mga miyembro.

“Habang iniisip natin ang tungkuling tulongan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina, hindi natin talaga magagawa iyan sa mas mabuting paraan kung hindi natin bibisitahin mismo sa bahay ang isang tao, at ibibigay ang paglilingkod na ito at ang huwarang ginamit ni Jesucristo,” sabi ni Presiding Bishop Gary E. Stevenson sa segment na “Ito ang Kanyang Gawain.” “Palagay ko makikinabang lang tayo nang husto kapag tinalakay at natutuhan natin ito, at pagkatapos ay humayo [tayo] at ginawa ito,” wika niya.

### **Lakas at Kapayapaan**

Sa pagpapatuloy ng pagsasanay na ito sa buong Simbahan, mabibiyayaan ang mga miyembro kapag ipinamuhay nila ang itinuturong mga alituntunin ng ebanghelyo. “Lahat ng anak na lalaki at babae ng Diyos ay mabibiyayaan kung susundin nila ang mga turo at halimbawa sa mga presentasyong ito,” sabi ni Elder Ballard.

Sa pamamagitan ng priesthood, ang mga mag-asawa, ama at ina, kabataan, miyembrong walang asawa, korum, at council ay naglilingkod sa iba at nagkakaroon ng inspirasyon kapag sinunod nila ang halimbawa ni Jesucristo. Habang patuloy nilang ginagawa ito, ang mga pangako sa *Pagpapatatag ng Pamilya at ng Simbahan sa pamamagitan ng Priesthood* ay matutupad. Makikita ng mga miyembro ang katuparan ng pangako ni Pangulong Eyring sa huling video segment: na maging sa mga panahon ng pagsubok, “ang ating mga pamilya ay magiging matatag at payapa.” ■



Siyam na




PAGLALARAWAN NIINA CRAIG DIMOND AT CODY BELL © IRI

# Alituntunin

PARA SA ISANG MAAYOS  
NA PAGSASAMAHAN NG  
MAG-ASAWA AT PAMILYA

Ni Jennifer Grace Jones  
Mga Magasin ng Simbahan



**P**inagpapasyahan ni Amy Adams ng Washington, USA, kung aling mga aktibidad ang pinakamainam para sa kanyang tatlong maliliit na anak nang magbago ang kanyang isip dahil sa pag-uusap nila ng kanyang ina. “Ano kaya kung bigyan mo ang iyong mga anak ng isang bagay na mas mainam kaysa training sa sports o sayaw?” sabi ng ina ni Amy. “Ano kaya kung sa pananatili nila sa bahay, ay matutuhan nilang lalo pang madama ang Espiritu?” Pagkatapos ipinaalala sa kanya ng kanyang ina ang itinuro ni Pangu-long Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, tungkol sa bisa ng pagtutuong sa pinakamahalagang pakikipag-ugnayan sa buhay (halimbawa, tingnan sa “Sa mga Bagay na Pinakamahalaga,” *Liahona*, Nob. 2010, 19–22).

Ipinagdasal at pinag-isipan ng mag-asawang Amy at Brett ang payong ito at nadamang magandang ideya para sa kanilang pamilya ang magsama-sama nang mas maraming oras sa kanilang tahanan. Sa loob ng isang taon, pinili nilang huwag sumali sa sayaw at sports; sa halip nagluto at naghanda sila ng mga pagkain, pinag-aralan ang mga awitin sa Primary, bumisita sa mga museo, at naglaro sa labas. “Nadama ng aming mga anak ang Espiritu . . . dahil nag-ukol kami ng oras na huminto at makinig,” sabi ni Amy. Maaaring hindi manguna ang kanilang mga anak sa sports at sayaw, “ngunit nagkaroon sila ng patotoo tungkol sa Tagapagligtas,” ang sabi niya.

Nagdasal sina Amy at Brett upang malaman kung paano nila susundin ang payo ng mga propeta sa ating panahon, at sa paggawa nito nakatanggap sila ng inspirasyon para sa kanilang pamilya. Sinabi ni Amy na ang inspirasyong ito ay humantong sa kanyang “pinakamasayang sandali bilang isang ina.”

Sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” ibinalangkas ng mga propeta sa ating panahon ang siyam na pangunahing alituntunin para magkaroon ng matatatag na pamilya na nakasentro sa ebanghelyo: “Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan” (*Liahona*, Nob. 2010, 129). Ang sumusunod na mga turo mula sa mga lider ng Simbahan, ang mga halimbawa mula sa buhay ni Jesucristo, at mga larawan ay mas magpapaunawa sa atin tungkol sa siyam na alituntunin at paraang ito na maaari nating ipamuhay.

## PANANAMPALATAYA



**“Ang pananampalataya ay matibay na paniniwala at pananalig kay Jesucristo na umaakay sa isang tao upang sumunod sa kanya.”**

Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Pananampalataya,” scriptures.lds.org.

## Mula sa mga Lider ng Simbahan

“**B**ilang mga magulang, iniutos sa Bating turuan ang ating mga anak ‘na maunawaan ang doktrina ng . . . pananampalataya kay Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos’ (D at T 68:25). . . .

“Wala nang iba pang bagay na lubos tayong nakatitiyak. Wala nang iba pang saligan sa buhay na makapagdudulot ng gayunding kapayapaan, kagalakan, at pag-asa. Sa walang katiyakan at mahihirap na panahon, ang pananampalataya ay tunay na isang espirituwal na kaloob na karapat-dapat nating pagsikapang mabuti. Mabibigyan natin ang ating mga anak ng edukasyon, mga aral, pagkakataong makasali sa sports, sa sining, at materyal na mga bagay, ngunit kung hindi natin sila mabibigyan ng pananampalataya kay Jesucristo, kaunti lang ang naibigay natin.”

Elder Kevin W. Pearson ng Pitumpu, “Pananampalataya sa Panginoong Jesucristo,” *Liahona*, Mayo 2009, 38–39.



## PAGSISISI




**“Ang pagsisisi ay nangangahulugan na ang isang tao ay tumatalikod sa kasalanan at itinutuon ang kanyang puso at kalooban sa Diyos.”**

Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Magsisi, Pagsisisi,” scriptures.lds.org.

## Mula sa mga Lider ng Simbahan

“**A**ng ngayon ay palaging mas magandang araw para magsisi kaysa anumang bukas. Kahit na mapatawad tayo pagkaraan ng ilang taon, hindi maaaring maibalik ng Panginoon ang sana’y mabubuting epekto ng pagsisisi ngayon sa ating mahal sa buhay at pagsisilbihan. Lalong matindi iyan sa mga magulang ng mga kabataan. May mga pagkakataong maaaring hubugin at iangat ang espiritu ng ating mga anak sa murang edad na iyan na maaaring hindi na kailanman dumating. Subalit maging ang mga lolo na maaaring nawalan ng pagkakataon sa kanyang mga anak, sa pagpili na magsisi ngayon, ay magagawa sa kanyang mga apo ang mga bagay na ginawa niya sana sa kanilang mga magulang.”

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Huwag Ipagpaliban,” *Liahona*, Ene. 2000, 40.





MULA KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NINA CRAIG DIMOND, CODY BELL, CHRISTINA SMITH © IRI; ANG PANGMOONG JESUCRISTO NI DEL PARSON © IRI


## Mula sa Buhay ni Jesucristo

**N**ang tapusin ng Tagapagligtas ang unang araw ng Kanyang ministeryo sa mga Nephita, minasdan Niya ang mga mukha ng mga tao at nakita na “sila ay luhaan, at nakatitig sa kanya na waring kanilang hinihiling sa kanya na magtagal pa nang kaunti sa kanila.” Siya ay napuspos ng pagkahabag at sinabing, “Mayroon bang may karamdaman sa inyo? . . . Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin.”

Nagsilapit nga ang maraming tao kasama ang kanilang may-sakit, at isa-isa silang pinagaling ni Jesus. At silang lahat—2,500 kalalakihan, kababaihan, at mga bata—ay lumuhod sa paanan ni Jesus at sinamba Siya.

At pagkatapos iniutos ng Tagapagligtas na dalhin sa Kanya ang maliliit na bata at inutusan ang mga tao na lumuhod. Lumuhod Siya sa gitna ng mga bata at nagsimulang manalangin. Ang mga tao ay napuspos ng kagalakan matapos marinig ang Kanyang panalangin, at ganito ang kaniyang patotoo: “Kailanman ay hindi pa nakita ng mata, ni narinig ng tainga, ang gayong kadakila at kagila-gilalas na bagay na aming nakita at narinig na winika ni Jesus sa Ama.” (Tingnan sa 3 Nephi 17:1–17.)


## PANALANGIN



**“Ang panalangin ang hakbang kung saan ang kalooban ng Ama at ang kalooban ng anak ay nagkakaroon ng ugnayan sa isa’t isa. Ang pakay ng panalangin ay hindi upang baguhin ang kalooban ng Diyos, kundi upang maisiguro sa ating sarili at sa iba ang mga pagpapala na nais ng Diyos na ipagkaloob, ngunit kinakailangan nating hilingin upang matanggap.”**

Bible Dictionary, “Prayer.”

## PAGPAPATAWAD



**“Ang magpatawad ay nangangahulgan ng isa sa dalawang bagay: (1) Kapag pinatatawad ng Diyos ang mga tao, kinakansela niya o isinasaisantabi ang kaukulang parusa para sa kasalanan. . . . (2) Habang pinatatawad ng mga tao ang isa’t isa, pinakikitunguhan nila ang isa’t isa nang may pag-ibig na katulad ng kay Cristo.”**

Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Magpatawad,” scriptures.lds.org.

utang?” Sumagot si Simon na marahil ay yaong pinatawad na may malaking utang. At lumingon si Jesus sa babae at sinabi kay Simon, “Nakikita mo baga ang babaing ito? . . . Ipinatatawad ang kaniyang maraming kasalanan; sapagka’t siya ay umibig ng malaki: datapuwa’t sa pinatatawad ng kaunti, ay kakaunti ang pagibig.” Pagkatapos nangako Siya sa babae, “Ipinatatawad ang iyong mga kasalanan. . . . Iniligtas ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang payapa.” (Tingnan sa Lucas 7:36–50.)

### Mula sa mga Lider ng Simbahan

“Alalahanin, karaniwan ang pangyayaring ito sa mga na-roon sa langit: Sila ay pinatawad. At sila ay nagpapatawad.”

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Ang Mahabagin ay Kahahabagan,” *Liahona*, Mayo 2012, 77.

### Mula sa Buhay ni Jesucristo

Isang Fariseo na nangganga-lang Simon ang nag-imbita sa Tagapagligtas na maghapunan. Samantalang sila’y nagsisikain, isang babae na kilala sa lungsod bilang makasalanan ang lumapit kay Jesus at tumayo sa malapit na nananangis. Lumuhod siya sa paanan ng Tagapagligtas at hinugasan ang mga ito ng kanyang mga luha, pinunasan gamit ang kanyang buhok at pinahiran ng unguento. Minasdan ni Simon ang babae at inisip na, “Ang taong ito, kung siya’y isang propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing ito na sa kaniya’y humihipo.”

Bumaling ang Tagapagligtas kay Simon at nagturo sa kanya ng isang talinghaga:

“Isang may pautang ay may dalawang may utang sa kaniya: at ang isa’y may utang na limang daang denario, at ang isa’y limangpu.

“Nang sila’y walang maibayad, ay kapuwa pinatawad sila.”

Pagkatapos ay tinanong ni Jesus si Simon, “Alin sa [may mga utang] ang lalong iibig sa [nagpa-

MULA KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NINA STEVE BUNDERSON, DAVID WINTERS, AT MATTHEW REER, HINDI MAABRANG KOPYAHIN; DETALYE MULA SA HINUHUGASAN NI JESUS ANG MGA PAA PAA NG MGA APOSTOL, NI DEL PARSON © IRI







### Mula sa Buhay ni Jesucristo

Sa gabi bago Siya ipako sa Krus at sa mga oras bago magdusa sa Getsemani, nakibahagi si Jesucristo sa huling Paskua kasama ang Kanyang mga Apostol. Nang matapos ang hapunan, alam ni Jesus “na dumating na ang kaniyang oras ng paglipat niya mula sa sanglibutang ito hanggang sa Ama, sa pagkaibig sa mga kaniya na nangasa sanglibutan.” Tumayo ang Tagapagligtas mula sa pagkain ng hapunan at ibinigkis ang tuwalya. Pinuno Niya ng tubig ang palanggana at hinugasan ang mga paa ng Kanyang mga disipulo. Nang matapos na Siya, binigyan Niya sila ng bagong kautusan:

“Kayo’y mangagibigan sa isa’t isa: na kung paanong iniibig ko kayo. . . .

“Sa ganito’y mangakikilala ng lahat na kayo ay aking mga alagad.” (Tingnan sa Juan 13:1–5, 34–35.)

### PAGMAMAHALAN



**“Malalim na pagmamalasakit at pagmamahal. . . . Ang pinakadakilang halimbawa ng pag-ibig ng Diyos sa kanyang mga anak ay matatagpuan sa walang katapusang pagbabayad-sala ni Jesucristo.”**

Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Pagmamahal,” scriptures.lds.org.

**“Isinasaalang-alang na karapat-dapat sa mataas na pagpapahala.”**

*Merriam-Webster’s Collegiate Dictionary, 11th ed. (2003), “respect.”*


### Mula sa mga Lider ng Simbahan

**N**gunit kung marami na tayong naging karanasan at nakita natin na maraming bagay sa mundo ang panandalian at mababaw lamang, ang ating pasasalamat ay nadaragdagan sa pagkakataon na maging bahagi ng isang bagay na maaasahan natin—tahanan at mag-anak at ang katapatan ng mga mahal sa buhay. Nauunawaan natin ang kahulugan ng [mabuklod] sa pamamagitan ng tungkulin, paggalang, at [pagiging kabilang]. Natututuhan natin na walang lubos na makakapalit sa pinagpapalang relasyon ng isang mag-anak. . . .

“Mga kalalakihan, tratuhin natin ang ating asawa nang may dangal at paggalang. Sila ang ating makakasama sa walang-hanggan. Mga kababaihan, igalang ang inyong asawa. Kailangan nilang makarinig ng papuri. Kailangan nila ng magandang ngiti. Kailangan nilang madama ang init ng tunay na pagmamahal.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Pagmamahalan sa Tahanan—Payo mula sa Ating Propeta,” *Liahona*, Ago. 2011, 4.

### PAGGALANG



## HABAG



**“Literal na nangangahulugang ‘pakikiramay.’ Nangangahulugan din ito ng pagpapakita ng pakikidalamhati, pakikipighati, at awa sa ibang tao.”**

Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Pagkahabag,” scriptures.lds.org.

ang kabaong kung saan nakahimlay ang binata at sinabing, “Binata, sinasabi ko sa iyo, Magbangon ka.” Kaagad naupo ang binata at nagsimulang magsalita, at ibinigay siya ng Tagapagligtas sa kanyang nagdadalamhating ina. (Tingnan sa Lucas 7:11–15.)

## Mula sa Buhay ni Jesucristo

Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng maraming kuwento na nagpakita ng pagkahabag ng Tagapagligtas sa mga tao. Dahil sa pagkahabag, binigyan Niya ng paningin ang dalawang bulag na lalaki (tingnan sa Mateo 20:30–34), pinagaling Niya ang taong may ketong (tingnan Marcos 1:40–41), at pinagaling Niya ang lahat ng maysakit sa mga Nephita (tingnan 3 Nephi 17:6–9).

Sa isang nakaaantig na kuwento, nagpunta si Jesus sa lungsod ng Nain, kung saan nakita Niya ang libing ng isang binata—“ang bugtong na anak ng kaniyang ina, at siya’y bao.” Nang makita ng Tagapagligtas kung gaano karaming tao mula sa lungsod ang kasama ng babae at kung gaano siya nanangis, “siya’y kinahabagan” Niya. Hinipo Niya



## LIBANGAN



**Magaganda, mabubuting aktibidad na nagpapanibago ng lakas at espiritu ng lahat ng nakikibahagi.**

## Mula sa mga Lider ng Simbahan

Tulad ng pagbibigay ng kapahingahan sa paggawa, ang mabuting libangan ay kaibigan at kasama tuwina ng paggawa. Ang musika, literatura, sining, sayaw, drama, sports—ay pawang nagbibigay ng kaaliwan upang pagyamanin ang buhay at higit pang mailaan ito. Gayundin, hindi na kailangang sabihin pa na marami sa mga libangan ngayon ay malaswa, nakakababa ng pagkatao, marahas, nagpapahina ng isipan, at pag-aaksaya ng oras. Ang nakakatawa, minsan napakahirap humanap ng mabuting libangan. Kapag ang libangan ay ginawang bisyo, ito ang sisira sa buhay na inilaan.”

Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Larawan ng isang Buhay na Inilaan,” *Liahona*, Nob. 2010, 17.





MULA KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NINA CRAIG DIMOND, CODY BELL, AT DAVID STOKER © IRI, AKO Y MAMIWALA, NI LIZ LEVON SWINDLE, HINDI IMAARING KOPYAHIN


## Mula sa mga Lider ng Simbahan

“Ang pagtuturo sa mga bata ang tungkol sa kagalakan ng matapat na pagtatrabaho ay isa sa mga pinakamagandang regalo na maibibigay ninyo sa kanila. Naniniwala ako na isa sa mga dahilan ngayon ng paghihiwalay ng maraming mag-asawa ay ang kabiguan ng mga magulang na turuan at sanayin ang mga anak na lalaki sa kanilang mga responsibilidad na maglaan at pangalagaan ang kanilang pamilya at makaya ang hamon na dulot ng responsibilidad na ito. Marami rin sa atin ang hindi naituro sa ating mga anak na babae ang pagpapaganda at pag-aayos ng kanilang tahanan sa pamamagitan ng homemaking. . . .

“Itinuro sa akin ng [aking ama] ang kagalakan at kahalagahan ng matapat na pagtatrabaho at inihanda ako sa panahong iyon sa buhay ko kung saan ako ang magtataguyod sa aking pamilya. Ang mga alituntuning itinuro sa akin ng aking matalinong ama tungkol sa matapat na pagtatrabaho, hindi pagsasayang, pagkakaroon ng disiplina, at paggawa hanggang sa matapos ang isang gawain ay mahalaga sa aking tagumpay.” ■

Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, “The Joy of Honest Labor,” *Ensign*, Nob. 1986, 62, 64.

## PAGGAWA



**“Pagsusumigasig ng katawan o isipan para sa isang layunin.”**

*Merriam-Webster's Collegiate Dictionary*, 11th ed. (2003), “work.”

## KAILANGAN PO NATING MAGDASAL— NGAYON NA!

Ang aming pamilya ay pauwi na mula sa isang linggong bakasyon sa Peace River, Alberta, Canada, mga limang oras ang layo sa aming tahanan sa Edmonton. Lumatag na ang gabi sa kahilagaan, at bagama't malakas ang ihip ng hangin na may dalang niyebe sa dinaraan namin, lahat ay tila payapa at panatag sa loob ng aming van.

Bigla na lang lumitaw ang ilaw na nagbababala sa may dashboard. Nakita ko na ito minsan noon, ilang taon na ang nakalipas, at nangamba ako ngayon sa mangyayari. Kaagad kong pinatay ang mga accesory sa sasakyan na kumukunsumo ng baterya, pero dinagtagal namatay pa rin ang makina. Alam kong ilang kilometro na ang natak namin mula nang madaanan namin ang huling bayan, at marami pang kilometro ang aming tatahakin bago namin marating ang susunod na bayan. Hindi ko na maalala kung kailan kami may huling nakitang sasakyan sa magkabilang direksyon.

Habang pinag-iisipan namin ang aming gagawin, ang aming 11-taong-gulang na anak na si

Casson ay nagsabing, “Kailangan po nating magdasal—ngayon na!” Wala pang tatlong buwan ang nakalipas, labis na nalungkot si Casson sa pagkamatay ng kanyang nakababatang kapatid na lalaki dahil sa kanser. Ilang panalangin ang isinamo ni Casson sa langit habang sinisikap niyang maunawaan kung bakit nawala sa kanya ang kanyang kaisa-isang kapatid na lalaki?

Hindi kami nakatitiyak ng asawa ko kung gaano niya lubos na nauunawaan ang paliwanag namin na kailangang nakaayo ang aming mga panalangin sa kalooban ng Ama sa Langit at hindi kinakailangang ayon sa sarili naming kagustuhan. Subalit ngayon heto siya, ipinapakita sa amin na kailangan naming manalangin sa Ama sa Langit at patuloy na sumampalataya sa Kanya.

Hindi nagtagal matapos magdasal, nagsimulang magliwanag ang mga headlight ng papalapit na sasakyan sa aming rearview mirror. Sa loob ng ilang segundo tumigil sa aming harapan ang isang mahabang flatbed truck patungong Edmonton.

Habang papalapit kami ng drayber sa isa't isa, itinanong niya sa punto ng isang French Canadian, “May kasama ba kayong mga bata sa van na iyan?” Nang sabihin kong oo, sinabi niyang may nadaanan siyang isa pang nakahintong sasakyan ilang milya na ang layo pero hindi siya huminto dahil masama ang panahon. Gayunman, habang papalapit na siya sa amin, nakadama siya ng malinaw na impresyon na may mga anak kami na nangangailangan ng kanyang tulong. Dahil dito, huminto siya.

Ilang minuto pa naikabit na niya ang aming sasakyan sa kanyang trak para mahila ito, at patungo na kami sa Edmonton. Iyon ay isang malamig na paglalakbay pauwi, ngunit napasigla kami ng magiliw na patunay na tala-gang dinirinig ng Ama sa Langit ang mga panalangin. Kung minsan dumaring ang sagot sa mga paraang hindi natin inaakala, at kung minsan ang sagot ay mas malakas at tuwiran kaysa maaaring maisip natin. Kailangan lang nating manampalataya at magtiwala sa Panginoon. ■

Jeffery R. McMahon, Alberta, Canada



Hindi nagtagal matapos magdasal, nagsimulang magliwanag ang mga headlight ng papalapit na sasakyan sa aming rearview mirror.

# HINDING-HINDI NA PO AKO PUPUNTA SA IBA PANG SAYAWAN

Sa karatig na lugar ng Chicago, Illinois, USA, wala pang 20 kabataang Banal sa mga Huling Araw ang nag-aaral sa high school na binubuo ng mga 4,400 estudyante sa dalawang magkahiwalay na paaralan. Nasisiyahan na kami sa edukasyong natatanggap ng aming anak na lalaki, at maraming mabubuting pamilya na may matataas na pamantayan ang nakatira sa aming lugar.

Noong tagsibol ng junior year ng aming anak, inanyayahan siya sa isang sayawan sa paaralan. Ang kanyang kadeyt ay nakasuot ng maganda at diseneng damit, at sabik kaming marinig ang masayang nangyari sa kanila sa sayawan. Pagdating niya sa bahay, sinabi niya, “Hinding-hindi na po ako pupunta sa iba pang sayawan ng paaralan!” Sinabi niyang naging malaswa na ang pagsasayaw ng mga estudyante at walang ginawa ang pamunuan ng paaralan para pigilan ito. Nangilabot ako.

Ako ay part-time na empleyado ng school district na ito, at dalawang araw matapos ang sayawan hinanap ko ang pangalawang punong-guro. Siya ay taong may integridad, at nadama ko na makikinig siya sa aking mga alalahanin. Iminungkahi niya na sumulat ako sa mga punong-guro ng hayskul.

Mapanalanging pinag-isipan ko ang sasabihin ko at nagpasiyang sabihin sa kanila na hindi ko ikinatuwa ang malaswang pagsasayaw at na walang ginawang anuman para pigilan ito. Ang mga pamantayan sa pag-aaral ay itinaas, kaya’t bakit hindi ito gawin sa lahat ng aktibidad?

Ilang buwan ang lumipas, at inisip kong binale-wala nila ang aking liham. Ngunit isang araw, sa pagrerehistro para sa pagbubukas ng klase, tinanong ako ng pangalawang punong-guro, “Kayo ba ang ina na

sumulat ng liham tungkol sa sayawan sa paaralan?”

“Opo,” ang sagot ko.

“Gusto kong ipaalam sa inyo na nagkaroon ng pagtatalu-talo dahil sa inyong liham!” sabi niya.

Nalaman ko na hindi nakumbinsi ang isa sa mga punong-guro na kailangang may pagbabagong gawin hanggang sa tanungin niya ang opinyon ng ilang estudyante. Ang lahat ay may iisang sagot: “Hinding-hindi na po kami pupunta sa iba pang sayawan ng paaralan! Nakakainis sila!”

At gumawa nga ang pamunuan ng paaralan ng mga patakaran sa pagsasayaw, na ipatutupad sa nalalapit na homecoming dance. Ipinaalam ng punong-guro sa mga estudyante na sila ay paaalisin kapag nilabag nila ang mga patakaran.

Sabik kong hinintay ang pag-uwi ng aming anak mula sa homecoming dance. Pagdating niya, sinabi niya na pinaalis ang mga estudyanteng nagtangkang gawin pa rin ang dati. Sinabi

niya na iyon ang pinakamagandang sayawan na dinaluhan niya.

Lumiham ako sa pamunuan ng paaralan, na pinasasalamatan sila dahil nagawa nilang pinakamaganda ito sa lahat ng naganap na sayawan sa paaralan. Sumagot ang kilala kong pangalawang punong-guro: “Salamat at dahil sa inyo napag-usapan iyan noong nakaraang tagsibol. Kung hindi kayo nagmungkahi, baka hindi nagawa ang pagbabagong ito.”

Mula noon nalaman ko na karamihan sa mga paaralan sa aming bayan ay ipinatutupad ang mga bagong patakarang ito sa pagsasayaw, kaya nga libu-libong estudyante ngayon ang nasisiyahan sa mga sayawan sa paaralan.

Dalangin ko na pagpalain tayong lahat ng Panginoon na magkaroon ng lakas ng loob na magsalita at manindigan sa ating pinaniniwalaan. Nalaman kong maaaring makagawa ng kaibhan ang isang tao. ■

Wendy Van Noy, Illinois, USA



Matapos ipatupad ng pamunuan ang mga patakaran sa pagsasayaw, sabik kong hinintay ang pag-uwi ng aming anak mula sa homecoming dance.

# IPINAGDASAL KITA

**K**amakailan medyo nahuli ako sa pagsisimba at nagmamadaling pumasok sa chapel habang kinakanta pa lang ang pambungad na himno. Nang pumasok ako sa kapilya, nakita ko na halos mapuno ito kaysa rati. Nang ilibot ko ang aking paningin sa napakaraming bisita, may natanto akong dalawang bagay: magtatanghal sa sacrament ang Primary ng aming ward, at may nakaupo na sa palagi kong inuupuan.

Dali-dali akong umupo sa unang hanay ng mga upuan sa overflow seating at tamang-tamang nakita kong dumarating ang isang bata pang ina na hawak-hawak ang kanyang dalawang-taong-gulang na anak na lalaki at karga ang kanyang anim-na-buwang-gulang na anak na babae. Napansin ko na hindi niya kasunod ang kanyang asawa. Nang sumulyap ako sa paligid ng kapilya,

**S**a buong pulong nasiyahan ako sa pagtulong sa pag-aalaga sa batang lalaki at pakikinig sa mga batang Primary.

nakita kong naroon siya sa pulpito, nakaupo sa may piyano—siya ang tutugtog para sa Primary.

Dahil wala akong asawa, karaniwan ay nakaupo ako katabi ng isang kaibigan. Ngunit noong araw na iyon ay nasa malayo ang kaibigan ko. Naisip ko na mabuting umupo ako sa tabi ng bata pang ina at kanyang mga anak, kaya tinanong ko kung puwede akong tumabi sa kanila. Pumayag ang nanay. Sa buong pulong nasiyahan ako sa pagtulong sa pag-aalaga sa batang lalaki at pakikinig sa mga batang Primary.

Sa pagtatapos ng sacrament meeting, sinabi niya sa akin na nanalangin siya para sa akin nang umagang iyon. Hinintay kong ipaliwanag pa niya ang ibig sabihin nito. Sinabi niya na nag-dasal siya na sana ay magsimba ako at na tatabihan ko siya sa upuan at tutulungan siya. Naisip niya na baka hindi niya matapos ang sacrament

meeting dahil sa pag-aasikaso nang mag-isa sa kanyang mga anak. Tuwang-tuwa ako na nasagot ko ang kanyang simpleng panalangin, na sinambit lang nang umagang iyon.

Alam ko na mahal na mahal tayo ng Panginoon nang higit sa kaya nating maunawaan. Ang masaksihan ang sagot sa isang simpleng kahilingan ay nagturo sa akin ng isang nakaaantig na aral, at natitiyak kong may itinuro rin ang karanasang ito sa inang iyon. Nang tanungin ko kung puwede ba akong maupo sa tabi ng miyembrong ito, hindi ko inisip na sagot ako sa isang panalangin—ginawa ko lamang ang gusto kong gawin ng iba para sa akin kung ako ang nasa kalagayan niya.

Talagang nakikinig ang Ama sa Langit at sinasagot ang ating mga dalangin, maging ang tila maliliit na bagay. ■

Ami Hranac Johnson,  
Idaho, USA



# PINAWI MO ANG AKING KALUNGKUTAN

Mahabang panahon ding naging aktibo ako sa paggawa ng family history at gawain sa templo. Nang dumami na ang nasaliksik ko, alam ko na mahihirapan akong maghanap ng impormasyon tungkol sa isang tao—ang lolo ko sa panig ng nanay ko.

Ang aking ina ay hindi lumaki sa piling ng kanyang ama at wala na siyang balita tungkol sa kanya, sa kanyang mga kapatid, at lahat ng kamag-anak ng kanyang ama. Wala siyang anumang datos na patunay ng kanyang araw ng kapanganakan o lugar ng kanyang kapanganakan, at hindi niya tiyak kung saan o kailan namatay ang tatay niya. Inisip ko kung makakakita pa ba ako ng mahahalagang impormasyon.

Isang araw habang tinitingnan ko ang diary ng aking ina, napansin ko ang retrato ng lolo ko. Nang tingnan ko ang likod nito, nakita ko na nilagyan niya ng pangalan at petsa ang retrato at inilagay roon kung ilang taon na siya nang panahong iyon. Ngayon matatantiya ko na ang petsa ng kanyang pagsilang! Natutuwing sinaliksik ko ang kanyang pangalan at mga petsa sa FamilySearch. Laking gulat ko, nakita ko na naisagawa na ang mga ordenansa para sa kanya. Sino kaya ang nagsagawa ng mga ordenansa sa templo para sa lolo ko?

Hindi nagtagal natuklasan ko na isinagawa ito ng isa sa aking mga tiyo sa panig ng aking ina na matagal na naming hindi nakikita. Hinanap ko ang kanyang contact information at kalaunan ay natagpuan ang numero ng kanyang telepono.

Kabado akong tawagan siya dahil 30 taon na ang nakalipas nang makita niya ako—noong isang taong gulang pa lang ako. Hindi ko alam kung ano ang magiging reaksyon niya.

Gayunpaman, nagpasiya akong tumawag. Nang sumagot siya, ipinaliwanag ko kung paano ko natagpuan ang

impormasyon tungkol sa lolo ko—na kanyang ama—at sinabi sa kanya na ako ay kanyang pamangkin.


Lagi kong maaalala ang sagot niya: “Talagang napakalungkot ko nang hindi na kami magkita ng iyong ina. Ngayon ay pinawi mo ang kalungkutan ko!”

Nalaman namin na ang kanyang pamilya at pamilya ko, bagama’t nagkawalay, ay nabinyagan at nakum-pirmang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw nang halos sabay, at ang dalawang pamilya ay kapwa matatag

sa ebanghelyo. Ito ay masaya at emosyonal na sandali para sa amin.

Naunawaan ko noon pa man na maiuugnay tayo ng family history at gawain sa templo sa ating yumaong mga ninuno, pero hindi ko naisip kailanman na maiuugnay rin tayo nito sa ating buhay na mga kamag-anak. Nagpapasalamat ako na nakatulong ako na mapag-ugnay ang aming pamilya sa pamamagitan ng family history—hindi lang sa daigdig ng mga espiritu kundi maging sa ating buhay sa lupa. ■

Kissy Riquelme Rojas, Chile



Isang araw habang tinitingnan ko ang diary ng aking ina, napansin ko ang isang retrato ng lolo ko.



Ni Elder  
Kevin W. Pearson  
Ng Pitumpu

# GAWING MAS TAIMTIM ANG INYONG Personal na Panalangin

*Sa pakikinig sa inyong mga personal na panalangin, ano ang inihahayag nito tungkol sa inyo at sa inyong pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit?*

Ang banal na paanyaya na manalangin sa Ama sa pangalan ni Jesucristo ay nag-iisang kautusan na binanggit nang napakaraming beses sa lahat ng nakatalang banal na kasulatan at ang pinakapangunahing uri ng pagsamba. Subalit marami sa atin ang nahihirapan sa pagsisikap nating gawing makabuluhan at naghahayag ang ating personal na panalangin.


Naniniwala ako na ang personal na pagdarasal ay isa sa pinakamahahalagang hamon na kinakaharap ng mga miyembro ng Simbahan, lalo na ng mga kabataan at young adult. At dahil nahihirapan silang gawing mas taimtim ang kanilang panalangin, nahihirapan sila sa espirituwal.

Ang ating mga personal na panalangin ay barometro ng ating espirituwal na lakas at sukatan ng katatagan ng ating espirituwalidad. Natutuhan ko bilang ama, lider ng priesthood, at mission president na ang pakikinig na mabuti sa mga panalangin ng ibang tao ay maaaring maghayag pa ng tungkol sa pakikipag-ugnayan niya sa Diyos.

Sa pakikinig sa inyong mga personal na panalangin, ano ang inihahayag nito tungkol sa inyo at sa inyong pakikipag-ugnayan sa Ama sa Langit?

## Ang Alituntunin ng Personal na Panalangin

Ang pagdarasal ay pakikipag-usap sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan ng ating mga espiritu. Lubos Niyang minamahal ang bawat isa sa atin at puspos ng awa at pag-unawa. Alam Niya ang lahat tungkol sa atin. Alam Niya ang mga pangangailangan natin, kahit na ang nakikita lamang natin





***Ang panalangin ay makapangyarihan at nakahihikayat na katibayan na totoo at buhay ang Diyos Amang Walang Hanggan. Mahalaga ang personal na panalangin sa pag-unawa sa Diyos at sa ating banal na pagkatao.***

ay ang gusto natin. Walang-hanggan ang Kanyang kapangyarihan at kakayahang tulungan at gabayan tayo. Siya ay palaging handang magpatawad at tulungan tayo sa lahat ng bagay.

Maaari nating kausapin nang malakas ang Ama sa Langit o tahimik na manalangin sa ating isipan at puso. Ang mga personal na panalangin ay dapat taimtim at sagradong pagpapahayag ng papuri at pasasalamat; taos-pusong pagsamo para sa partikular na pangangailangan at hangarin; mapagkumbaba, nagsisisi at nagtatapat at humihingi ng kapatawaran upang malinis; sumasamo ng kaaliwan, patnubay, at paghahayag. Madalas dahil sa mga panalangin ito nasasabi natin nang lubos ang saloobin natin sa ating mapagmahal na Ama sa Langit.

Ang panalangin ay kadalasang maikling pakikipag-usap, ngunit maaari din itong maging bukas at patuloy na pag-uusap sa buong araw at gabi (tingnan sa Alma 34: 27).

### **Mahalaga ang Personal na Panalangin**

Sa banal na plano ng ating Ama sa Langit, kinailangang mawalay tayo sa Kanyang piling sa pisikal at espirituwal. Ang panalangin ay mahalaga at espirituwal na nag-uugnay sa Diyos at tao. Kung walang panalangin, hindi tayo makabalik sa Ama. Kung walang panalangin, hindi magkakaroon ng sapat na pananampalataya upang maunawaan at masunod ang mga kautusan. Kung walang panalangin, hindi makakamtan ang kailangang espirituwal na kapangyarihan upang maiwasan ang tukso at madaig ang mga pagsubok at paghihirap. Kung walang panalangin, hindi matatamo ang pagsisisi, kapatawaran at ang nakalilinis na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Sa kapangyarihan ng personal na panalangin, lahat ng bagay ay posible.

Dahil sa panalangin nakakamtan ang personal na paghahayag at mga espirituwal na kaloob sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ito ay espirituwal na

pakikipag-ugnayan na ibinigay sa lahat ng anak ng Diyos, na nagtutulot sa atin na palaging makausap ang ating Amang Walang Hanggan, ang Kanyang Pinakamamahal na Anak, at ang Espiritu Santo. Ang panalangin ay makapangyarihan at nakahihikayat na katibayan na totoo at buhay ang Diyos Amang Walang Hanggan. Mahalaga ang personal na panalangin sa pag-unawa sa Diyos at sa ating banal na pagkatao.

### **Gawing Mas Taimtim ang Inyong mga Panalangin Maghandang Manalangin**

Madalas una nating ginagawa ang ating personal na panalangin sa umaga kapag hindi pa tayo gising na gising at alerto o sa gabi kapag tayo ay masyadong pagod na para manalangin nang taimtim. Ang pagod na katawan, isipan, at damdamin ay maaaring makahadlang sa atin na manalangin nang makabuluhan.

Ang panalangin ay espirituwal na gawain na ginagawa matapos ang paghahanda sa isipan at sa espirituwal. Kung hindi tayo magpapakumbaba at iisiping mabuti na tayo ay manalangin sa Diyos Amang Walang Hanggan sa pangalan ni Jesucristo, hindi mapapasaatin ang pinakadiwa ng banal na huwaring itinatag upang pagpalain tayo.

Magtakda ng sapat na oras upang taimtim at mapagpakumbabang maiparating ang pinakamatinding hangarin ng inyong puso sa Ama sa Langit. Anyayahan ang Espiritu Santo na tulungan kayong malaman ang dapat ipagdasal. Ang pagdarasal nang malakas ay tumutulong sa akin na magtuon sa aking mga panalangin at makinig sa aking sarili nang walang iba pang iniisip.

Iminumungkahi kong magtakda ng oras at lugar kung saan mapag-iisipan ninyong mabuti ang inyong buhay at mga pangangailangan. Isipin ang inyong banal na pagkatao at kaugnayan sa Diyos. Sikaping ilarawan sa isipan ang Ama sa Langit habang naghahanda kayong makipag-usap sa Kanya. Isipin ang Tagapagligtas

na kung kaninong pangalan kayo manalangin. Ang paggawa nito ay tutulong sa inyo na makatuon at makapaghandang manalangin nang may mapagpakumbaba at mapagpasalamat na puso.

### **Mamuhay nang Karapat-dapat**

Wala tayong kumpiyansang humarap sa ating Ama sa Langit kung hindi tayo malinis. Nakasisira sa ating kumpiyansang manalangin ang pornograpiya, seksuwal na kasalanan, at anumang uri ng libangan na luma-lapastangan sa kabanalan o nag-uudyok ng imoralidad at humahadlang sa atin na matanggap ang mga espirituwal na pahiwatig. Gayunpaman, tandaan, si Satanas lamang ang nagsasabi sa inyo na hindi kayo makapagdarasal o hindi kayo dapat magdasal. Palagi tayong hinihikayat ng Espiritu Santo na manalangin, kahit nahihirapan tayong sumunod at maging karapat-dapat.

### **Manalangin nang may Layunin**

Ang panalangin ay mahalaga sa paghahayag. Ang makabuluhang mga tanong ay nagdudulot ng mas matinding pagtutuon, layunin, at kahulugan sa ating mga panalangin. Kung gusto ninyong makatanggap ng mas personal na paghahayag sa pamamagitan ng inyong mga panalangin, maaari ninyong pag-isipan ang mga itatanong ninyo. Karaniwang dumarating ang paghahayag bilang sagot sa tanong. Upang makatanggap ng paghahayag, iniuutos sa atin na saliksikin ang mga banal na kasulatan, pagnilayan ang mga ito at isabuhay ang mga ito. Kapag ginawa natin ito, tutulungan tayo ng Espiritu Santo na makapagtanong nang makabuluhan.

### **layon ang Inyong Kalooban sa Kalooban ng Ama**

Paulit-ulit na iniutos ng Taga-pagligtas na “dapat tayong laging manalangin sa Ama sa pangalan [ng Panginoon]” (3 Nephi 18:19). Kapag nagdarasal tayo sa pangalan ni

Jesucristo, ibig sabihin “ang ating isipan ay ang isipan ni Cristo, at ang ating mga naisin ay mga naisin ni Cristo. . . . Pagkatapos humihingi tayo ng mga bagay na maaaring ipagkaloob ng Diyos. Maraming panalangin ang nananatiling hindi sinasagot dahil ang mga ito ay hindi sa pangalan ni Jesucristo; hindi kinakatawan ng mga ito ang kanyang isipan, kundi nagmula sa kasakiman ng puso ng tao” (Bible Dictionary, “Prayer”). Ang ganitong mga panalangin ay nagpapakita ng walang kabuluhang pag-asa, hindi ng pananampalataya.

Ang panalangin ay hindi isang negosasyon. Ito ay pag-ayon. Hindi natin pinaaayon ang Diyos sa ating pananaw. Ang panalangin ay hindi gaanong tungkol sa pagbabagong nagagawa nito sa ating kalagayan kundi mas tungkol ito sa pagbabagong nagagawa sa atin. Ito ay tungkol sa pagsunod sa Kanyang kalooban at pagpapatulong sa Kanya na magawa ang kailangan nating gawin. Kapag iniayon natin ang ating kalooban sa kalooban ng Ama sa Langit, lalong saganang dadaloy ang mga sagot at espirituwal na lakas. Ang pagsunod sa huwarang ito ay nagtutulot sa atin na manalangin nang may pananampalataya.

### **Naririnig ba ng Ama sa Langit ang mga Dasal Ko?**

Halos 20 taon na ang nakararaan, isinilang ang aming ikalimang anak na si Benjamin. Napansin ng aking asawa na parang may depekto ang mga mata ni Benjamin. Kumunsulta kami sa isang matalik na kaibigan sa ward namin na isang retinal specialist, kinumpirma niyang tama ang inaalala namin at nasuring may retinal blastoma si Benjamin, isang di-pangkaraniwang uri ng kanser sa mata. Nakapanlulumo ang balitang iyon.

Ilang linggo kalaunan, sumailalim si Benjamin sa una sa marami

***Ang panalangin ay hindi gaanong tungkol sa pagbabagong nagagawa nito sa ating kalagayan kundi mas tungkol ito sa pagbabagong nagagawa sa atin. Ito ay tungkol sa paghahangad ng Kanyang kalooban at pagpapatulong sa Kanya na magawa ang kailangan nating gawin.***



niyang operasyon. Bago ang operasyon nakausap namin ang surgeon at sinabi sa kanya na nananalig kami na matutuklasan niyang mapapagaling ang mata ni Benjamin at hindi kailangang tanggalin ito. Nag-ayuno at nagdasal ang aming buong pamilya at maraming miyembro ng ward para sa aming anak, at malaki ang pananalig namin na gagaling si Benjamin.

Makalipas ang isang oras, bumalik ang surgeon at sinabing napinsala na ng tumor cells ang mata ni Benjamin at ang isa pa niyang mata ay delikado na rin at kailangang gamutin kaagad. Hindi ako nakapagsalita. Dahil sa nadamang matinding kalungkutan at hindi makapaniwala, lumabas ako sa ospital sa mapanglaw na umaga sa San Francisco at naglakad, tumatangis at namimighati.

Nagawa ko na ang lahat ng naituro sa akin na dapat gawin. Nagdasal kami at nakatanggap ng malakas na impresyon na piliin ang doktor na ito. Nag-ayuno at nanalangin kami at nakatiyak na ang aming sanggol na anak ay gagaling sa pamamagitan ng pananampalataya at kapangyarihan ng priesthood. Subalit, hindi namagitan ang Panginoon. Ang aming pananampalataya ay tila walang kabuluhang pag-asa. Nagsimula akong magduda sa lahat ng bagay na pinani-niwalaan ko noon. Habang naglalakad ako, nadama kong parang pinagtaksilan ako at galit ako. Nanlumo ako sa labis na pagdadalamhati.

Hindi ko ikinatutuwa ang naging pakikipag-usap ko sa Ama sa Langit habang naglalakad ako at nananangis nang umagang iyon. Pagkaraan ng ilang oras, nakayanan ko nang kontrolin ang aking damdamin. Naaalala ko noon na naisip ko ang mga salita sa awit ng mga bata sa Primary. “Ama sa Langit, kayo ba’y nar’yan? Dalangin ba ng musmos, pinakikinggan?” Dahil malinaw na hindi po ninyo pinakinggan ang dalangin ko o siguro talagang bale-wala kami ng anak ko sa inyo. (“Panalangin ng Isang Bata,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 6–7.)

Sa sandaling iyon, nadama ko ang magiliw na awa. Sa aking puso at isipan, nadama ko ang mga salitang ito: “Kevin, siya ay anak ko rin.” Malinaw na malinaw ang pahiwatig na iyon. Natanto ko sa sandaling iyon na hindi ko naunawaan ang layunin ng panalangin. Inakala ko na, dahil mabuti ang layunin ko, puwede ko nang gamitin ang priesthood at pag-aayuno at panalangin para baguhin ang kalooban ng Diyos.

Sa unang pagkakataon sa buhay ko, lubos kong natanto na hindi ako ang magpapasya. Alam ko na kailangan kong sumang-ayon sa kalooban ng Ama sa Langit. Hindi ko basta maku-kuha ang gusto ko kung kailan at paano ko naisin ito dahil lamang sa sumusunod ako sa mga kautusan. Ang layunin ng panalangin ay hindi para sabihin sa Ama sa Langit kung ano ang gagawin, kundi ang alamin kung ano ang gusto Niyang gawin ko at matutuhan. Kailangan kong iayon ang aking kalooban sa Kanyang kalooban.

Haharapin namin ang anim pang taon ng mabibigat na pagsubok sa pakikibaka namin sa kalagayan ng aming musmos na anak upang iligtas ang isa pa niyang mata at ang kanyang buhay. Ngunit alam ko na ngayon na batid ito ng Ama sa Langit at Siya na ang bahala rito. At anuman ang mangyari sa huli, dininig at sinagot Niya ang aking panalangin. Ngayon ang aming anak, na ang buhay ay isang himala, ay nagmimisyon na sa Spain.

Lubos kong napatunayan sa sarili kong buhay na ang Diyos ay ating mapagmahal na Ama sa Langit at tunay na dinirinig at sinasagot ang ating mga panalangin. Kapag patuloy ninyong inalam at inunawa ang banal na alituntunin ng personal na panalangin tulad ng itinuro ng Tagapagligtas, ang panalangin ay pagmumulan ng matinding espirituwal na lakas at paghahayag sa inyong buhay. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na ibinigay sa Brigham Young University–Hawaii noong Mayo 17, 2011. Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang [devotional.byuh.edu](http://devotional.byuh.edu).*

## “May problema ang kapatid ko sa pornograpiya. Nakausap na niya ang bishop namin tungkol dito, kaya gusto ko siyang suportahan, pero naapektuhan nito ang tiwala ko sa kanya. Paano ko haharapin ito?”

**N**akakatuwa na gusto mong suportahan ang kapatid mo. Kakailanganin niya ang panghihikayat mo. Dahil ipinaalam sa iyo ng kapatid mo ang problemang ito sa kanyang buhay at alam mong masigasig niya itong nilulutas, nakagawa na siya ng isang malaking bagay para magtiwala kang muli sa kanya. Ang madaig ang paglilihim at panlilinlang na napakadalas iniuugnay sa problemang ito ay katibayan ng malaking pag-unlad. Makatutulong ito sa iyo na mas magtiwala sa kanya. Sapat na panahon ang kailangan para maging lubos ang pagtitiwala. Ngunit hindi iyan nangangahulugan na hindi mo na siya mamahalin. Maaari mo siyang ipagdasal, maging mabuting halimbawa sa kanya, at gawin ang iba pang mga bagay para tulungan siya.

Sikaping huwag siyang husgahan. Kung nadarama niyang hinuhusgahan siya, malamang na lalo siyang mahirapan sa pag-sikap niya, at mas mahirapan siyang magbago. Lahat ay may mga kahinaan; iyan ang isang dahilan kung bakit Nagbayad-sala ang Tagapagligtas. Magtiwala sa Panginoon at sa katotohanan na, sa pamamagitan ng pagsisisi, maaaring magbago at mapatawad ang iyong kapatid.

Dahil alam mong nagpapatulong ang iyong kapatid sa inyong bishop tungkol sa problemang ito, maaari mong kausapin ang inyong bishop tungkol sa sitwasyong ito. Makatutulong siya at ang iyong mga magulang para malaman mo ang dapat gawin. Bilang isang pamilya maaari kayong magtulung-tulong para matulungan ang iyong kapatid. Maaari kayong mag-ayuno bilang isang pamilya para tulungan siya (tingnan sa Mateo 17:21), na siyang maglalaan ng pananggalang laban sa tukso.

*Paunawa: Maraming kabataang babae ang nagsisikap din na madaig ang adiksiyon sa pornograpiya. Ang gayon ding payo ay angkop para sa kababaihan.*

### Suportahan Siya

Ipakitang mahal mo siya anuman ang pinili niya noon. Suportahan siya hanggang sa huli at ipaalam sa kanya na natutuwa ka

na pinaglalaman niya ito. Hindi agad babalik ang pagtitiwala, pero sinisikap niya itong maibalik muli. Tama ang ginagawa niya, at kapag natuto siya magiging mas mabuti siya, matututuhan mong pagkatiwalaan siyang muli.

*Kirstin M., edad 17, North Carolina, USA*

### Magpakita ng Lungkot Hindi Pagtalikod



Ang pornograpiya ay hindi isang maliit na bagay, at napakasakit na malaman na may ganitong problema ang taong mahal mo. Sika-

ping patawarin siya, kahit gaano ito katagal. Alalahanin din na ang pagpatawad at tiwala ay dalawang magkaibang bagay. Sa kanyang ginagawa mapagkatiwalaan mong muli ang iyong kapatid. Magpakita ng lungkot hindi pagtalikod. Kailangan niyang madama na hindi siya nag-iisa, at kailangang managot siya sa kanyang mga ginawa. Kapag mahal mo pa rin siya sa kabila ng adiksiyon, makakakita siya ng pag-asa at magkakaroon ng lakas na daigin ang problema.

*Bethany A., edad 18, Arizona, USA*

### Hikayatin Siya



Alam ko na mahirap kapag labis mong pinagkatiwalaan ang isang tao at pagkatapos ay inabuson niya ito. Ang unang gagawin ko ay

magdasal at hilingin sa Ama sa Langit na bigyan ka ng lakas na kausapin ang iyong kapatid. Maaari mo siyang kausapin linggu-linggo at kumustahin siya at maghanap ng mga banal na kasulatan sa iyong personal na pag-aaral na hihikayat sa kanya para humingi siya ng tulong. Mahalagang suportahan siya kahit nawala ang tiwala mo sa kanya. Ipaalam mo sa kanya na mahal siya ng Panginoon at patatawarin siya. Ipaalala sa kanya ang himno 110, “Dahil Tayo’y Mahal

ng Diyos.” Ipaalam sa kanya na nagbayad-sala si Jesucristo para sa ating mga kasalanan, at kung tayo ay magsisisi, unti-unti tayong magiging mas mabuti sa bawat araw.

*Naomi B., edad 16, Minnesota, USA*

### Maging Mapagpatawad

Ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala, kung ipamumuhay mo ito, ay tutulong sa kapatid mo na magkaroon ng lakas na magsisi. Pinagagaling ng Pagbabayad-sala ang mga taong nasaktan, pati na rin ang mga taong nakagawa ng maling pasiya. Laging magpatawad at magmahal sa halip na magalit.

*Seth B., edad 18, Missouri, USA*

### Manalangin na Mapatnubayan

Lumuhod at humingi ng patnubay mula sa ating Ama sa Langit at kausapin ang iyong kapatid at manalangin kasama niya. Kapag nagpakumbaba tayo sa harapan ng ating Ama sa Langit, “hindi niya itutulot na kayo’y tuksuhin ng higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay gagawin naman ang paraan ng pagilag, upang ito’y inyong matiis” (I Mga Taga Corinto 10:13). Tutulungan Niya ang iyong kapatid na maging matibay laban sa tukso at palaging piliin ang tama.

*Alejandra B., edad 22, California, USA*

### Huwag Mawalan ng Pag-asa

Huwag mawalan ng pag-asa sa iyong kapatid, dahil ito ang panahon na kailangang-kailangan niya ang kanyang pamilya. Ang pagdaig sa problema sa pornograpiya ay mahirap na sa kanya at wala pa rito ang pag-aalalang nawawalan ng tiwala sa kanya ang kanyang pamilya. Ganyan din ang problema ko, at nagsisisi ako upang maging karapat-dapat na makapasok sa templo upang mabuklod sa aking pamilya. Palagi akong takot noon sa sasabihin ng aking mga magulang o kung paano nila ako

pakikitunguhan. Nagulat ako nang malaman ko kung gaano nila ako sinusuportahan at kung gaano sila kasigasig na magbigay ng solusyon para tulungan akong maging mas mabuti. Kung kinausap na ng iyong kapatid ang inyong bishop at tunay na nagsisikap, maganda na ang ginagawa niya.

*Bimatilyo mula sa Alaska, USA*

### Magtiwala sa Panginoon



Ang pagbabayad-sala ay hindi lamang para sa ating mga kasalanan kundi para din sa ating mga paghihirap at pagdurusa. Alam ni

Jesucristo ang nadarama mo—nadama na Niya ito noon pa man. Humingi ng tulong sa Kanya, at makikita mong naghihintay ang Kanyang kamay upang palakasin ka. Manalangin na tulungan ka Niya at pagpalain ng nakapagpapagaling na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Sabihin sa Ama sa Langit ang lahat ng iyong alalahanin, problema, at inaasahan sa sitwasyong iyon. Ang pinakamahalaga, huwag lang maghintay na may himalang mangyari—kumilos ka. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan, saliksikin ang karunungan na tutulong sa iyo, at patuloy na manalig na lahat ng bagay ay magiging maayos.

*Megan A., edad 19, Arizona, USA*



### DAAN PARA MAITAMA ANG MALI

“Alam ng ating Ama sa Langit bago tayo nabuhay sa mundo na tutuksuhin tayo

ng masasamang impluwensya na lumihis sa ating landas, ‘sapagka’t ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios’ (Mga Taga Roma 3:23). Ito ang dahilan kung bakit naghanda Siya ng daan para maitama natin ang mali. Sa pamamagitan ng mahabaging proseso ng tunay na pagsisisi at ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, mapatatawad ang ating mga kasalanan at tayo ay hindi ‘mapa[pa] hamak, kundi magka[ka]roon ng buhay na walang hanggan’ (Juan 3:16).”

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Dahil Lamang sa Kaunting Paglihis,” *Liahona*, Mayo 2008, 60.**

## SUSUNOD NA TANONG

“Ano ang dapat kong isipin sa oras ng sakramento?”

Ipadala ang inyong sagot bago sumapit ang Hulyo 15 sa [liahona.lds.org](http://liahona.lds.org), sa pamamagitan ng e-mail sa [liahona@ldschurch.org](mailto:liahona@ldschurch.org), o sa pamamagitan ng koreo sa:

*Liahona*, Questions & Answers 7/13  
50 E. North Temple St., Rm. 2420  
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paiklin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa iyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.



**Ni Elder  
Steven E. Snow**  
Church Historian  
at Miyembro ng  
Pitumpu

*Ang nag-uumapaw na katibayan sa kasaysayan ng Simbahan ay positibo at nagpapatibay ng pananampalataya. Sa buong konteksto nito, ito ay tunay na nagbibigay-sigla.*

**N**asisiyahan ako sa pagbabasa ng mga makasaysayang tala ng mga naunang miyembro ng Simbahan na nilisan ang kanilang mga tahanan at, dahil sa pagsasakripisyo nang malaki, ay nakasama ang iba pang mga Banal. Nakaaantig ang kanilang kuwento, nakahuhugot ako ng matinding lakas sa nalaman kong mga pinagdaanan nila para mabuhay at maipakita ang kanilang pananampalataya sa pagsunod sa mga propeta at paggawa ng mahihirap na bagay. Kapag binasa ninyo ang ginawa *nila*, nalalaman ninyong kahit paano ay hindi ganoon kahirap ang *inyong* kalagayan sa buhay.

Gustung-gusto ko ang kasaysayan ng Simbahan. Mas binabasa ko na ito ngayon kaysa noon, at kasiya-siya ito at nagpapatibay ng pananampalataya. Halimbawa, talagang kahanga-hanga

ang nagawa ng mga unang misyonero noon, kahit walang ibang mapagkukunan maliban sa matinding pananampalataya at patotoo nakagawa sila ng mga kamangha-manghang bagay. Nakatulong sa akin ang mga halimbawang iyon na maunawaan na magagawa ko ang mahihirap na bagay kung patuloy kong palalakasin ang aking pananampalataya at patotoo. Palaging napapalakas ang aking patotoo kapag nakikita ko ang nangyari sa pagsulong ng dakilang gawaing ito.

#### **Pagtanaw sa Nakaraan mula sa Kasalukuyan**

Ang kasaysayan ay magandang paraan para magkaroon kayo ng inspirasyon na espirituwal na ihanda ang inyong sarili. Makikita natin sa ating kasaysayan ang mga taong espirituwal na inihanda ang kanilang


# PAGTITIMBANG-TIMBANG NG KASAYSAYAN NG SIMBAHAN





sarili at nagtagumpay at ang mga taong nangawala dahil hindi sila espi-rituwal na handa sa nangyari. Maaari nating matutuhan na ang katapatan sa ebanghelyo, pagdarasal, at patotoo ay makatutulong sa atin na magawa ang dakilang mga bagay at kailangan nating pagbutihin ang ating espiritu-walidad o danasin natin ang bunga ng di-paggawa nito.

Ang mga tao sa ating kasaysayan ay mga karaniwang tao tulad natin, karamihan sa kanila ay nakagawa ng di-pangkaraniwang bagay. Bagama't lahat sila ay naghangad ng kasak-dalan, hindi sila perpekto. Ang mga naunang miyembro ng Simbahan ay may mga suliranin at nahirapan din tulad natin ngayon. At nagkaroon ako ng lakas sa nalaman ko na ang mga pagsubok na iyon, ang pagsisikap na



*Tulad sa anumang bagay, kailangang pag-aralan ninyo nang may pagtitimbang-timbang ang kasaysayan ng Simbahan.*

## PAGSAGOT SA MGA TANONG

**Paano ko sasagutin ang kaibigan ko na nagsabing ang ilan sa ating kasaysayan, gaya ng mga anghel at ibinaong lami-nang ginto, ay mahirap paniwalaan?**

Kung hindi mapaniwalaan ng tao na nangyari iyon sa ating kasaysayan, normal lang na mag-alinlangan sila. Ituro lamang natin na umaayon ito sa iba pang mahimalang kaganapan ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa tao sa buong kasaysayan, at magpatotoo tayo sa kanila at hilingin sa kanila na pag-aralan ang mga ito sa kanilang sarili. Pagkatapos ay aanyayahan natin sila na pag-isipan ito at manalangin sa Ama sa Langit tungkol dito, “nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo” (Moroni 10:4).

Kung handa silang gawin ang “pagsubok,” na ito na “gagamit ng kahit bahagyang pananampalataya” (Alma 32:27) at magtatanong sa Diyos, ihahayag ng Espiritu Santo ang katotohanan sa kanila.

iyon na maging perpekto, ay matagal nang umiiral.

Walang dudang nabago ang mundo sa nakalipas na isa o dalawang henerasyon. Inilagay sa Internet ang lahat ng uri ng impormasyon na napakadali nating makuha—ang mabuti, masama, totoo, hindi totoo—kabilang na ang impormasyon tungkol sa kasaysayan ng Simbahan. Marami kayong mababasa tungkol sa ating kasaysayan, ngunit mahalagang basahin at maunawaan ito sa buong konteksto nito. Ang mahirap sa ilang impormasyon online ay wala ito sa konteksto at hindi ninyo talagang nakikita ang kabuuan nito.

Ang impormasyong nagtatangkang ipahiya ang Simbahan ay karaniwang batay lang sa personal na opinyon at hindi patas. Dapat nating hanapin ang sources o materyal na mas walang kinikilingan sa paglalarawan ng ating mga paniniwala at kasaysayan. May ilang website na napakasama ng intensyon at ginagawang kontrobersyal ang paglalahad ng

impormasyon. Hanapin ang sources na mula sa kilala at iginagalang na mga historian o mananalaysay, miyembro man sila ng Simbahan o hindi.

Nagugulat at nasisingak ang ilang kabataan sa materyal na inilalabas ng anti-Mormon sa Internet dahil hindi nila pinalakas ang kanilang sarili laban dito. Maaaring hindi sila nag-ukol ng sapat na panahon na espirituwal na ihanda at palakasin ang kanilang sarili sa anumang maaaring dumating. Kapag may mga dumating sa kanilang buhay na hindi inaasahan, mahalagang gawin nila ang mga pangunahing bagay na lagi nating pinag-uusapan: patuloy na mag-aral ng mga banal na kasulatan at taimtim na manalangin sa ating Ama sa Langit. Inihahanda ng mga pangunahing bagay na iyon ang mga tao sa lahat ng uri ng paghihirap, kabilang na ang mga artikulo mula sa mga anti-Mormon na makikita nila sa Internet.

### Kailangang Pagtimbang-timbangan

Tulad sa anumang bagay, kailangang pag-aralan ninyo ang kasaysayan ng Simbahan



**Kung pipiliin ninyong gugulin ang marami ninyong oras sa pag-aaral lamang ng mga kontrobersyal na kabanata ng ating kasaysayan, ilang aspeto lamang nito ang mauunawaan ninyo at hindi ang kabuuan nito.**



nang may pagtitimbang-timbang. Ang totoong Simbahan noon pa man ay kakaiba na, at tila lagi tayong pinupuntirya ng pang-uusig. Palagi tayong nakakaranas ng paghihirap, at dapat masanay na tayo. Ang pinakamainam na paraan upang maharap ito ay tiyaking karapat-dapat tayo at malakas ang ating patotoo. Kung gumugugol kayo ng oras sa website na bumabatikos sa Simbahan at sa kasaysayan nito ngunit hindi nag-uukol ng panahon sa mga banal na kasulatan, hindi ninyo ito mapagtitimbang-timbang, at magkakaroon ng mas malakas na epekto sa inyo ang mga negatibong bagay na iyon. Kung alam ninyo ang totoong kasaysayan, hindi kayo maaapektuhan ng mga ito.

Noong tinedyer ako, hindi ko lubos na nauunawaan ang kahalagahan ng pagpapaunlad ng espirituwalidad. Marahil mas interesado ako sa pagiging mahusay na manlalaro ng football kaysa maging isang mahusay na estudyante ng Aklat ni Mormon. Naunawaan ko lang ito nang nasa misyon na ako, at tulad ng maraming kabataang lalaki, nabago ako at nauunawaan ang tunay na kahulugan ng kaligayahan. Ito ay ang kagalakan, kapayapaan na nagmumula sa paglilingkod sa Panginoon, mula sa pag-aaral at pagdarasal, mula sa pagmamahal at pagtulong sa kapwa. Natanto ko na kung babalewalain ko ang mga aspetong iyon sa aking buhay, hindi maaayos ang mga bagay-bagay na siyang nararapat. Kung gagawin ko ang mga bagay na iyon, lahat ay tila mababalanse kahit papaano.

Kapag pinanatili kong balanse ang aking buhay, mababasa ko ang kasaysayan nang walang-kinikilingan at mauunawaan na bagama't marami sa ating mga ninuno ang dapat hangaan, sila ay mga tao rin at nagkakamali. May malulungkot o nakalilitong yugto sa ating kasaysayan na hinahangad natin na mas maunawaan, ngunit ang ilan sa mga tanong na ito ay maaaring

hindi masagot sa buhay na ito. At ayos lang iyan.

Kung lalapit sa akin ang isang kaibigan at tapat na magtatanong tungkol sa mga isyung kontrobersyal sa kasaysayan ng Simbahan, gagawin ko ang makakaya ko para masagot ito. At kung matutuklasan ko na gumugugol siya ng maraming oras sa bagay na iyan, ang unang itatanong ko sa kanya ay: “Nagbabasa ka ba ng Aklat ni Mormon? Nagdarasal ka ba? Pinanantili mo bang balanse ang iyong buhay para maprotektahan mo ang iyong sarili laban sa mga unos ng buhay?”

Ang nag-uumpaw na katibayan ng kasaysayan ng Simbahan ay positibo at nagpapatibay ng pananampalataya. Kung pipiliin ninyong gugulin ang marami ninyong oras sa pag-aaral lamang ng mga kontrobersyal na kabanata ng ating kasaysayan, ilang aspeto lamang nito ang mauunawaan ninyo at hindi ang kabuuan nito. At kailangan ninyong maunawaan ang buong kuwento ng ating kasaysayan. Ang buong konteksto nito ay tunay na nagbibigay-inspirasyon.

Halimbawa, si Joseph Smith ay isang kahanga-hangang tao. Siya ba ay perpekto? Hindi. Lahat tayo ay mortal. Ngunit ang basahin ang Aklat ni Mormon at ang mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan at malaman ang ginawa niya sa pagpapanumbalik ng Simbahan sa loob ng maikling panahon ay isang pambihirang patotoo. May mga pagsubok at paghihirap ang lahat ng propeta, at hindi na natin dapat ikagulat na nagdanas ng paghihirap si Joseph Smith at nakasakit ng damdamin ng ilang tao. Gayunpaman malinaw na siya ay propeta ng Diyos.

### **Walang Katulad ang Panahong Ito**

Wala akong maisip na mas magandang panahon na maging miyembro ng Simbahan kaysa ngayon. Nang ikasal kami ng asawa ko, may 13 templo ang Simbahan, at nagkaroon kami ng mithiin na puntahan isa-isa ang mga

ito. Ngayon ay may 140 templo na, at hindi na namin mapupuntahan ang lahat ng ito. Ang lahat ng mga bungang ito ng Panunumbalik—mga propeta at mga apostol, mga templo, priesthood, ang Aklat ni Mormon, mga paghahayag—ay isang malaking pagpapala sa ating buhay. At ang lahat ng ito ay ginawang posible ng Tagapagligtas, sa pamamagitan ng Kanyang ebanghelyo, sa pamamagitan ng plano ng ating Ama.

Maaaring simpleng tao ako sa maraming bagay, ngunit sapat ang alam ko para malaman na mahal ako ng aking Ama sa Langit. Mahal Niya tayong lahat. Tunay na tayo ay Kanyang mga anak na lalaki at babae. Talagang gusto Niyang makabalik tayo sa Kanya. Hindi Niya minamanipula ang kaliit-liitang detalye ng ating buhay. Bahagi iyan ng ating pag-unlad. Nais Niya tayong matuto at gamitin ang kalayaan at harapin ang paghihirap. Gayunman, tunay na nakikita ko ang Kanyang impluwensya sa aking buhay at sa buhay ng aking pamilya. At nagpapasalamat ako na naranasan natin ang mortal na buhay na ito, dahil mahal ko ang buhay. Maraming bagay ang mali, ngunit napakaraming magagandang bagay sa buhay, at nagpapasalamat ako na tayo bilang mga espirituwal na nilalang ay nagkaroon ng pagkakataong pumarito sa lupa at magkaroon ng katawan at matutuhan ang mga bagay na tutulong sa atin patungo sa kawalang-hanggan.

Nakatutulong ang kasaysayan sa ating buhay dahil binibigyan tayo nito ng pagkakataong makita ang nakaraan. Kung minsan mahirap gunitain ang sarili nating buhay, ngunit dahil sa kasaysayan makikita natin ang buhay ng iba at matututuhan ang mga bagay na nagpala sa kanila. At matutulungan natin ang ating sarili na maiwasan ang mga pagkakamali sa paggawa ng mga bagay na nagpala sa ating mga ninuno. ■



**Ni Elder D. Todd Christofferson**

Ng Korum ng  
Labindalawang  
Apostol



# MATINDING

*Ang patotoo ay maaaring dumating sa sinumang pangkaraniwang tao, saanman siya naroon, dahil kilalang-kilala ng ating Ama sa Langit at ng Espiritu Santo ang bawat isa sa atin.*

## **Paghahanap ng Sagot sa Sagradong Kakahuyan**

**N**oong bata pa ako, nagkaroon ako ng pagkakataong makapunta sa Palmyra, New York, isang gabi ng tag-init. Naroon ako sa Sagradong Kakahuyan, nag-iisa. Lumuhod ako para manalangin, hinihiling sa Ama sa Langit na ipakita sa akin o bigyan ako ng pahiwatig na ang alam ko na noon pa man ay nangyari sa sagradong lugar na iyon. Taos-puso akong nagdasal, nang mahabang oras, nang may pagpipitagan. At hindi ako nakatanggap ng anumang sagot o pahiwatig mula sa Espiritu Santo. Walang dumating. Sa huli, sumuko na ako at malungkot na umalis, iniisip na, “Ano ang hindi ko nagawa nang tama? Bakit? Ano pa ang kailangang gawin?” Para sa akin wala nang mas mainam pang lugar para makatanggap ng sagot sa gayong panalangin.

Natutuhan ko sa karanasang iyon na hindi natin maaaring utusan ang Diyos. Hindi natin maaaring sabihing, “Kailangang sagutin Ninyo ako sa

ganitong paraan, ngayon din.” Nasa Kanya ang pagpapasiya kung paano at kailan Siya makikipag-usap sa atin at kung ano ang sasabihin Niya sa atin. Responsibilidad natin na palaging maging marapat upang makatanggap ng mga pahiwatig o bulong, ng paghahayag, at ng inspirasyon ng Espiritu. Subalit Siya ang nagpapasiya kung paano at kailan.

## **Natanggap ang Sagot sa Tahanan**

Ang hinahanap ko noon—na hindi dumating noon—ay talagang dumating sa akin makalipas ang lima o anim na linggo. Nagbabasa ako ng Aklat ni Mormon sa bahay noon. At kahit hindi ko hiniling, may nadama akong matinding impresyon, damdamin, at pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng Espiritu Santo na nagpatibay sa aking paniniwala at patotoo.

Napakalakas nito kaya’t napaiyak ako. Napakadalisay rin nito na hindi na kailangang sambitin pa. Hindi na kailangang mangusap pa ang Espiritu;

MGA PAGLALARAWAN NI DAN BURR



# PAHIWATIG NG ESPIRITU



maaari Siyang makipag-ugnayan nang Espiritu sa espiritu na may wikang hindi mapag-aalinlanganan dahil wala itong mga salita. Ito ay pakikipag-ugnayan ng dalisay na kaalaman at katalinuhan mula sa Espiritu, at nalaman ko na talagang pinakamainam itong paraan para magtamo ng kaalaman. Ito ay mas nakaaantig at panghabambuhay kaysa paghawak o pagkakita lamang sa isang bagay; maaari nating pag-alinlangan ang ating mga pisikal na pandamdang, ngunit hindi tayo maaaring mag-alinlangan kapag ang Banal na Espiritu na ang nangusap sa atin. Napakatiyak na patotoo ito. Kaya nga, ang pagtatatwa sa Espiritu Santo o sa patotoo mula sa Espiritu Santo ay kasalanang walang kapatawaran.

### **Damhin ang Pagmamahal at Pag-unawa ng Diyos**

Talagang natuwa ako na hindi ako sinagot ng Panginoon sa Sagradong Kakahuyan dahil baka maisip ko na kailangang magpunta ang isang tao sa Palmyra para makatanggap ng

patotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith. Alam ko na ngayon na maaari itong dumating sa kahit saang lugar. Hindi mo na kailangang magpunta sa Jerusalem upang makatanggap ng patotoo tungkol sa Panginoong Jesucristo. Ang patotoong iyan ay maaaring dumating sa sinumang pangkaraniwang tao, saanman siya naroon, dahil kilalang-kilala ng ating Ama sa Langit at ng Espiritu Santo ang bawat isa sa atin. Alam Nila kung nasaan tayo at kung paano tayo hahanapin. At hindi Nila kailangan ng visa. Sa katunayan, kilala Nila ang lahat ng tao sa buong mundo! Kilalang-kilala Nila.

Ipinapangako ko sa inyo, mga kabataan, na kung mananatili kayong tapat at magtatanong, ibibigay ng Panginoon ang gayon ding sagot, ang gayon ding patotoo, ang gayon ding pagpapatibay na ibinigay Niya sa akin, dahil alam kong mahal Niya kayong lahat tulad ng pagmamahal Niya sa akin o kay Pangulong Thomas S. Monson o sa sinuman sa Kanyang mga anak.

Ang pagmamahal ng Diyos ay para sa lahat, at ito ay walang hanggan. Alam niya kung paano makikipag-usap sa bawat tao. Alam Niya kung nasaan kayo at kung paano aantigin ang inyong puso at espiritu sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Huwag tumigil sa pagdarasal. Huwag tumigil sa pagtatanong. Huwag tumigil sa pagsunod sa mga kautusan. Darating ang panahon, kung hindi pa nangyari iyon, na matatanggap ninyo ang malakas na patotoong ito. At ito ay hindi lang minsan. Sa halip, sa awa ng Panginoon, darating ito nang paulit-ulit sa buong buhay ninyo.

### **Patuloy na Tumatanggap ng Patotoo**

Ganyan ang nangyari sa akin. Noong nagmisyon ako sa Tucumán, Argentina, may tinuturuan akong isang pamilya at nagpatotoo ako tungkol sa Unang Pangitain ni Propetang Joseph Smith. Hindi ito pina-niwalaan ng pamilya. Gayunpaman, nang magpatotoo ako, nakatanggap

ako ng isa pang pagpapatibay sa aking patotoo. Sinabi ng Espiritu, “Totoo ang sinabi mong patotoo.” Siya ay nagpapatotoo sa akin tungkol sa aking patotoo.

Sa buong buhay ninyo paulit-ulit kayong makatanggap ng katunayan na may Diyos, na Siya ang ating Ama sa Langit, na Siya ay buhay, na tinawag Niya si Propetang Joseph Smith upang maglingkod bilang Propeta ng Panunumbalik, na ang Kanyang Anak ay buhay, at ang Kanyang biyaya ay sapat para mailigtas tayo, malinis tayo, at mapatawad tayong lahat. Dumarating ang patotoong iyan nang paulit-ulit sa buong buhay natin.

Alam ko ang mga bagay na ito. Ako ay natatanging saksi ng mga ito. Alam kong buhay ang ating Panginoon, na Siya ay literal na nabuhay na muli, na Siya ang gumagabay at pinuno ng Simbahang ito na nagtataglay ng Kanyang pangalan, na ito ay sa Kanya, at kayo ay Kanyang mga tupa. ■

*Mula sa isang mensaheng ibinigay sa mga kabataan sa Salta, Argentina, noong Nobyembre 2011.*



# O KAYDAKILA NG PLANO NG ATING DIYOS!



*Noong panahong labis na namimighati at nalulungkot ang aking puso, ang kaalaman ko sa ebanghelyo ang nagbigay ng kumpiyansa sa akin na sumulong.*

## Ni Amarsanaa E.

Umaki ako sa isang lugar kung saan hindi gaanong kilala ang Simbahan—isang bayan na tinatawag ngayong Berkh, sa hilagang Mongolia. Ako ang pangalawa sa tatlong anak na lalaki, at sa paglaki namin, lagi kaming magkakasama. Nang pumunta ang kuya ko sa lungsod para mag-aral, labis akong nangulila sa kanya. Pagkalipas ng dalawang taon, umuwi siya sa bahay sa panahon ng tag-init para magbakasyon. Noong tag-init na iyon nagpunta ang aming pamilya sa mabatong kaburulan para mangaso sa loob ng tatlong buwan.

Isa ito sa pinakamagagandang bakasyon sa tag-init sa aking buhay.

Sinimulang ikuwento sa akin ng kapatid ko ang tungkol sa isang simbahan na inaniban niya na tinatawag na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Noong panahong iyon hindi ko gusto ang mga simbahang Kristiyano, kaya hindi ko gaanong pinansin ang mga ikinuwento niya sa akin.

Isang araw ng taglagas pagkauwi namin mula sa pangangaso nalaman namin na may ilang bisita kami mula sa lungsod. Sila ay mula sa Simbahang

ikinukuwento ng aking kapatid. Bumalik siya sa lungsod kasama nila nang gabing iyon. Kalaunan nalaman namin kung bakit siya umalis: nakatanggap siya ng tawag sa misyon. Hindi man lang niya sinabi sa amin na nagpadala siya ng application para magmisyon! Umalis kaagad ang kuya ko para magmisyon sa Estados Unidos ng Amerika.

## Naniwala sa Ebanghelyo

Nang sumunod na taon, nang makatapos ako ng hayskul, pumunta ako sa lungsod para mag-aral sa isang



## MAGING ANG PINAKAMAHIHIRAP NA PANAHON AY MA-AARING MAGING PAGPAPALA

“Kung may pananampalatayo kay Jesucristo, ang pinakamahirap at maging ang pinakamadaling mga panahon sa buhay ay maaaring maging pagpapala. Sa anumang sitwasyon, makapipili tayo ng tama sa patnubay ng Espiritu. Nasa atin ang ebanghelyo ni Jesucristo na huhubog at gagabay sa ating buhay kung gusto natin. At dahil sa mga propetang nagha-hayag sa atin ng ating lugar sa plano ng kaligtasan, makapamumuhay tayo nang may lubos na pag-asa at kapayapaan.”

**Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Mga Bundok na Aakyatin,” Liahona, Mayo 2012, 26.**

unibersidad. Ang pamilyang tinirhan ko ay mga miyembro pala ng Simbahan. Isang Linggo ng umaga inanyayahan nila akong magsimba kasama nila. Dahil marami akong narinig tungkol sa Simbahang ito, ipinasiya ko na susubukan kong magsimba kahit minsan lang.

Kalaunan, maraming beses na akong nagsisimba. Talagang nakadarama ako ng kapayapaan sa tuwing naroroon ako. Mababait ang mga tao roon, at palagi nila akong kinakamayan. Ang Simbahan ay kaiba sa inakala ko noon. Di nagtagal tinuruan na ako ng mga misyonero. Tinuruan ako ng mga misyonero nang halos dalawang taon.

Alam ko na gusto kong magpabinyag, ngunit kailangang ipagpaliban ang aking binyag dahil nahihirapan akong sundin ang Word of Wisdom. Mahirap para sa akin, pero kalaunan handa na akong magpabinyag. Mapalad ako na mabinyagan ng kuya ko, na kauwi lang mula sa kanyang misyon ilang buwan bago iyon. Kapag naaalala ko ang sandaling iyon ngayon, naiiyak ako kung minsan. Iyon ang pinakamasayang sandali sa buhay ko.

Matapos akong sumapi sa Simbahan, halos araw-araw nagkukuwento ang


kapatid ko tungkol sa gawaing misyonero. Lagi niya akong hinihikayat na magmisyon. Sa tulong niya, pinunan ko ang aking mission application. Hindi ko kailanman malilimutan na napakasaya naming magkapatid noon.

## Isang Nakakatakot na Karanasan

Isang gabi tinawagan ako ng kuya ko na pumunta at magkita kami pagkatapos ng kanyang trabaho. Gusto niya akong kausapin tungkol sa ilang bagay na may kinalaman sa aking misyon. Nagtakda kami ng oras na magkikita sa central square.

Sa panahong ito may nagaganap na parliamentary election sa Mongolia. Nang magkita kami sa central square, nagdaraos ng demonstrasyon ang mga mamamayan dahil sa halalan. Naroon ang mga pulis, pero naging marahas at nakakatakot ang demonstrasyon, at nagkaroon ng matinding kaguluhan. Isang malaking gusali at ilang kotse ang sinunog, at naghihiyawan ang mga tao. Nakakatakot iyon.

Nagkita kaming magkapatid malayo sa pinagdarausan ng demonstrasyon, pero nag-alala siya. Binigyan niya ako ng perang pamasaha sa taxi at sinabihang umuwi kaagad. Sinabi niya sa akin na makikita ko siya kinabukasan. Nagplano siyang bumalik



sa kanyang tahanan, na malapit sa pinagtatrabahuhan niya. Dumating ang taxi, at nagpaalam agad kami sa isa't isa bago ako umalis.

Di nagtagal nalaman ko na ipinasa-sara ng gobyerno ang lahat ng daan dahil sa kaguluhan. Dahil hindi ako nakauwi sa bahay, na nasa labas ng lungsod, ginugol ko ang gabing iyon sa pinagtatrabahuhan ko. Nakikita sa lahat ng dako ang mga sasakyan ng militar at mga armadong sundalo. Lalong lumala ang pag-aaway, at nang gabing iyon idineklara ang state of emergency. Tumagal ito nang apat na araw.

Nang matapos ang state of emergency, dumating ang bayaw ko para sunduin ako. Dumating kami sa kanyang tahanan at inabutang naghihin-tay ang lahat ng aming kamag-anak doon. Lahat sila ay umiiyak. Nalaman ko na nabaril ang kuya ko habang naglalakad siya pauwi.

Parang sasabog ang puso ko. Namatay ang kapatid ko sa edad na 24 dahil sa demonstrasyong iyon. Ang sumunod na mga araw matapos mamatay ang aking kapatid ay isa sa pinakamalalagim na pangyayari sa buhay ko.

Sa mahirap na panahong ito natanggap ko ang aking tawag sa misyon. Matapos ang aking pagbabalik-loob,

binyag, at paghahanda sa misyon kasama ang aking kapatid, naiwan akong mag-isa na binubuksan ang aking mission call. Sa gulat ko, tinawag akong maglingkod sa sarili kong bansa.

Dahil nag-iisa ako, lumuhod ako agad at nagdasal na nagpapasalamat sa aking Ama sa Langit. At ipinagdasal ko ang aking kapatid. Umiyak ako nang umiyak habang nagdarasal ako. Sa panahong ito, na labis ang sakit at lungkot sa puso ko, mas lalong pinatotohanan ng Espiritu sa akin ang plano ng kaligtasan, at lumakas ang pananampalataya ko.


### Isang Patotoo sa Kanyang Plano

Kahit hindi ko na kasama ang kuya ko sa pagbubukas ng aking mission call, lagi akong magpapasalamat sa kanya. Nagpapasalamat din ako na ibinigay ng Diyos ang plano ng kaligtasan sa atin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ito ang


pinakakahanga-hangang plano sa lahat. Kung susundin natin ang planong ito, madarama natin ang kapayapaan sa ating puso.

Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan: “O kaydakila ng plano ng ating Diyos! Sapagkat . . . ang paraiso ng Diyos ay tiyak na palalayain ang mga espiritu ng mabubuti, at ang libingan ay palalayain ang katawan ng mabubuti; at ang espiritu at katawan ay magsasamang muli sa sarili nito, at lahat ng tao ay magiging walang kabulukan, at walang kamatayan, at sila ay mga buhay na kaluluwa” (2 Nephi 9:13).

Alam ko na buhay ang kapatid ko sa daigdig ng mga espiritu. Ang kaalamang ito ay nagbibigay sa akin ng pagtitiwalang kailangan ko para pagbutihin ang aking misyon. Alam ko na makakasama ko siya sa mahihirap na sandali—at gayundin ang Panginoon. ■



*Kaliwa pakanan: Amarsanaa at kanyang mga kapatid, Dorjsuren at Amarsaikhan*





# Limang Paraan para Masunod ang Payo ng mga Lider ng Priesthood

*Ang Panginoon ay nangusap sa Kanyang mga disipulo at tinuruan ang mga tao sa Kanyang panahon. Patuloy Niya itong ginagawa ngayon.*

**B**agama't ang Tagapagligtas ay hindi natin pisikal na kasama, tumatawag Siya ng mga miyembro sa Kanyang Simbahan para akayin at gabayan tayo, at iniutos Niya sa atin na sundin ang kanilang payo kapag natanggap nila ito sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

## **Sino ang maaaring tumanggap ng paghahayag na para sa akin?**

Ang paghahayag ay maaaring dumating mismo sa iyo sa pamamagitan ng Espiritu, at maaari ding dumating sa pamamagitan ng mga lider ng priesthood na itinalaga para sa partikular na mga tungkulin para magabayang ang mga taong ipinagkatiwala sa kanila.

Ang propeta ang tumatanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan; ang inyong Area Presidency ang tumatanggap para sa inyong area; ang inyong stake president para sa inyong stake; at ang inyong bishop para sa inyong ward. Dumarating ang paghahayag sa mga taong ito sa kanilang mga tungkulin, ngunit lahat ng ito ay iisa ang pinagmumulan: Ama sa Langit.

## **Ano ang ibig sabihin ng sang-ayunan ang ating mga lider?**

Ang pagtataas ng ating kanang braso kapag sinasang-ayunan natin ang mga tao ay pisikal na

pagpapakita na nangangako tayong igagalang, respetuhin, at susupportahan sila sa hangarin nilang gampanang mabuti ang kanilang mga tungkulin. Ang pagsunod sa payo ng ating mga lider ay isang paraan ng pagsuporta sa kanila. May karunungan at pananaw ang mga lider, at ang kanilang tagubilin ay nilayong tulungan tayo na maipamuhay ang ebanghelyo. Sa pagsunod sa kanilang payo, mag-iibayo ang ating pananampalataya at lalakas ang ating patotoo.

Narito ang limang paraan para masunod ninyo ang payo ng inyong mga lider ng priesthood:

1. *Dumalo sa pangkalahatang kumperensya, sa kumperensya ng stake at ward.* Maaari kayong magdala ng papel at bolpen para maisulat ang mga puna. Habang nakikinig kayo sa inyong mga lider ng priesthood, isulat ang anumang impresyong nadama ninyo, ang mga bagay na dapat ninyong gawin, o mga pagbabagong dapat ninyong gawin sa inyong buhay. Tiyaking maitatala ninyo ang sasabihin nila sa inyo sa iba pang mga pulong sa Simbahan o sa interbyu.
2. *Manalangin na makatanggap ng patotoo tungkol sa payong ibinibigay nila.* Patototohanan

## **MASUSUPPORTAHAN NINYO ANG MGA LIDER SA INYONG LUGAR SA PAMAMAGITAN NG:**

- Pagtanggap sa tawag na maglingkod.
- Pagtulong kapag hinilingan.
- Paghahanda para sa mga aralin sa pamamagitan ng maagang pagbabasa ng mga ito.
- Pagdarasal para sa inyong mga lider.
- Pakikibahagi sa klase.



sa inyo ng Espiritu Santo na ang ibinigay na payo ay kalooban ng Ama sa Langit.

3. *Gumawa ng mga partikular na plano kung paano ninyo ipamumuhay ang payo sa inyo.* Halimbawa, pinayuhan ng mga propeta ang mga miyembro ng Simbahan na mag-aral. Ano ang inyong mga plano? Mag-aaral ba kayo sa kolehiyo o sa vocational school? Ano ang pag-aaralan ninyo? Kailan kayo mag-aaral? Ano ang ginagawa ninyong paghahanda ngayon para matanggap sa kursong gusto ninyo?
4. *Patuloy na magtamo ng kaalaman.* Alamin ang kasalukuyang mga payo ng mga lider ng Simbahan sa pamamagitan ng

pagbabasa ng mga materyal ng Simbahan. Magandang sanggunian ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Ang *Liahona* ay naglalaman ng mga salita ng mga propeta at apostol. Kung ang inyong ward o branch ay may newsletter, basahin ang anumang mensaheng ibinigay ng mga lider ng priesthood sa inyong lugar. Ang pinakamahalaga, pag-aralan ang sinabi ng mga lider sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya.

5. *Magsimula kaagad.* Kung minsan natutukso tayo na ipagpaliban ang pagsunod sa payo ng ating mga lider. Matapos kayong makagawa ng tiyak na plano para maisagawa ang payong inyan, kumilos kaagad. ■



## TINANGGAP KO ANG HAMON NG BISHOPRIC

**S**a pagtatapos ng school year noong ako ay grade seven, nadama kong parang may kulang sa akin. Nanalangin ako gabi-gabi at naging aktibo sa simbahan, ngunit hindi ito sapat. Naisip kong basahin ang Aklat ni Mormon at tiyakin kung talagang totoo ang Simbahan, ngunit lubhang takot akong gawin ang isang bagay na bago at hindi ako komportable para matiyak ito.

Hinamon ng bishopric kaming mga kabataan na regular na basahing mag-isa ang mga banal na kasulatan. Gusto kong gawin ito, pero parang wala akong oras para dito.

Pagkatapos nakadama ako ng matinding damdamin na kailangan kong basahin ang Aklat ni Mormon at alamin kung totoo ito. Parang hindi ako mapapanatag kapag hindi ko ginawa ito.

Sinimulan ko ang pagbabasa at nang halos nangangalahati na ako sa unang kabanata nadama kong napakalakas ng Espiritu, na noon ko lang nadama. Napakapayapa nito; gusto kong manatili ito sa akin magpakailanman.

Lubos akong nagpapasalamat sa aking mga lider na nabigyang-inspirasyon na hamunin kaming basahin ang Aklat ni Mormon. Palagi silang handang tumulong kapag may problema ako sa espirituwal. Alam kong totoo ang ebanghelyo, sapagkat pinagpala ako nito nang husto.

Camryn G., Utah, USA



## SUMALI SA USAPAN



**S**a buong buwan ng Hunyo, pag-aaralan ninyo ang tungkol sa priesthood sa inyong mga klase sa Young Women at Sunday School at priesthood quorum. Pag-isipan ang mga itatanong ninyo tungkol sa priesthood, kung paano ito nakaimpluwensya sa inyong buhay, at paano ninyo masusuportahan ang mga lider ng priesthood. Ibahagi ang inyong mga tanong sa inyong mga magulang o lider ng kabataan para matulungan nila kayo na mas maunawaan ang mga doktrina ng priesthood sa inyong mga aralin sa buwang ito. Maaari din ninyong isipin ang mga naranasan ninyo kung saan pinagpala ng priesthood ang inyong buhay. Isulat ang inyong damdamin, at pag-isipang ibahagi ito sa iba sa inyong tahanan, simbahan, o sa social media.



**Ni David L. Beck**  
Young Men  
General President

# PASASALAMAT

*Bawat isa sa atin ay magiging mas masaya kung tayo ay puno ng pasasalamat.*

**N**oong tag-init ng 2011, nagkaroon ako ng pribilehiyong makilala si Josh Larson sa Philmont Scout Ranch sa New Mexico, USA. Ilang buwan mula noon, tinulungan ni Josh ang kanyang ama sa paglilinis ng warehouse. Nang walang babala, ang kadenang ginagamit sa paglilipat ng isang 1,480 libra (670 kg) na beam ay biglang naputol, at bumagsak ang beam kay Josh, nadaganan siya mula sa kanyang leeg hanggang sa kanyang mga binti. Himalang naalis ng ama ni Josh ang beam sa katawan ng kanyang anak. Isinagawa niya ang CPR hanggang sa dumating ang emergency personnel para ibiyahen si Josh, na hindi pa rin humihinga, papunta sa ospital.

Kritikal ang lagay ni Josh sa loob

ng maraming araw. Labis na sinikap ng mga doktor na ayusin ang kanyang basag na bungo, sinuses, at iba pang matitinding pinsala. Pagkaraan ng maraming operasyon, maayos na ang lagay ni Josh. At simula na ng kanyang mahaba at matagal na pagpapagaling mula sa natamong pinsala.

Ngayon nararanasan pa rin Josh ang maraming epektong dulot ng kanyang aksidente. Napinsala ang kanyang isang mata, medyo nabingi ang isa niyang tainga, at may metal plate sa kanyang ulo. Subalit itinuring pa rin niyang isang pagpapala ito. Alam niya na utang niya ang kanyang buhay at pagpapagaling sa Ama sa Langit at sa suporta ng mga nakapaligid sa kanya. Puspos ng pasasalamat ang kanyang puso.

## **Pasasalamat sa Panahon ng Paghihirap**

Sa nakaraang kumperensya para sa kabataan, nagkuwento si Josh tungkol sa mga panalangin at pag-aayuno ng pamilya, mga kaibigan, kapitbahay, at mga lider ng ward at stake: “Nagpasalamat po ako sa mga pagpapala sa akin. Nasagot ang mga panalangin. Palagay ko po mas naging pagpapala ito kaysa pagsubok. Mahal ko kayong lahat.”

Si Josh ay halimbawa ng turo sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*: “Mamuhay nang may diwa ng pasasalamat at higit kayong liligaya at masisiyahan sa buhay. . . . Maging sa inyong matinding paghihirap, marami kayong dapat ipagpasalamat.”<sup>1</sup>



*Mahaba at matagal na pagpapagaling ang pinagdaraan ni Josh. Nararanasan pa rin niya ang maraming epektong dulot ng kanyang aksidente ngunit itinuturing niyang pagpapala ang aksidente kaysa pagsubok sa kanya.*





## MAHAHALAGANG KAALAMAN TUNGKOL SA PASASALAMAT

“Nais ng Panginoon na maging mapagpasalamat kayo sa lahat ng inyong ginagawa at sinasabi. . . .

“Sa inyong mga panalangin, pasalamatan nang taos-puso ang inyong Ama sa Langit sa mga pagpapalang natanggap ninyo. . . .

“ . . . Pasalamatan ninyo ang iba na naging pagpapala sa inyong buhay sa maraming paraan.”

*Para sa Lakas ng mga Kabataan (buklet, 2011), 18.*

Ang mga pagsubok, kahit kasing tindi ng naranasan ni Josh, ay magiging mga pagpapala dahil sa pasasalamat. Kailangan nating pagsikapang magpasalamat at magkaroon ng magandang pananaw sa buhay. Gayunpaman tunay tayong pinagpapala ng Panginoon, at ang Kanyang magiliw na awa ay hindi dapat binabalewala o hindi pinahahalagahan. Ipinaalala sa atin ng propetang si Moroni sa Aklat ni Mormon ang kahalagahan ng pasasalamat at hinihikayat tayo na “maalala kung paano naging maawain ang Panginoon sa mga anak ng tao, mula sa paglikha kay Adan, maging hanggang sa panahong inyong matanggap ang mga bagay na ito, at pagbulay-bulayin ang mga yaon sa inyong mga puso” (Moroni 10:3).

### Pagtulong ng Espiritu Santo

Sa abala nating buhay, maaaring madaling balewalain at kalimutan ang patnubay ng Ama sa Langit sa ating mga gawain sa araw-araw. Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na maalala na marami tayong dapat ipagpasalamat. Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Ang Espiritu

Santo ang tumutulong sa atin para makita natin ang nagawa ng Diyos para sa atin.” Hinikayat niya tayo na “humanap ng mga paraan para makilala at maalala ang kabaitan ng Diyos.”<sup>2</sup>

### **Ang damdaming mapagpasalamat ay nagbibigay sa atin ng inspirasyon na sundin ang Panginoon at mamuhay nang may paglilingkod.**

Kapag tinulutan natin ang Espiritu Santo na ipaalala sa atin ang kabaitan at pagmamahal sa atin ng Diyos, tayo ay mapupuspos ng pasasalamat. Ang damdaming ito ang maghihikayat sa atin na pasalamatan ang ating Ama sa Langit. Itinuro sa *Tapat sa Pananampalataya*: “Pasalamatan ang inyong Ama sa Langit sa Kanyang kabutihan sa inyo. Mapasalamatan ninyo ang Diyos sa pagkilala sa Kanyang kapangyarihan sa lahat ng bagay, na pinasalamatan Siya sa lahat ng ibinibigay Niya

sa inyo, pagsunod sa Kanyang mga utos, at paglilingkod sa iba. . . . Pagsikapang maging mapagpasalamat. Matutuklasan ninyo na maganda ang ibubunga nito.”<sup>3</sup>

Kapag natatanto natin ang mga pagpapala sa atin, lalakas ang ating patotoo. Kapag lalo pa nating nakikita ang kapangyarihan ng Panginoon sa ating buhay, mas napapalapit tayo sa Kanya. Ang isa sa pinakamaaiinam na paraan para mapakita natin ang ating pasasalamat sa ating Ama sa Langit ay sa pagpapasalamat sa Kanya at sa iba pa na nakaimpluwensya sa ating buhay sa maraming paraan.<sup>4</sup>

Ang pagpapasalamat na ito ay magbibigay sa atin ng inspirasyon na sundin ang Panginoon at mamuhay nang may paglilingkod—isang buhay na nagbibigay-inspirasyon sa mga nakapaligid sa atin at hahantong sa mabuting pagbabago. ■

#### MGA TALA

1. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 18.
2. Henry B. Eyring, “O Tandaan, Tandaan,” *Liahona*, Nob. 2007, 67–68.
3. *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* (2006), 192.
4. Tingnan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, 18.



# ISANG REGALO PARA KAY LOLA

Ni Kimberly Sabin Plumb

*Napakahalaga ng isang simpleng liham ng pasasalamat para sa lola ko.*

Noong bata pa ako, madalas magdaos ng pagtitipon ang aking lola para magkasama-sama kaming magpipinsan. Mga 14 kami, at lagi kaming nasasabik kapag inanyayahan kami ni Lola sa kainan, pagtulog sa kanila, paglalaro sa gabi, at tuwing pista-opisyal. Ang bahay ni Lola ang lugar na pinakamasayang puntahan!

Masaya ang lahat ng aktibidad sa bahay ni Lola. Pero hindi ko naisip noon ang lahat ng oras at pagod na ginugol sa bawat aktibidad. Ang akala ko ay ganoon lang talaga ang ginagawa ng mga lola, at gustung-gusto ko ito!

Matapos ang maraming taon ng masasayang alaala kasama ang mga pinsan sa bahay ni Lola, lumipat ang aming pamilya. Kalaunan ay pumunta ang lola ko sa aming bagong tahanan para makasama kami sa espesyal na okasyon. Pinag-isipang mabuti ng aking pamilya ang perpektong regalo para sa kanya. Mas marami siyang kagamitan kaysa sinumang kilala ko. Ano ang maibibigay namin sa lola na nasa kanya na ang lahat ng bagay?

Hiningi ko ang mga ideya ni Itay, at pareho pa rin ang sinasabi niya sa akin taun-taon: “Bakit hindi mo siya sulatan ng napakagandang liham?” Wala na akong maisip pa, kaya maagang-maaga pa lang, bago gumising ang lahat, naupo ako sa tabi ng mesa sa kusina at nakatapak ang aking mga paa sa malamig na baldosa at sumulat sa lola ko ng isang espesyal na liham.

Noong una inisip ko kung ano ang maaari kong isulat bukod sa, “Napakabait po ninyo. Salamat po sa lahat.” Nang tumingin ako sa labas ng bintana sa kusina sa mga puno ng palma at sa kalangitan, naisip ko ang maraming bagay na ginawa ni Lola para sa amin sa nakalipas na mga taon. Na-alala ko na hindi ko kailanman nasabi kay Lola kung gaano kahalaga sa akin ang mga panahong iyon na magkaka-sama kami bilang isang pamilya.

Sa liham ko, sinabi ko kay Lola na mahal ko siya, at pinasalamatan ko siya sa lahat ng magagandang alaala. Ipinalam ko sa kanya na napakahalaga pa rin sa akin niyon, kahit lumipas na ang maraming taon. Pagkatapos inilagay ko ang liham sa sobre, tinalian ito ng pulang ribon, at bumalik sa aking mainit, at may karpet na silid.

Nang oras na para ibigay ang mga regalo kay Lola, dahan-dahan kong kinuha ang liham ko. Hindi ko alam kung ano ang ibubunga ng regalo ko sa kanya.

Nagulat siya nang iabot ko sa kanya ang sobre. Minasdan ko ang maingat niyang pagpunit sa dulo ng sobre at kinuha roon ang liham na nasa makitid at kulay rosas na papel. Nang basahin niya ito, nagsimula siyang ngumiti at napuno ng luha ang kanyang mga mata. Noon ko lang nakitang umiyak si Lola. Unti-unti siyang tumingala at lumapit sa akin nang buong giliw na nababanaag sa kanyang brown na mga mata. Bumulong siya, “Salamat, salamat. Akala ko walang nakakaalala.”

Hindi inakala ni Lola, na maraming ginawa para mapatatag ang ugnayan ng pamilya, na naaalala ko o nagpapasalamat ako sa mga panahong iyon na magkakasama kami. Pinahiran niya ang kanyang mga mata at sinabi, “Kimberly, salamat. Ito ang pinakamagandang regalong maibibigay ninuman sa akin.”

Niyakap ko si Lola nang mahigpit, nadama ang kanyang malambot na balat sa aking pisngi at naamoy ang kanyang pabango na pinaghalong baby powder at musk. Nagpapasalamat ako sa ideya ng tatay ko na sulatan siya ng isang liham. Hindi ko alam na higit na mahalaga sa lola ko ang pasasalamat at pagmamahal kaysa lahat ng palamuti, pabango, at mga fruitcake na mabibili ng pera. ■

*Ang awtor ay nakatira sa California, USA.*



## IPAHAYAG ANG PAGMA- MAHAL SA SALITA AT SA GAWA

“Nang may pasasalamat sa ating

puso, nawa’y mapuspos ang ating mga araw—sa abot ng makakaya natin—ng mga bagay na napakahalaga. Nawa ay pahalagahan natin ang mga taong mahal natin at ipahayag ang ating pagmamahal sa kanila sa salita at sa gawa.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Pagkakaroon ng Kagalakan sa Paglalakbay,” *Liahona*, Nob. 2008, 87.

# Ang Masamang Pelikula

*Nang makita ni Evelyn ang pamagat ng pelikula, nagsimula siyang kabahan.*



**Ni Julia Woodbury**

Mga Magasin ng Simbahan

Batay sa tunay na buhay

*“Ang babasahin at panoorin ko ay mga bagay lamang na kalugud-lugod sa Ama sa Langit”*

(Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo).

“**M**ga bata, may sorpresa ako sa inyo,” sabi ni Gng. Taylor habang naglalakad papunta sa harapan ng silid.

Nakangiting tumingala si Evelyn matapos tingnan ang kanyang papel. May nakasulat na malaking “A+” sa itaas ninyon.

“Matataas ang marka ninyong lahat sa pagsusulit kaya bukas ay manonood tayo ng isang pelikula bilang gantimpala,” sabi ni Gng. Taylor, habang isinusulat sa pisara ang mga pamagat ng tatlong pelikula. “Narito ang mga opsiyon na maaari nating pagpilian,” sabi niya habang tuwang-tuwa ang lahat.

Napatayo si Evelyn sa kanyang kinauupuan, sa pagsisikap na makita ang mga pamagat. Ang unang

dalawang pelikula ay ilan sa mga paborito niya. Humilig siya sa kaibigan niyang si Katy. “Alin diyan ang pipiliin mo?”

“Siguradong ang pangatlo,” sabi ni Katy. “Hindi kami pinayagan ng mga magulang ko na panoorin ito sa bahay, kaya hindi ko pa ito napanood.”

Muling tumingin si Evelyn sa pisara at nakita niya ang pamagat ng ikatlong pelikula. Nagsimula siyang kabahan. Narinig na ni Evelyn ang tungkol sa pelikulang ito, at alam niya na hindi magiging maganda ang pakiramdam niya kapag pina-nood niya ito. Paano kung ito ang pinili ng mga kaklase niya?

“Sino ang may gusto ng unang pelikula?” tanong ni Gng. Taylor.

Nagtaas ng kamay si Evelyn at tumingin sa paligid. Kinakabahang napakagat-labi siya. Dalawa lang ang pumili.

Isinulat Gng. Taylor ang bilang ng mga nagtaas ng kamay sa pisara. “Sa ikalawang pelikula?”

Nalungkot si Evelyn. Tatlo lang ang nagtaas ng kamay.

“At sa ikatlong pelikula?”

Labinlima ang mabilis na nagtaas ng kamay. Nanlupaypay si Evelyn sa pagkakaupo, at parang sumama ang kanyang pakiramdam. Paano niya maiiwasang panoorin ang pelikulang iyon kung gustong panoorin iyon ng lahat?

Pag-uwi niya, dumiretso si Evelyn sa kanyang silid at hinayaang *bu-magsak nang malakas sa sahig ang*



“Upang tulungan ang iba, kailangan nating maging matatag sa diwa at gawa upang maglabanan ang kasamaang nakikita natin sa lahat ng dako.”

Pangulong Thomas S. Monson, “Tatlong Mithiing Gagabay sa Inyo,” *Liahona*, Nob. 2007, 119.

pakiramdam ni Evelyn sa panonood ng pelikulang iyon. Sa kabilang kamay dala niya ang tatlo sa kanyang paboritong pelikula. Iniabot ni Evelyn ang sulat kay Gng. Taylor at minasdan niya ito habang binabasa ang sulat.

“Salamat at ipinaalam mo sa akin ang nararamdaman mo,” sabi ni Gng. Taylor.

“Sabi po ni Inay OK lang na maupo ako sa ibang klase habang ipinalalabas ang pelikula,” sabi ni Evelyn. “Pero nagdala rin po ako ng ilang iba pang pelikula sakaling gusto ng lahat na isa na lang dito ang panoorin.”

Ngumiti si Gng. Taylor at kinuha ang dala niyang mga pelikula. “Hindi gantimpala ang panonood ng pelikula kung hindi naman masaya ang lahat dito,” sabi niya.

Isinulat ni Mrs. Taylor ang mga bagong pamagat sa pisara. “Mga bata, gusto kong pumili ulit kayo ng pelikulang panoorin ngayon. May ilang bagong opsiyon ako para sa inyo.”

Nagpunta at naupo si Evelyn sa kanyang upuan, masaya na hindi niya kailangang palampasin ang gantimpala sa klase. Ngunit ang pinakamagandang gantimpala sa lahat ay ang mabatid na inalis ng Ama sa Langit ang kanyang takot at binigyan siya ng lakas ng loob na gawin ang tama. ■

*kanyang backpack.* Masama ang pakiramdam niya buong maghapon. “Sana talagang magkasakit ako,” naisip niya. “Sa gayon ay hindi ko na kailangang pumasok sa eskuwela bukas.”

Inilabas ni Evelyn ang test paper niya mula sa kanyang backpack at tinitigan ito, habang hawak ito. “Dapat ay gantimpala ang panonood ng pelikula, hindi parusa!” naisip niya, at pagalit na nilukot ang papel at isiniksik ito sa ilalim ng kanyang kama. Napuno ng luha ang kanyang mga mata. Lumuhod siya sa tabi ng kama niya at nagsimulang umiyak. Pagkatapos ay sinimulan niyang magdasal. Nahirapan siyang sambitin ang ilang salita, na humihiling sa Ama sa Langit na alisin ang kanyang

problema, ngunit maya-maya ay nagbago ang kanyang panalangin. “Tulungan po ninyong gumanda ang pakiramdam ko. Ayaw kong manood ng pelikulang magpapasama ng pakiramdam ko, at sana’y maunawaan ako ng mga kaibigan ko at guro.”

Tinapos ni Evelyn ang kanyang panalangin. Naglaho na ang panginiginig at masamang pakiramdam. Hindi na rin siya takot.

Pagtindig niya, tumakbo si Evelyn palabas ng kanyang silid para hanapin si Inay. May naisip siya.

Kinabukasan, pumasok sa klase si Evelyn. Sa isang kamay ay hawak niya ang maikling sulat mula kay Inay na nagpapaliwanag kung paanong hindi magiging mabuti ang



**Ni Elder Quentin L. Cook**  
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*



Mahal ba ng  
Ama sa Langit  
ang mga  
miyembro ng  
Simbahan  
nang higit kaysa  
ibang mga tao?

**Mahal ng Diyos  
ang lahat ng  
Kanyang anak.**

**Nais Niyang  
bumalik silang  
lahat sa Kanya.**

**Dapat din  
nating mahalin  
at igalang ang  
lahat ng tao.**

**Maaari nating  
tulungan ang  
mga taong  
hindi pa alam  
na mahal sila  
ng Diyos.**

**Sa gayon ay  
magkakaroon  
sila ng malaking  
kagalakan!**





Ni Elder José L. Alonso  
Ng Pitumpu

# Matiyagang Panalangin

**L**umaki ako sa Mexico kasama ang aking mga kapatid, ina, at lola. Araw-araw matapos gumawa ng homework at mga gawaing-bahay, naglalaro ako ng football. Gustung-gusto ko ang football! Magkukunwari ako na ang kanan kong binti ang isang team at ang kaliwang binti ko naman ang kabilang team.

Isang araw habang naglalaro ako ng football, biglang nanikip ang paghinga ko. Nagpahinga ako nang ilang minuto, ngunit hirap pa rin akong huminga. Nagkasakit ako nang malubha kaya kinailangan kong magpunta sa ospital.

Marami pang ibang mga bata sa silid ng ospital, ngunit nangungulila ako sa pamilya ko at labis akong nalungkot. Kahit hindi pa ako miyembro ng Simbahan noon, naniniwala na ako sa Diyos. Araw-araw ipinagdasal ko na gumaling ako, ngunit sa halip ay lumala pa ako nang lumala. Akala ng mga doktor ay hindi na ako mabubuhay.

Sa wakas ay pinauwi na ako ng mga doktor mula sa ospital, pero naratay ako sa kama nang isang taon. Marami akong ininom na gamot at dalawang beses akong iniksyunan araw-araw. At may panalangin pa rin sa aking puso't isipan. Sinabi ko sa Ama sa Langit na kung gagaling ako, paglilingkuran ko Siya habang ako ay nabubuhay.

Pagkatapos isang araw habang nagbabasa ako sa higaan, hindi sinasadyang nailaglag ko ang aklat ko sa sahig. Nang dumukwang ako para pulutin ito, natanto ko na



normal na ang paghinga ko. Muli kong inilaglag ang aklat. Muli ko itong pinulot nang walang anumang problema!

Bumangon ako mula sa kama. Noong una ay nahilo ako dahil matagal na akong hindi nakalakad nang mag-isa. Tumingin ako sa salamin at nakita kong nakangiti ako. Nalaman ko na sinagot na ako ng Ama sa Langit.

Araw-araw mula noon, sinikap kong gumawa ng isang bagay bilang pasasalamat sa Ama sa Langit.

Nang lumaki ako, naging doktor ako para makatulong sa pagsagot sa mga dalangin ng ibang mga bata. At ngayon ay sinisikap kong maglingkod sa Ama sa Langit sa aking tungkulin sa Simbahan.

Ang sagot sa mga dalangin ay hindi laging dumarating nang madali, at hindi laging dumarating kaagad. Ngunit alam kong sinasagot ng Ama sa Langit ang ating mga panalangin. Alam niya ang ating mga pangangailangan, at alam Niya ang pinakamainam. ■

# Susundin Ko ang Plano ng Ama sa Langit sa Pamamagitan ng Pagpapabinyag at Pagpapakumpirma

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

**I**kinukuwento sa Aklat ni Mormon ang isang grupo ng mga tao na nagtipun-tipon sa kagubatang tinatawag na Mormon. Gusto nilang marinig si Alma na magturo tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo. Pagkatapos silang turuan ni Alma nang maraming araw, tinanong niya sila kung gusto nilang makipagtipan na maglingkod sa Diyos at sundin ang Kanyang mga utos. Sinabi niya sa kanila na kung sila ay mabibinyagan, ang Espiritu Santo ay lalagi sa kanila (tingnan sa Mosias 18:7–10).

Nang marinig nila ito, masayang-masaya ang mga tao kaya “ipinalakpak nila ang kanilang mga kamay sa kagalakan” (Mosias 18:11). Mga 200 katao ang nabinyagan ni Alma sa mga Tubig ng Mormon. Itinuring ng mga taong ito na magandang lugar ang kagubatan ng Mormon dahil doon sila natuto tungkol sa Tagapagligtas at nabinyagan (tingnan sa Mosias 18:30).

Tulad ng mga tao ni Alma, masaya nating inaasam o inaalaala ang ating binyag. Tulad ng mga taong iyon, kapag nabinyagan tayo, nakikipagtipan tayo sa Diyos. Nangangako tayong susundin ang Kanyang mga utos

at paglilingkuran Siya. Tinataglay natin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo at nagiging miyembro tayo ng Kanyang Simbahan. Kapag kinumpirma tayo, tinatanggap natin

ang napakagandang pangakong tinanggap ng mga tao ni Alma: na ang Espiritu Santo ay mapapasaatin tuwina, kung susundin natin ang mga utos ng Diyos. ■



## MAKINIG SA MARAHAN AT BANAYAD NA TINIG

Magpatulong sa isa sa mga magulang mo o isa pang adult na gupitin ang mga larawan sa pahinang ito at ilagay ang mga ito sa isang supot. Magpalitan sa pagpili ng mga larawang nasa supot. Hanapin ang pangungusap at banal na kasulatan na tugma sa bawat larawan at basahin ito nang malakas.



Ang Espiritu Santo ay tumutulong na madama natin ang pagmamahal ng Ama sa Langit at iba pang mabubuting damdamin tulad ng kagalakan, kahinahunan, at kabaitan. Madalas siyang magsalita sa ating puso't isipan sa pamamagitan ng marahan at banayad na tinig (tingnan sa Mga Taga Galacia 5:22–23).

### MAG-USAP TAYO

Hilingin sa isang taong nabinyagan at nakumpirma na ilarawan ang kanyang damdamin tungkol sa espesyal na araw na iyon. Kung kayo ay nabinyagan na, ibahagi sa iba ang nadama ninyo noong kayo ay nabinyagan at nakumpirma.

Binabalaan tayo ng Espiritu Santo kapag may panganib at ipinaalam sa atin kapag kailangan nating mag-ingat (tingnan sa D at T 9:9).



Ang Espiritu Santo ay isang guro. Tinuturuan Niya tayo tungkol kay Jesucristo at ipinaaalala ang lahat ng natutuhan natin sa ating mga magulang, guro, at mga banal na kasulatan (tingnan sa Juan 14:26).



Ginagabayan tayo ng Espiritu Santo at tinutulungan tayong makaunawa nang malinaw para makagawa ng mga desisyong maghahatid sa atin pabalik sa Ama sa Langit (tingnan sa 2 Nephi 32:5).



Ang Espiritu Santo kung minsan ay tinatawag na Mang-aaliw. Tulad ng malambot na kumot, tinutulungan Niya tayong makadama ng kaligtasan at kapayapaan (tingnan sa Juan 14:16, 27).



### BANAL NA KASULATAN AT AWITIN

- Mosias 18:8–11
- "Sa Aking Pagkabinyag" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 53)



# Isang Basbas para Mabinyagan



*Ang paglubog sa tubig ay laging nagpapakaba kay Trevor. Paano siya mabibinyagan?*

**Ni Kasey Eyre**

**U**mupo si Trevor sa sopa at nugalumbaba. Nakikipaglaro ang mga kapatid niyang lalaki kay Lolo. Gusto rin sana niyang magsaya, ngunit hindi niya mapigil na mag-alala tungkol sa kanyang binyag.

Umupo sa tabi niya si Inay at hinaplos-haplos ang kanyang ulo. “Ano’ng problema?” tanong nito. “Ayaw mo bang maglaro?”

Umiling si Trevor, na nakakunot-noo.

Minasdan siya sandali ni Inay, at saka siya niyakap. “Takot ka pa rin bang lumubog sa tubig?”

Tumango si Trevor.

Laging natatakot si Trevor tuwing maiisip niya na ilulubog siya sa tubig. Noong tatlong taong gulang siya, nahulog siya sa swimming pool. Hinding-hindi niya malilimutan kung gaano siya katakot habang

papalubog siya sa tubig, hanggang sa may humatak sa kanya. Kabado na siyang lumapit sa tubig simula noon.

“Bakit hindi po mawala ang takot ko?” tanong ni Trevor. “Nagdasal po tayo, at binisita pa natin ang bautismuhan. Wala ring nangyari!” Pagtinding niya mula sa sopa, tumakbo si Trevor papasok sa kanyang silid.

Matapos isara nang malakas ang pinto ng silid, humiga si Trevor sa kanyang kama. Hindi nagtagal nakarinig siya ng mahinang katok sa pinto.

Tumingin si Trevor nang umupo si Itay sa tabi niya. “Sabi ni Inay kinakabahan ka pa rin daw sa binyag mo,” sabi ni Itay.

Tumango si Trevor. “Dasal ako nang dasal, pero hindi po mawala ang takot ko.”

Sandaling nag-isip si Itay. “Kung minsan kapag ipinagdarasal natin ang isang bagay, hindi ito nangyayari kaagad. Maaaring takot ka ngayon, pero siguro gaganda ang pakiramdam mo bukas.”

Umiling si Trevor, pero naalala niya na kinabahan siya sa pagbubukas ng klase noong nakaraang taon. Binabasbasan siya noon ni Itay. Siguro makatutulong din sa kanya ang magpabasbas para mabinyagan. Tumingin siya kay Itay. “Palagay ba ninyo mababasbasan ninyo ako ni Lolo?”

Tumango si Itay. “Palagay ko magandang ideya iyan.”

Maya-maya pa, umupo si Trevor



sa isang silya sa sala. Ipinatong nina Itay at Lolo ang kanilang mga kamay sa kanyang ulo. Binabasbasan siya ni Itay, na sinasabing kung siya ay mananampalataya, matutulungan siya ng Ama sa Langit na mapanatag at mapayapa.

Kinabukasan habang nakaupo siya at nakasuot ng puting damit para sa kanyang binyag, kinakabahan pa rin si Trevor. Natuwa siya na nabasbasan siya, pero paano kung takot pa rin siya? Paano siya mabibinyagan?

Matapos marinig ang mensahe tungkol sa binyag, bumaling sa kanya si Itay. “Oras na para pumunta sa bautismuhan,” sabi niya. Tumango si Trevor at sinundan si Itay sa bautismuhan. Si Itay ang unang lumusong.

Pagkatapos si Trevor naman. Nag-atubili siya, pero naalala niya ang kanyang basbas. “Ama sa Langit, tulungan po ninyo akong sumampalataya,” pagdarasal niya sa sarili.

Dahan-dahan, inilusong ni Trevor ang isa niyang paa sa tubig. Masarap

iyon at mainit-init. Humakbang muli si Trevor.

Sa bawat hakbang, nadama niyang naglalaho ang kanyang pag-aalala at takot. Inalalayan siya ni Itay sa bisig at ngumiti ito. “Handa ka na?”

Nakadama ng kapanatagan at kapayapaan si Trevor. Ito ang pakiramdam na ipinangako ng Ama sa Langit na ibibigay sa kanya. Tumango siya. “Handa na po.”

Itinaas ni Itay ang kanyang kawang kamay at sinambit ang panalangingin sa binyag. Nang ilubog ni Itay si Trevor sa tubig, hindi siya natakot. Ang nadama lang niya ay ang panatag at payapang damdaming iyon na lalo pang tumitindi.

Nakangiti si Trevor nang umahon sa tubig. Alam niya na nakatulong ang kanyang pananampalataya na madaig ang kanyang takot para mabinyagan siya. Alam niyang lagi siyang tutulungan ng Ama sa Langit kapag sinikap niyang piliin ang tama. ■

*Ang autor ay nakatira sa Nevada, USA.*



“Kapag pinili nating sundin si Cristo dahil sa pananampalataya kaysa ibang landas dahil sa takot, pagpapalain tayo.”

**Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Mabuhay sa Pananampalataya at Hindi sa Takot,” *Liahona*, Nob. 2007, 73.**

# Hi! Ako si Enkhjin A.

mula sa Mongolia



*Wala akong anumang alagang hayop, pero gusto ko talaga ng tuta. Kung minsan ay pumupunta kami sa probinsya, kung saan ako nakakakita ng mga baka, tupa, kamelyo, kabayo, at kambing. Sa panahon ng taglamig, gusto kong gumawa ng mga snowman doon. Narito ako kasama ang aking kapatid at kaibigan sa Turtle Rock sa Terelj National Park.*


**A**no ang paborito nin-yong gawin kasama ang inyong pamilya? Si Enkhjin A., edad 8, mula sa Mongolia ay mahilig mamasyal kasama ang kanyang pamilya at mamitas ng mga ligaw na berry at strawberry.

*Masaya ako kapag magkaka-sama kaming magpapamilya. Nasisiyahan kaming magdaos ng family home evening at magsimba linggu-linggo. Binabasa rin namin ang Aklat ni Mormon at sama-sama kaming nananalangin araw-araw. Tumutulong ang mga bagay na ito para manatiling matatag ang pamilya ko.*





*Kasama ko sa bahay sina Inay, Itay, at ang dalawang kapatid kong lalaki sa Ulaanbaatar, ang kabisera ng Mongolia. Isang milyong katao ang naninirahan sa aming lungsod! Nakatira kami sa ika-12 palapag ng isang apartment.*



*Sa larawang ito, binabasaan ko ng kuwento ang aking kapatid. Gustung-gusto kong magbasa! Ako ay nasa ikatlong baitang. Gusto ko rin ang matematika at drowing. Isa sa mga kaklase ko ay hindi miyembro ng Simbahan, pero tinuruan ko siya tungkol sa Word of Wisdom at sinabihan siyang uminom ng gatas sa halip na kape o tsa. Tinuruan ko rin siyang manalangin sa Ama sa Langit, dahil hindi siya marunong. Inanyayahan ko rin siya sa family home evening sa bahay ko.*

### **MGA PAVORITO NI ENKHJIN:**

Mga pagkain—pizza at mashed potatoes  
 Banal na Kasulatan—1 Nephi 3:7  
 Mga awitin—“Doon sa Sabsaban,”  
 “Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon”




# Ang Pastol at ang Nawawalang Tupa

Ni Margo Mae, Utah, USA




Tinuruan ni Jesus ang mga tao sa pamamagitan ng pagkukuwento sa kanila. Isang araw ikinuwento Niya ang tungkol sa isang pastol na may 100 tupa. Ang pastol ay napakabuti at napakabait. Pinangalagaan niya ang kanyang mga tupa mula sa mababangis na hayop. Binantayan niya ang mga ito sa gabi.





Isang araw isa sa mga tupa ang nawala. Iniwan ng pastol ang kanyang 99 na tupa sa ligtas na lugar at hinanap ang nawawalang tupa. Naghanap siya sa matataas na kabundukan hanggang sa ilang.



Nang sa wakas ay matagpuan niya ang kanyang tupa, nagalak ang pastol. Pinasan niya sa kanyang mga balikat ang tupa at iniwi ito.



Tinipon ng pastol ang kanyang mga kaibigan at sinabi sa kanila kung paano niya natagpuan ang kanyang tupa. Magkakasama silang nagdiwang.

Si Jesucristo ay tulad ng pastol sa kuwento, at tayo ay tulad ng tupa. Binabantayan tayo ni Jesus at pinoprotektahan tayo mula sa panganib. Hindi Niya tayo tinatalikuran kapag nagkakamali tayo. At natutuwa Siya kapag nagsisisi tayo at bumabalik sa Kanyang ebanghelyo. Iyan ang dahilan kaya Siya tinatawag na Mabuting Pastol sa mga banal na kasulatan. ■

*Mula sa Mateo 18:12-14 at Lucas 15:3-7.*



**ITINURO NI JESUS ANG TALINGHAGA NG NAWAWALANG TUPA**

*"Aling tao sa inyo, na kung mayroong isang daang tupa, at mawala ang isa sa mga yaon, ay hindi iiwan ang siyam na pu't siyam sa ilang, at hahanapin ang nawala, hanggang sa ito'y kaniyang masumpungan?" (Lucas 15:4).*

# MGA BALITA SA SIMBAHAN

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Nasaksihan ng Simbahan ang Makasaysayang mga Pagbabago sa Panahon ng Paglilingkod ni Pangulong Monson

Sa nakalipas na limang taon ng pamumuno ni Pangulong Thomas S. Monson, nasaksihan ng Simbahan ang makasaysayang mga pagbabago na nakaapekto sa mga miyembro sa iba't ibang dako ng mundo. Ang napakalaking impluwensya ng ika-16 na Pangulo ng Simbahan ay makikita sa napakaraming iba't ibang mahalagang pabatid at pagpapatupad ng mga bagong patakaran, mula sa gawaing misyonero at pagsasanay sa pamumuno ng priesthood hanggang sa pagtatayo ng maraming templo.

Marami sa mga patakaran at mga pabatid na inihayag sa panahon ng administrasyon ni Pangulong Monson ay may epekto sa buong daigdig—gayunman, ang mga ito ay nilayon upang pagsilbihan at pangalagaan ang mga tao. Ang kanyang habambuhay na interes sa kapakanan ng bawat tao ay kitang-kita sa bawat makasaysayang sandali ng kanyang ministeryo bilang Pangulo ng Simbahan.

Narito ang ilang tampok na kaganapan mula sa unang kalahating dekada ng pamumuno ni Thomas S. Monson:

- Sa pagbabagong ginawa para maragdagan ang oportunidad ng mga kabataang miyembro ng Simbahan na makapagmisyon, ibinalita ni Pangulong Monson noong Oktubre 6, 2012, na maaari nang magsimulang maglingkod ang mga lalaki sa edad na 18 at

ang kababaihan sa edad na 19. Ibinalita niya ito sa pagbubukas ng sesyon ng Ika-182 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumpanya ng Simbahan at lumikha ng malaking pananabik sa gawaing misyonero. Mula nang ibalita ito, ang Missionary Department ng Simbahan ay tumatanggap ng napakaraming bilang ng mga application mula sa mga kabataang lalaki at babae na sabik maglingkod.

- Sa isang liham na nilagdaan din ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan—Pangulong Henry B. Eyring at Pangulong Dieter F. Uchtdorf—ibinalita ni Pangulong Monson ang implementasyon ng isang bagong kurikulum para sa mga kabataan sa 2013 na nilayon “upang patatagin at palakasin ang pananampalataya, pagbabalik-loob, at patotoo” sa mga kabataan ng Simbahan. Tinutulutan ng bagong kurikulum ang interactive teaching o pagtuturo kung saan lalo pang makikibahagi sa talakayan ang mga mag-aaral sa Aaronic Priesthood, Young Women, at sa mga klase ng kabataan sa Sunday School na isinunod sa huwaran ng pagtuturo ng Tagapagligtas noong Kanyang ministeryo dito sa lupa. Gumagamit ang mga lingguhang klase ng maraming online resources ng Simbahan sa makabagong panahong ito, na nagtutulot sa mga kabataan na lalo

pang makibahagi sa talakayan.

- Sa ilalim ng pamamahala ni Pangulong Monson at ng Unang Panguluhan, ang Simbahan ay patuloy na nagsasagawa ng mga pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno para tulungan ang mga lokal na priesthood at lider ng auxiliary at mga pamilya sa kaniyang pagsisikap na paglingkuran ang mga miyembro at mapalalim ang pagbabalik-loob. Ang pagsasanay ay nagtutulot sa mga lokal na lider at miyembro na tumanggap ng patnubay mula sa mga miyembro ng Unang Panguluhan, Korum ng Labindalawang Apostol, at iba pang mga General Authority at pangkalahatang mga lider ng auxiliary. Kabilang sa pandaigdigang pagsasanay ang mga tagubilin sa paggamit ng bagong administrative handbook (na ipinakilala noong 2010), training tungkol sa epektibong pangangasiwa sa mga ward council, at pagpapatatag ng pamilya at ng Simbahan sa pamamagitan ng priesthood.
- Noong 2010 nagsimula ang Unang Panguluhan sa pag-atas sa mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol na magdaos ng dalawang bagong uri ng pandaigdigang pulong—mga priesthood leadership conference at mga area review. Sa bawat priesthood leadership conference, ang mga stake presidency, bishop, at branch



**Nagsalita si Pangulong Thomas S. Monson sa media sa pagbabalita ng bagong Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw noong Lunes, Pebrero 4, 2008.**

president na sakop ng isang itinakdang lugar ng Simbahan ay pinagsasama-sama para sa training. Sa bawat area review nakikita ring mabuti ng mga lider kung ano ang nangyayari sa Simbahan sa isang partikular na lugar at pinagaaralan ang mga bagay na tulad ng humanitarian service, mga pangangailangan sa welfare, gawaing misyonero, at family history at gawain sa templo.

- Sa administrasyon ni Pangulong Monson, 31 bagong templo ang ibinalitang itatayo sa iba't ibang dako ng mundo. Labing-anim na ang inilaan at limang iba pa ang muling inilaan matapos ang malawakang renobasyon. Si Pangulong Monson mismo ang nangulo sa paglalaan ng templo sa Calgary, Alberta, Canada; Cebu City, Philippines; Curitiba, Brazil; Kyiv, Ukraine; Panama City, Panama; Vancouver, British Columbia, Canada; at Draper, Utah; Kansas

City, Missouri; Rexburg, Idaho; South Jordan, Utah; The Gila Valley, Arizona; at Twin Falls, Idaho, USA; at ang muling paglalaan ng mga templo sa Mexico City, Mexico; at Atlanta, Georgia; Boise, Idaho; at Laie, Hawaii, USA.

- Si Pangulong Monson din ang namuno sa panahon na higit na na-access ng mga tao ang mga online resources ng Simbahan, naghahatid ng mga salita ng mga propeta at mga programa ng Simbahan sa mga 14 na milyong miyembro sa iba't ibang panig ng mundo. Kabilang sa mga tampok online ang iba't ibang video na gawa ng Simbahan, kabilang na ang serye ng mga pelikula na nagpapakita sa mahahalagang sandali mula sa Bagong Tipan.
- Sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan, ginawa ng Simbahan ang bagong aklat na pinamagatang *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society*.

Ang aklat ay para sa personal at pampamilyang sanggunian upang mapalakas ang kababaihan sa kani-ang mga responsibilidad.

- Sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong Monson, ang Simbahan ay tumugon sa mga kalamidad sa iba't ibang panig ng mundo, pinupuntahan at tinutulungan ang mga nangangailangan. Kabilang sa ilang mga pangunahing tulong-pantao sa nakalipas na limang taon ay ang pagsisikap na tumulong pagkaraan ng lindol sa Haiti, lindol at tsunami sa Japan, at pagbaha sa Thailand. Tumugon din ang Simbahan sa matinding krisis sa pagkain sa eastern Africa, tumulong sa pagbabakuna ng mga bata sa maraming bansa, at naglaan ng malinis na tubig sa maraming liblib na nayon. Bukod pa rito, inilaan ng Simbahan ang bagong 570,391-talampakang-kuwadrado (53,000 metro kuwadrado) na welfare facility sa Salt Lake City, Utah, USA. ■

# Tinalakay ng mga Lider ng Simbahan ang “Pagpapadali sa Gawain”

Ni Sarah Jane Weaver

*Mga Balita sa Simbahan*

**S**a gitna ng mga pagbabago na nangangailangan ng mga tinedyer na mga Banal sa mga Huling Araw na magampanan ang mas malaking tungkulin sa paghahanda bilang missionary, sa family history at gawain sa templo, at pagtuturo tuwing Linggo, sinasabi ng mga lider na ang mga kabataan ng Simbahan ay “tinawag na kumilos” at hinilingan na “bumangon at magliwanag” (D at T 115:5).

Kitang-kita sa mga pagbabago ang isang bagay: “Ang Panginoon ay may isang bagay na gusto Niyang gawin,” sabi ni Elder Paul B. Pieper ng Pitumpu.

Si Elder Pieper, Executive Director ng Priesthood Department, ay nakibahagi kamakailan sa isang talakayan sa *Church News* tungkol sa mga pagbabagong makakaapekto sa mga kabataan sa maraming lugar. Nakibahagi rin sa talakayan sina Elder Allan F. Packer ng Pitumpu at Executive Director ng Family History Department, Elder William R. Walker ng Pitumpu at Executive Director ng Temple Department, Elder W. Craig Zwick ng Pitumpu at Assistant Executive Director ng Missionary Department, Elder Paul V. Johnson ng Pitumpu at Commissioner of Church Education; Elder Dennis C. Brimhall, Area Seventy at managing director ng Family History Department, at Linda K. Burton, Relief Society general president.

Sa pagtukoy sa pagbaba ng edad kung saan ang mga kabataang lalaki at kabataang babae ay maaari nang magmisyon, at sa isang liham ng Unang Panguluhan na humihiling sa kabataan na makibahagi sa pagsasaliksik ng family history at pagdadala ng mga pangalan ng pamilya sa templo, sinabi ni Elder Pieper na hindi niya nakita ang “kaugnayan ng tatlong pagbabago” bago sumapit ang kumperensya. “Naaalala kong nagpunta ako sa kumperensya . . . at itinatanong sa sarili ko, ‘Paano nagkaugnay-ugnay ang lahat ng ito?’ Malinaw na ito ay gawa ng Panginoon.”

Sinabi ni Elder Zwick na malinaw ang sinabi ng Panginoon: “Aking mamadaliin ang aking gawain sa panahon nito” (D at T 88:73). “Ang Panginoon mismo ang namumuno sa atin,” dagdag pa niya.

“Palagay ko ay walang henerasyon noon ng mga kabataan na inihanda para sa kurikulum na katulad [ng mga kabataan] ngayon. Palagay ko walang grupo ng mga kabataan noon na nakagawa ng gayon karaming pagbibinyag o iba pang mga ordenansa para sa mga patay. . . [o] naging ganon kalapit sa gawain sa templo at sa lahat ng aspetong iyan na tulad ng grupong ito. At tiyak ang lahat ng iyan . . . ay naghahanda sa kanila sa paglilingkod bilang missionary at nagtatatag ng matibay na pundasyon para sa karagdagang mga responsibilidad sa susunod na mga taon pagkapos ng kanilang misyon.”

Itong ay nakaaantig na mensahe na nagsasabing pinagkakatiwalaan ng Diyos ang Kanyang mga kabataan, sabi ni Elder Brimhall.

“Kapag may ginawang anumang bagay ang Panginoon, lahat ng bagay ay nalalagay sa ayos sa tamang panahon, at iyan ang nangyayari dito,” sabi ni Elder Johnson, na nagsabing hindi alam ng mga gumagawa ng kurikulum para sa kabataan na magkakaroon ng pagbabago sa edad ng pagmimisyon.

Nagsalita si Elder Walker tungkol sa liham ng Unang Panguluhan na humihikayat sa mga kabataan na tapusin ang kanilang family history at dalhin ang mga pangalang iyon sa templo. “Ang pagkakaroon ng mga kabataan ng sarili nilang temple recommend na limitado ang paggamit . . . ay talagang napakagandang bagay,” sabi niya. “Ang mga kabataan [ay] sabik sa paggawa ng gawain sa templo at nauunawaan ang doktrina. . . . Iyan ay talagang nakatulong upang espirituwal silang makapaghanda para sa lahat ng napakagandang bagay na ito na nakalaan para sa kanila.”



Sinabi ni Elder Packer na narinig niya kama-kailan ang isang dalagita na tumayo at nagbahagi ng kanyang patotoo tungkol sa gawain sa family history. “Talaga palang napakasayang gawin ito, higit pa sa kasiyahang sinabi ng matatanda na madarama natin,” sabi niya.

“Iyan ang Diwa ni Elijah,” sabi ni Elder Walker. “Iyan ang pagbaling ng mga puso ng mga anak sa mga ama at ng mga ama sa mga anak.”

Babaguhin ng gawain sa family history, sabi pa ni Elder Packer, ang paraan ng paggawa ng

***Sang-ayon ang mga lider ng Simbahan na minamadali na ng Panginoon ang Kanyang gawain at ang mga kabataan ng Simbahan ay tinawag upang kumilos.***

desisyon ng mga kabataan at ang pakiramdam nila tungkol sa mga hamon. Sinabi niya na maaaring isipin nila na, “Kung nagawa ito ni Lolo, magagawa ko rin ito.”

Sinabi niya na isang temple president ang nagku-wento na kapag tumatayong proxy ang mga kabataan sa pagbibinyag para sa kanino mang pangalan, umaahon sila sa tubig nang nakangiti, ngunit “kapag ginagawa nila ito para sa isang ninuno, may luha sila sa kanilang mga mata. May nadarama sila na mas malalim; may nadarama pa na mas matindi.”

Ang pagtulong sa mga kabataan na magkaroon ng pananaw ang siyang mithiin ng bagong kurikulum ng kabataan—kung saan ang mga learning resources o resources sa pag-aaral ay ipapalit sa mga manwal ng lesson, sabi ni Elder Pieper. Tutulutan ng kurikulum ang mga guro ng kabataan na malaman kung ano ang kailangan nilang gawin bawat Linggo upang maihanda ang mga kabataan para sa gawain sa templo at family history at gawaing misyonero.

“Ang bagong MTC ay ang tahanan,” sabi ni Elder Packer. “Ang bagong family history center ay ang tahanan. Tutulungan ng bagong kurikulum ang mga kabataan at mga magulang sa gawaing iyan.”

Ang mensahe sa mga magulang ay “ang mga lider ng Simbahan ay nagtitiwala sa inyo bilang mga magulang at nagtitiwala sa mga kabataang lalaki at kabataang babaeng ito na pinapalaki sa inyong mga tahanan,” sabi ni Elder Zwick.

Ang lahat ng pagbabago ay nagsusulong sa “Simbahan sa nararapat nitong kalagyan, kung saan ito ipinropesiya na makararating,” sabi ni Elder Johnson. “Alam ng Panginoon kung ano ang hinaharap, at . . . ito ay isa lamang sa maraming bagay na ginagawa Niya para maisulong ang kaharian, upang tulungan itong lumaganap sa mundo.”

Sinabi ni Elder Pieper, habang iniisip ang lahat ng nangyari sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre, na nakikita niya “ang propeta na may mga susi, na nagbubukas ng mga pintuan at nagsasabing, ‘Hayan na.’ Inaanyayahan namin kayo na lumapit at makibahagi sa gawaing ito. Ito ay panahon ng Panginoon. Alam nating lahat iyan. Nadarama nating lahat ito. Nadarama ito ng Simbahan. Talagang maisasagawa ito.” ■



# Pinayuhan ni Elder Christofferson ang mga Miyembro sa Central America

Ni Elder Don L. Searle

Nag-ambag sa *Church News*

Ang gawain ng Simbahan ngayon ay maghanda ng mga tao na magiging handang tanggapin at paglingkuran ang Panginoon sa pagparito Niya, sabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol sa mga miyembro ng Panama Arraiján Stake noong Enero 20, 2013.

Ito ang tema na ilang beses na binanggit ni Elder Christofferson sa paglalakbay sa Central America mula Enero 11 hanggang 20 habang nagsasalita sa pagtitipon ng mga kabataan,

***Binabati ni Elder D. Todd Christofferson ang isang dalagita pagkatapos ng isang miting sa Panama, noong Enero.***



mga young single adult, mga missionary, mga lokal na lider, at mga miyembro sa mga miting ng stake conference.

Si Elder Christofferson ay sinamahan ng kanyang asawang si Kathy Christofferson, at ni Elder Richard J. Maynes ng Panguluhan ng Pitumpu at ng kanyang asawang si Nancy Maynes. Nang una niyang punta-han ang Costa Rica, pagkatapos ang Guatemala, at sa huli ang Panama, si Elder Christofferson ay sinamahan sa iba't ibang lugar ng mga miyembro ng Area Presidency: Elder James B. Martino, Pangulo; Elder Carlos H. Amado, Unang Tagapayo; at Elder Kevin R. Duncan, Pangalawang Tagapayo.

Si Elder Maynes ay nagpunta rin sa Honduras at Belize para bisitahin ang mga lider at mga miyembro doon.

Si Elder Christofferson ay nagsalita sa daan-daang kabataan na nagtipon sa mga kumperensya para sa Lakas ng mga Kabataan sa Costa Rica at Panama; sa mga grupo ng mga missionary sa San José, Costa Rica; Guatemala City, at Panama City; sa malalaking grupo ng mga young single adult sa tatlong bansa; at sa pagtitipon ng mga lider ng priesthood at auxiliary.

Binisita rin niya ang mga pangulo ng Costa Rica at Guatemala para patatagin ang mahahalagang kaugnayan sa mga pamahalaang iyon.

Sa Costa Rica hinikayat ni Elder Christofferson ang mga kabataan at young adult na sundin ang mga utos, alalahanin na kilala at mahal sila ng Ama sa Langit, at basahin ang mga banal na kasulatan araw-araw at hangaring tanggapin ang lahat ng mai-bibigay sa kanila ng Espiritu habang nagbabasa sila.

Nagbigay siya ng isang malakas na patotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith at kay Jesucristo. “Binabasbasan ko kayo na matanggap ninyo ang patotoo ring ito na ipinapahayag ko,” sabi niya, at idinagdag na, “[Si Jesucristo] ay totoo at buhay. Sumasamo ako sa gabing ito na mapasainyo ang Kanyang mga pagpapala.”

Sa Guatemala, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pamilya.

“Sa pagbuo ng pamilya, nagagampanan natin ang ating pinakadakilang layunin sa mundo,” sabi niya.

Siya ay nangusap sa mga kabataan sa Panama at nagpatotoo, “Ang lider ng Simbahang ito ay ang ating Panginoong Jesucristo. Siya ay mapagmalasakit na lider at aktibo sa paggabay sa Kanyang Simbahan.”

Binigyang-diin sa priesthood leadership conference na huwag magtuon sa mga gawain at pagiging abala kundi sa mga ibinunga ng paglilingkod ng priesthood, lalo na ang conversion o pagbabalik-loob ng bawat tao.

Si Elder Maynes ay namuno din sa iba't ibang miting, pati sa mga miting ng young adult at mga missionary sa Belize at Honduras, at nagpayo at nagbigay ng espirituwal na patnubay sa daan-daang tao na nasa mga lupain ng Central America. ■

*Nag-ambag si Jason Swensen sa ulat na ito.*



### Paaralan ng Simbahan sa Mexico Magiging Bagong MTC

Noong Enero 29, ibinalita na ang paaralan na pag-aari ng Simbahan, ang Benemérito de las Américas sa Mexico City, Mexico, ay gagawing missionary training center.

Sina Elder Russell M. Nelson at Elder Jeffrey R. Holland, kapwa ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang namuno at nagsalita sa mga miting noong Enero 29 sa Benemérito campus kung saan ibinalita ang plano para sa gagawing MTC. Ang paaralan na gagawing MTC ay inaasahang mangyayari pagkatapos ng school year sa Benemérito sa Hunyo 2013. Sa mahigit apat na dekada, ang pasilidad ng Benemérito de las Américas ay ginamit bilang isang boarding school—kaya ang mga dormitoryo at iba pang kailangang imprastruktura para sa MTC ay naroon na.

Ang bagong MTC ay magbibigay ng training sa mga elder, sister, at mga mag-asawa na maglilingkod hindi lamang sa Mexico, kundi sa iba pang mga bansa sa North, Central at South America. Maging ang mga missionary mula sa Estados Unidos na tinawag na maglilingkod sa lugar na wikang Espanyol ang gamit sa kanilang sariling bansa ay maaaring bigyan ng training sa Mexico City. Ang MTC sa Provo, Utah, ay patuloy pa ring magbibigay ng training sa wikang Espanyol para sa maraming missionary.

### Umani ng Tagumpay ang Tabernacle Choir sa Kanilang Recording at sa Internet

Ang pinakahuling isyu ng year-in-review ng *Billboard* na magasin, ang publikasyon ng recording industry, ay nagtatampok sa year-end charts para sa 2012. Sa isa sa mga tsart na iyon, ang koro, kasama ang Orchestra at Temple Square, ay kinilala bilang Numero 1 sa Traditional Classical Albums Artist.



**Ang Mormon Tabernacle Choir at Orchestra at Temple Square ay nasa mataas na puwesto sa mga year-end chart sa Billboard na magasin at na-access nang mahigit tatlong milyon sa YouTube channel sa katapusan ng 2012.**

Sa kabuuan, ang koro at orkestra ay nakasama sa lima sa mga year-end list at dalawang beses sa albums list. Nakamit nito ang ika-3 at ika-9 na puwesto sa Traditional Classical Albums (para sa mga album na *Glory! Music of Rejoicing at This Is the Christ*); ika-4 sa Traditional Classical Albums Imprint; ika-5 sa Traditional Classical Albums Label; at ika-12 sa Classical Crossover Albums (para sa album na *Glad Christmas Tidings* na itinatampok si David Archuleta).

Bukod pa sa tagumpay nito sa recording industry, noong Enero 17 umabot sa mahigit sa isang milyon ang mga nanonood sa pagtatanghal ng koro sa YouTube channel na inilunsad wala pang tatlong buwan ang nakararaan, noong Oktubre 30, 2012. Ang channel ay tinatayang pinanood nang 3.23 milyong minuto ng mga manonood sa katapusan ng 2012. Para ma-access ang channel, magpunta sa [www.YouTube.com/user/MormonTabChoir](http://www.YouTube.com/user/MormonTabChoir).

### Napangalagaan ng Salita

Ang pakikinig sa mga nilalaman ng mga edisyon ng *Liahona* ay labis na nagpalakas sa aking espiritu. Ibinahagi ko ang audio download sa isang miyembro na may problema sa paningin, sa isa pa na propesyonal na drayber, at sa iba pang mga kaibigan na nahihirapan sa pagbabasa.

Ako ay kasalukuyang pumapasok sa post-graduate class 200 km (130 milya) ang layo mula sa aking tahanan, at sa pakikinig ko sa magasin ang biyahe sa bus ay mas mabilis at kasiya-siya. Nang marinig ko ang isyu ng pangkalahatang kumperensya pakiramdam ko ay nabuhay ako sa panahon ni Jacob, na “napangalagaan ng mabuting salita ng Diyos buong araw” (Jacob 6:7).

Francisco Flavio Dias Carneiro, Brazil

### Nagbibigay-Inspirasyon, Naghihikayat, at Nagpapalakas

Gustung-gusto ko ang *Liahona!* Binibigyang-inspirasyon ako nito at hinihikayat akong manatili sa tamang landas. Tinutulungan din ako nito sa tungkulin ko sa Young Men. Kapag nahihirapan ako at nalulungkot, bumabaling ako sa Aklat ni Mormon at sa *Liahona*. Pinapalakas nito ang aking patotoo na mahal at pinagmamalaskitan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ang bawat isa sa atin.

James Aaron S. Perez, Cebu, Pilipinas

## PANANAMPALATAYA NG MGA TAGA-ISLA

Ni Joshua J. Perkey

Mga Magasin ng Simbahan

Sa isang biyahe kamakailan mula Estados Unidos hanggang Marshall Islands at Tonga, humanga ako sa dalisay na pananampalataya ng mga taong nakilala ko. Karaniwan, sa tingin ko, ang kanilang pananampalataya ay hindi apektado ng pabagu-bagong pakahulugan ng lipunan sa Kanluran tungkol sa moralidad at katotohanan. Ang pananampalataya ng mga taga-isla ay malalim, ayon sa inilarawan ng dating mission president sa Tonga na si Elder John H. Groberg (ng Pitumpu, 1976–2005). Ito ay nakabatay sa Pagbabayad-sala at plano ng kaligtasan. Ang gayong pananampalataya ay hindi na nag-aalinlangan sa natutuhan sa pamamagitan ng Espiritu.

Sa ilang paraan, ang buhay sa Pacific Islands ay mas mabagal kaysa nakasanayan ko. Bagama't ang mga taga-isla ay may mga kotse at TV, sine at Internet, isports at ilan pang mga aktibidad, tila hindi gaanong malaki ang impluwensya ng mga ito hindi tulad sa maraming kultura, pati na sa Estados Unidos.

Mangyari pa, may sariling kinakaharap na mga hamon ang mga taga-isla. Tulad ko, kailangan nilang maghanap ng paraan para may makain at masilungan at mapangalagaan at maprotektahan din ang kanilang patotoo. Gayon pa man paulit-ulit kong nasaksihan ang pananampalataya ng mga taong hindi nanghina sa kabila ng mga hamon o nalihis dahil sa kaabalahan o mga panggagambala. Sa halip, batid nila ang impluwensya ng Panginoon sa kanilang buhay. Tulad ng ipinaliwanag ni Elder David S. Baxter ng Pitumpu (at dating Pacific Area President), “Naniniwala sila sa mga himala, umaasa silang maranasan ito, at nararanasan nila ito.”



*Tinatanggap ng mga taga-islang nakilala ko ang alam nilang totoo at hinahayaang maglaho ang mga pagdududa.*


Habang papauwi ako mula sa aking paglalakbay sa South Pacific, pinagnilayan ko ang ilang tanong: Bakit nananatiling matibay ang pananampalataya ng ilang tao, samantalang tinutulutan ng iba na magambala ang kanilang isipan ng mga pag-aalinlangan o pagdududa? Bakit tinutulutan ng ilan, matapos magkaroon ng patotoo, na manghina o madaling matinag ito? Kapag nasasaksihan ng ilan ang impluwensya ng Panginoon sa kanilang buhay, bakit sila nagugulat?

Marahil nakasalalay ang mga sagot sa kataagan ng puso ng isang tao sa harap ng altar ng Panginoon. Para sa mga taga-islang nakilala ko, hindi nila madalas gawin o ulitin ang desisyong ito. Dahil isinalig nila ang kanilang pananampalataya sa Bato ng kanilang Manunubos, ang matibay na saligan, marami ang hindi na nag-aalinlangan; ayaw nilang manghina ang kanilang patotoo. Tinatanggap nila ang alam nilang totoo at hinahayaang maglaho ang mga pagdududa.

Iyan ang katangiang nais kong gawing perpekto. Kapag may mga hamon sa aking mga paniniwala, gusto kong magawa ang ipinagawa ng Panginoon kay Oliver Cowdery: “Ipako mo ang isipan sa gabing ikaw ay nagsumamo sa akin sa iyong puso, upang iyong malaman ang hinggil sa katotohanan ng mga bagay na ito. Hindi nga ba’t ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan hinggil sa bagay na ito? Ano pang mas higit na katibayan ang iyong matatamo kundi ang mula sa Diyos?” (D at T 6:22–23). Ang gayong pag-alaala ay humahantong sa hindi natitinig na pananampalataya.

Ang ganitong uri ng pananampalataya ay dalisay at hindi nagagambala. Ito ay matapat at kasiya-siya. Ito ay nagsasabing: “Alam ko na ito. Hindi ko na kailangang pag-alinlanganan pa itong muli.”

Ang ganitong uri ng pananampalataya sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang plano ay nagtutulot sa Kanyang kapangyarihan na magiging aktibo sa ating buhay. Hindi ito sumusuko sa mga paninira sa ating mga paniniwala, sa kapaguran, o sa kawalang-katiyakan. Tinutulutan tayo nitong sabihin na, “Siya ay buhay!” At iyan, para sa akin, ay sapat na. ■



PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

## LORENZO SNOW

Si **Lorenzo Snow** ay naglakbay sa iba't ibang dako ng mundo upang ipalaganap ang ebanghelyo. Nang maglayag siya papuntang Hawaii, isang **bagyo** ang nagpataob sa kanyang bangka. Nagtiwala si Lorenzo sa Panginoon at naligtas sa pagkalunod. Habang nagsasalita sa **St. George Tabernacle** noong 1899, nabigyang-inspirasyon si Pangulong Lorenzo Snow na ituro ang kahalagahan ng pagbabayad ng buong ikapu. Nang dumami ang mga miyembrong nagbabayad ng **ikapu**, naging mas matatag ang pananalapi ng Simbahan. Nagbayad ng pera ang mga Banal kapag mayroon sila nito at ng mga bagay na tulad ng itlog, gatas, at baka kapag wala silang pera.



*“Ang pamilya ay sentro sa plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak,” ang isinulat ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.” Nakasaad sa pagpapahayag ang siyam na alituntunin sa pagpapatatag ng kasal at pamilya: “pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at kapaki-pakinabang na mga gawaing panlibangan.” Tingnan ang artikulo sa pahina 26 para sa iba pang mga ideya sa bawat isa sa siyam na alituntunin.*

